# MGA PRINSIPYO NG KOMUNIKASYON

shepherds
GLOBAL CLASSROOM

Binuo ang Shepherds Global Classroom para ihanda ang katawan ni Cristo sa pamamagitan ng pagbibigay ng kurikulum sa mga umuusbong na pinunong Kristiyano sa buong mundo. Layunin naming dumami ang mga programa ng pagsasanay kaya ipinagkatiwala namin ang kurikulum na mayroong 20-kurso sa kamay ng mga espirituwal na tagapagsanay ng bawat bansa sa buong mundo.

Ang aklat na ito ay maaaring i-download nang libre sa https://www.shepherdsglobal.org/downloads

Pangunahing Manunulat: Dr. Randall McElwain. Nilalaman: Dr. Danny McCain at Rev. R.G. Hutchison

Copyright © 2015 Shepherds Global Classroom
Isinalin sa Tagalog mula sa Unang Ingles na Edisyon.

Nakalaan ang lahat na karapatan.

May copyright ang mga third-party material na pagmamay-ari ng ibang tao at kanilang ibinabahagi sa ilalim ng iba't-ibang lisensiya.

Maliban kung inilathala, lahat ng Kasulatan ay hango sa Ang Bagong Ang Biblia.

**Pahayag tungkol sa pahintulot:**

Ang aklat na ito ay maaaring ilimbag at ipamahagi ng walang bayad maging sa digital na pormat o pisikal na aklat sa ilalim ng mga sumusunod na alituntunin: (1) Hindi maaaring baguhin ang nilalaman ng aklat sa anumang paraan; (2) Hindi maaaring ibenta ang mga kopya ng aklat para pagkakitaan; (3) Malaya ang mga institusyong pang-edukasyon na gamitin/kopyahin ang aklat na ito, kahit naniningil sila ng mga matrikula; at (4) Hindi maaaring isalin ang aklat na ito nang walang pahintulot at pangangasiwa ng Shepherds Global Classroom. .

# Mga Nilalaman

Mga Direksiyon Para Sa Mga Lider Ng Klase ........................................................... 5

(1) Isang Teolohiya ng Komunikasyon ..................................................................... 7

(2) Mga Prinsipyo ng Komunikasyon ......................................................................19

(3) Pasimula sa Pangangaral ..................................................................................35

(4) Ang mga Mekanika ng Pangangaral ....................................................................57

(5) Paghahanda ng mga Expositoryong Pangangaral ..................................................73

(6) Nakasulat na Komunikasyon..............................................................................95

(7) Pagtuturo ......................................................................................................107

(8) Mga Relasyong Pantao....................................................................................127

(9) Komunikasyon sa Magkaibang Kultura sa Biblia ...............................................139

(10) Pangangarala na Binasbasan ng Espiritu........................................................151

Form sa Pagtatasa sa Pagsasalita.........................................................................159

Form Para sa Pagtatala ng Takdang-leksyon .........................................................161

*Maliban sa Leksiyon 5 at 10, ang karamihan sa mga materyal sa kursong ito ay hinango sa nalalapit na aklat ni Dr. Danny McCain at ginamit sa mabuting pahintulot ng sumulat. Ang lahat ng karapatan sa pagpapalimbag ng hiniram na material ay nananatili sa sumulat.*

# Mga Direksiyon para sa mga Lider ng Klase

(1) Kung nag-aaral bilang isang grupo, maaari kayong magsalit-salit sa pagbasa na materyal. Pana-panahong tumigil para sa pagtatalakayan ng klase. Bilang tagapanguna sa klase, tungkulin mo na panatilihin at huwag lumayo sa materyal na pinag-aaralan ang inyong talakayan. Makatutulong na magkaroon ng limit sa oras ang bawat panahon ng pagtatalakayan.

(2) Kapag dumarating kayo sa simbolo ►, magtanong at hayaan ang mga mag-aaral upang talakayin ang sagot.

(3) Maraming talababa ang tumutukoy sa mga reperensiya sa Kasulatan. Mangyaring ipahanap sa mag-aaral ang mga talata at basahin iyon sa grupo.

(4) Bawat leksiyon ay mayroong kasamang takdang-aralin. Sa kaso ng presentasyon ng grupo, maglaan ng oras sa simula ng susunod na pagkikita ng klase para sa mga presentasyon.

(5) Karamihan sa mga aralin ay may kasamang mga tanong sa pagsusulit. Pagkatapos ng bawat klase, maaaring ulitin ng lider ang mga tanong sa mga mag-aaral ang mga tanong na ito. Ang susunod na sesyon sa klase ay dapat simulas sa isang maikling pagsusulit gamit ang mga tanong na ito. Maaari itong gawin nang pasalita o sa anyong nakasulat. Depende sa istilo ng iyong klase, maaari mong piliin na gawin ang mg takdang-aralin lamang, at hindi ang mga tanong sa pagsusulit. Maaari mong iakma ang bahaging ito ng kurso ayon sa istilo ng pagkatuto ng iyong mga mag-aaral.

(6) Sa katapusan ng ilang aralin, ang bawat miyembro ng klase ay maghahanda ng isang sermon o aralin sa Biblia na ipapakita sa kabuuan ng klase. Gamitin ang assessment form sa likod ng gabay sa kursong ito upang i-evaluate ang mga sermon at upang tulungan ang mga mag-aaral na maging mas mabuti ang kanilang kakayahang magsalita.

# Aralin 1
# Isang Teolohiya ng Komunikasyon

## Mga Layunin ng Aralin

Sa katapusan ng araling ito, ang mag-aaral ay dapat:
(1) Maunawaan ang kahalagahan ng komunikasyon sa Kaharian ng Diyos.
(2) Kilalanin ang mga paraan kung paano makipag-usap ang Diyos sa Trinidad, sa iba pang espirituwal na nilalang, at sa sangkatauhan.
(3) Pahalagahan ang iba't-ibang paraan kung paano makipag-usap si Hesus habang nasa lupa.
(4) Kilalanin ang kakayahang makipag-usap bilang bahagi ng imahen ng Diyos sa sangkatauhan.
(5) Igalang ang kapangyarihan ng dila ng tao upang matupad ang mabuti o masama.

## Pasimula

Ang komunikasyon ay ang paglilipat ng impormasyon mula sa isang tao patungo sa isa pa. Kabilang sa komunikasyon ang pangangaral, pagtuturo, isa sa isang komunikasyon, pagsusulat, drama, at iba pang paraan ng pagbabahagi ng impormasyon sa pagitan ng mga tao.

Para sa mga mangangaral at guro, talagang mahalaga ang komunikasyon. Kung ang isang mekaniko ay hindi makipag-usap nang mabuti, hindi tayo nag-aalala. Kung makapag-aayos siya ng sasakyan, tayo ay Masaya na. Ang isang mahusay na kusinero ay hindi kinakailangang maging isang mahusay na tagapagsalita. Kailangan lamang niyang malaman kung paano maghahanda ng masarap na pagkain. Ang isang magsasaka ay hindi kinakailangang maging mahusay sa pagsasalita kung nalalaman niya kung paano magtanim, magpalago at mag-ani ng mga pananim.

Gayunman, ang mangangaral o guro ay dapat may kakayahang makipag-usap. Ang pagkatawag upang mangaral o magturo ay isang tawag upang makipag-usap. Dahil dito, dapat higit ang kaalaman ng mga mangangaral at guro tungkol sa komunikasyon at pagsasalita sa harap ng publiko kaysa sa karamihan sa mga tao.

Ang tatlong pangunahing anyo ng komunikasyon para sa mga tagapangunang Kristiyano ay ang pangangaral, pagtuturo at pagsulat. Ito ang pangunahing pagtutuunan ng kursong ito.

Ang kakayahang makipag-usap ay hindi nangangahulugan na ang bawat guro o mangangaral ay dapat magkaroon ng kakayahan ng isang presidente o ng isang kilalang tagapagsalita. Maraming iba't-ibang paraan ng komunikasyon. May mga taong nagiging mahuhusay na tagapagsalita, kahit na hindi sila mga dakilang tagapagsalita sa publiko.

Ang layunin ng kursong ito ay maghanda ng mas mabubuting tagapasalita para sa paglilingkod sa kaharian ng Diyos.

Sa unang araling ito, makikita natin na ang komunikasyon ay mahalaga sa Kaharian ng Diyos.

## Ang Diyos ay Isang Komunikador

Ang Diyos ay isang personal na Diyos na nakikipag-usap sa iba. Di katulad ng mga hindi personal na mga diyos ng maraming relihiyon, ang Diyos ay isang komunikador. Nagpapakita ang Biblia ng komunikasyon sa pagitan ng Trinidad, komunikasyon sa mga anghel at maging kay Satanas, at komunikasyon sa mga tao.

### Nakikipag-usap ang Diyos sa ibang Persona ng Trinidad

Sa simula ng Biblia, mababasa natin,

"At sinabi ng Diyos, 'Magkaroon ng liwanag,' at nagkaroon ng liwanag…. Pagkatapos sinabi ng Diyos, 'Ating lalangin ang tao. Gagawin natin siyang kalarawan natin. At sila ang mamamahala sa lahat ng isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, at sa mga hayop, mailap man o maamo, at sa buong mundo at sa bawat bagay na gumagapang sa mundo.'"[1]

Sino ang kausap ng Diyos? Nakikipag-usap ang Diyos sa Diyos. Ang isang persona ng Trinidad ay nakikipag-usap sa iba pang persona ng Trinidad; "Ating lalangin…"

Noong mga araw ni Noe, nakipag-usap ang Diyos sa buong Trinidad.

"At pinagsisihan ng Panginoon na nilalang niya ang tao sa mundo, at ito'y nagdulot ng dalamhati sa kanyang puso. Kaya't sinabi ng Panginoon, 'Lilipulin ko ang lahat ng taong aking nilalang. Lilipulin ko rin ang lahat ng hayop at mga gumagapang na mga hayop at mga ibon sa himpapawid, dahil ikinalungkot ko na nilalang ko pa ang mga tao.'"

Hindi natin nalalaman kung paano nakipag-usap ang Trinidad sa isa't-isa, subalit bilang mga taong nangangatwiran, patuloy silang nakikipag-usap sa isa't-isa.

### Nakikipag-usap ang Panginoon sa mga Espirituwal na Nilalang

Ang aklat ng Job ay nagkukwento tungkol sa pag-uusap sa pagitan ng Diyos at ni Satanas.

"Dumating ang panahon na ang mga anak ng Diyos ay humarap sa Panginoon, at kasama si Satanas. Sinabi ng Panginoon kay Satanas, 'Ano ang gawain mo ngayon?' Sumagot si Satanas sa Panginoon at sinabi, 'Nagpaparoo't parito sa lahat ng sulok ng daigdig.'"[2]

---

[1] Gen. 1:3, 26.
[2] Job 1:6-7.

Wala tayong gaanong alam tungkol sa pag-uusap na ito, subali't alam natin na nakipagtalastasan ang Panginoon kay Satanas, na isang nilikhang espiritu.

Nang hatulan si David dahil sa pagsasagawa ng senso, nakipag-usap ang Diyos sa pamamagitan ng isang anghel. Ang anghel ang nagdala ng kahatulan sa pamamagitan ng lupain. Nang dumating ang anghel sa bukid ni Araunah, "inutusan ng Panginoon ang anghel, at ibinalik nito ang kanyang espada sa lalagyan nito."[3] Hindi ko alam kung paano nakikipag-usap ang Diyos sa mga anghel at iba pang espiritu, subali't tunay na nakikipag-usap Siya sa mga espiritung nilalang.

**Nakikipag-usap ang Diyos sa Tao**

"Nilalang nga ng Diyos ang tao sa kaniyang sariling larawan; lumalang sila ng isang lalaki at isang babae. At pinagpala Niya sila. At sinabi ng Diyos sa kanila, 'Humayo kayo at magpakarami, punuin ninyo ang buong daigdig, at magkaroon kayo ng pamamahala sa mga isda sa dagat at maging sa mga ibon sa himpapawid, at sa bawat nilalang na gumagapang sa mundo.' At sinabi ng Diyos, 'Bibigyan ko rin kayo ng lahat ng uri ng butil at mga bungang-kahoy na inyong makakain. At sa hayop na nasa daigdig at sa bawat ibon sa himpapawid at sa lahat ng gumagapang sa mundo, sa lahat ng may hininga, ibinigay ko ang bawat luntiang halaman para sa pagkain.' At gayun nga ang nangyari."[4]

Nang likhain ng Diyos ang mga tao, Nilikha Niya sila sa kanilang sariling imahe. Bahagi ng imaheng ito ang kakayahang makipag-usap. Nagsalita ang Diyos kina Adan at Eba. Binigyan niya sila ng dalawang kautusan. Una, sila ay dapat maging mabunga at magpakarami. Ikalawa kailangan nilang pangalagaan ang daigdig. Ang paraan upang matutuhan ng mga tao ang kanilang mga tungkulin ay sa pamamagitan ng komunikasyon.

Sa kabuuan ng Biblia nakikita natin ang Diyos na nagpapatuloy sa pakikipag-ugnayan sa mga to:

- Nakipag-ugnayan siya kina Adan at Eba sa pamamagitan ng paglakad at pakikipag-usap sa kanila sa gabi ng araw na iyon (Genesis 3:8).
- Nakipag-ugnayan siya kay Abraham sa pamamagitan ng pag-aanyong tao at kumain siya kasama nila (Genesis 18:7).
- Nakipag-ugnayan siya kay Joseph sa pamamagitan ng panaginip (Genesis 37:5).
- Nakipag-ugnayan siya kay Moses sa pamamagitan ng nagliliyab na mababang puno (Exodo 3:2).
- Nakipag-ugnayan siya kay Samuel sa pamamagitan ng isang pangitain (1 Samuel 3:4-15).

[3] 1 Cronica 21:27. Tingnan din ang Zacarias 1:13.
[4] Gen. 1:27-30.

- Nakipag-ugnayan siya kay David sa pamamagitan ng isang propeta (2 Samuel 12:1).
- Nakipag-ugnayan siya kay Jose sa pamamagitan ng isang panaginip (Mateo 1:20; 2:12, 13, 19, 22).
- Nakipag-ugnayan siya kay Hesus sa pamamagitan ng isang tinig mula sa langit. (Mateo 3:17).
- Nakipag-ugnayan siya kay Pedro sa pamamagitan ng isang pangitain (Gawa 10:10-15).
- Nakipag-ugnayan siya kay Pablo sa pamamagitan ng mga pangitain (2 Corinto 12:1).
- Nakikipag-ugnayan siya sa atin sa ngayon sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu (Roma 8:16).

## Si Hesus Ay Isang Komunikador

### Si Hesus Ang Salita

Inilarawan ni Juan ang hindi pa nagkakatawang-taong si Hesus.

"Sa simula ay ang Salita, at ang Salita ay nasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. Kasama siya sa simula ng Diyos… At ang Salita ay nagkatawang tao at namuhay kasama natin, at nakita natin ang kanyang kaluwalhatian, kaluwalhatian ng nag-iisang Anak mula sa Ama, puspos ng pag-ibig at katapatan."[5]

Mula sa lahat ng salitang naglalarawan na maaaring piliin ni Juan, pinili niya ang konsepto ng "Salita." Ang salita ang pinakamaliit na yunit ng komunikasyon at ang batayan ng lahat ng komunikasyon. Kung walang mga salita, kaunti lamang ang komunikasyon. Kahit na nakikipag-ugnayan tayo nang walang mga salita, ang mga simbolong ginagamit natin ay kumakatawan sa mga salita. Ang katotohanan na si Hesus ay inilarawan bilang "ang Salita" ay nagpapahiwatig na nang dumating si Hesus sa mundong ito mayroon Siyang mensahe na kailangang ipaalam. Ang mga ginawa ni Hesus ay nakadisenyo upang patotohanan ang Kanyang mga salita.

### Gumugol si Hesus ng Maraming Oras sa Pakikipag-usap

Halos kalahati ng mga ebanghelyo ay binubuo ng mga salita ni Hesus. Mahigit sa 500 beses, ipinakikita ng mga ebanghelyo na si Hesus ay nagsasalita, nagtatanong, at sumasagot sa mga tanong ng mga tao. Sa ibang pagkakataon, nakikita natin Siya na nakikinig sa pagsasalita ng ibang tao. Pansinin ang ilan sa mga pakikipag-usap ni Hesus:

- Nakipag-usap siya sa kanyang mga kaibigan.

[5] Juan 1:1, 2, 14.

- Nakipag-usap Siya sa kanyang pamilya.
- Nakipag-usap siya sa kaniyang mga tagasunod.
- Nakipag-usap siya sa babae sa may balon.
- Nakipag-usap siya sa magnanakaw sa krus.
- Nakipag-usap siya sa mga tao sa sinagoga.
- Nakipag-usap siya sa babaeng nahuling nangangalunya.
- Nakipag-usap siya sa may sakit at mga may kapansanan.
- Nakipag-usap siya kay Pilato, kay Herodes at sa ibang nagsasakdal sa kanya.
- Nakipag-usap siya sa malalaking grupo ng mga tao, kabilang ang 5,000 na katao sa iisang pagkakataon.
- Nakipag-usap siya sa mga Pariseo, mga Saduseo at iba pang grupo.

Pansinin ang ilan sa mga paraan ng pakikipagkomunikasyon ni Hesus:

- Siya’y umawit.
- Siya’y nagtuturo.
- Siya’y nagpuri.
- Siya’y sumaway.
- Siya’y nangaral.
- Siya’y nagpayo.
- Siya’y nagkuwento.
- Nagbigay Siya ng mga panayam.
- Nagbigay Siya ng mga kawikaan.
- Siya ay nagtanong.
- Siya ay nagbigay ng mga pagkilala.
- Sumagot Siya sa mga tanong.
- Gumamit Siya ng mga aralin.
- Bumigkas Siya ng mga talata mula sa Lumang Tipan.
- Siya’y nanalangin sa publiko at maging sa pribado.
- Nagsugo siya ng mga mag-aaral sa pagsasanay sa pagmimisyon.

Dagdag pa sa pasalitang pakikipag-usap, gumamit din si Hesus ng dramatikong komunikasyon. Marami sa mga kilos ni Hesus ay nakatuon sa pagkokomunikasyon. Minsan siya’y yumuko upang sumulat sa lupa. Hindi natin nalalaman kung ano ang Kanyang isinulat, subali’t ang kanyang kilos ng pagsulat ay nagpahatid ng isang mensahe.

Nang itaboy ni Hesus ang mga nagpapalit ng pera at mga mangangalakal mula sa Templo, nagpapahayag siya ng kalungkutan sa kanilang mga ginagawa. Sa ibang pagkakataon, isinumpa ni Hesus ang isang puno ng igos. Ang layunin ng pagsumpa sa puno ng igos ay hindi ang paghatol sa puno ng igos mismo, subali’t isang paraan upang ipahayag ang isang mensahe sa Kanyang mga alagad.

Ang bawat isa sa mga himala ni Hesus ay nakadisenyo upang magturo ng isang bagay. Bahagi ng disenyong ito ay upang patotoohanan ang mensahe ni Hesus. Ang isang

ordinaryong tao ay hindi makagagawa ng mga bagay na ginawa ni Hesus. Ang katotohanan na kaya Niyang gawin ang mga iyon ay nangangahulugan na Siya'y hindi isang ordinaryong tao lamang.

Ang tungkulin ng komunikasyon sa ministeryo ni Hesus, na lubos at tunay na Diyos, ay nagpapakita ng kahalagahan ng komunikasyon. Kung walang komunikasyon, hindi natin makakayang gawin kung ano tayo idinesenyo at pagkatawag sa atin upang ating gawin. Ang komunikasyon ay nasa puso ng kung ano tayo; napakahalaga ng komunikasyon sa mga layunin na ibinigay ng Diyos sa atin sa buhay na ito.

## Binigyan ng Diyos ang mga Tao ng Kakayahang Magkipag-usap

### Ang Komunikasyon ay Bahagi ng Imahen ng Diyos sa mga Tao

Nang likhain ng Diyos ang tao, sinabi Niya, "Likhain natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis."[6] Hindi natin nauunawaan ang lahat ng aspeto ng imahen ng Diyos sa sangkatauhan, subalit bahagi ng imaheng ito ay tila ang kakayahang makipag-usap.

Ang mga bagay na walang buhay ay walang kakayahang makipag-usap. Ang umiihip na hangin at ang umaagos na ilog ay lumilikha ng tunog, subali't ang mga tunog ay hindi nangangahulugan ng komunikasyon. Ang komunikasyon ay nangangailangan ng talino, at ang mga bagay na walang buhay ay wala ring katalinuhan.

Ang mga hayop ay may limitadong kakayahan upang magkomunikasyon. Maaari nilang bigyang babala ang isa't-isa kung may panganib. Maaari nilang ipabatid kung mayroong pagkain. Gayunman wala silang kakayahang  magbigay ng detalyadong komunikasyon katulad ng mga tao.

Ang komunikasyon ay mahalagang bahagi ng ating pagiging tao. Ginagawa natin ang ating pang-araw-araw na gawain sa pamamagitan ng komunikasyon. Isinasalin natin ang karunungan ng isang henerasyon sa susunod na henerasyon sa pamamagitan ng komunikasiyon.

Itinutuwid natin ang iba sa pamamagitan ng komunikasyon. Itinuwid ni Natan si David gamit ang isang kuwento. Itinuwid ni Pablo ang mga taga-Galacia gamit ang isang liham. Pinahahalagahan natin ang iba sa pamamagitan ng komunikasyon. Karaniwang nagsisimula ang liham ni Pablo sa isang pagbati at pagpapahalaga. Mahalaga ang komunikasyon sa sangkatauhan.

### Nagbabala ang Diyos Laban sa Pag-abuso sa Komunikasyon

Binibigyang babala tayo ng Diyos na hindi natin dapat abusuhin ang ating kakayahang magkomunikasyon. Hindi maaaring lumikha ang diyablo; maaari lamang niyang baluktutin kung ano ang nilikha na ng Diyos. Tulad ng ibang aspeto ng imahen ng Diyos, ang kakayahang magkomunikasyon ay maaaring maabuso. Sinisikap ni Satanas na baluktutin

[6] Gen. 1:26.

ang ating kakayahang makipag-usap. Ang pagsisinungaling, pagtitsismis at paninirang-puri ay mga anyo ng pagbaluktot sa komunikasyon.

(1) Hindi tayo dapat magsinungaling.

- "Dahil dito, itakwil na natin ang pagsisinungaling, at tayong lahat ay magsabi ng totoo sa isa't-isa sapagka't tayo'y bahagi ng iisang katawan."[7]
- "Huwag kayong magsinungaling sa isa't-isa sapagkat hinubad na ninyo ang dati ninyong pagkatao pati ang mga gawa nito."[8]
- "Salitang mahalay at pagsisinungaling ay dapat iwasan at huwag banggitin."[9]
- "Kaya't alisin na ninyo ang lahat ng kasamaan at lahat ng pandaraya, pagkukunwari, pagkainggit at paninirang-puri."[10]

(2) Hindi tayo dapat manirang-puri ng ibang tao.

- "Huwag mong ipangalan ang paninirang puri sa iyong kababayan…"[11]
- "Mga kapatid, huwag kayong magsiraan sa isa't-isa. Ang naninira o humahatol sa kanyang kapatid ay naninira laban sa kautusan at humahatol sa kautusan."[12]

(3) Hindi natin dapat lapastanganin ang Diyos.

- "Hindi ninyo dapat revile/sumpain ang Diyos, o sumpain ang sinumang tagapanguna sa inyong bayan."[13]
- "Samakatuwid, sinasabi ko sa inyo, ang bawat kasalanan at paglapastangan ay patatawarin sa mga tao, subalit hindi mapapatawad ang paglapastangan laban sa Espiritu."[14]

(4) Hindi natin dapat sumpain o abusuhin ang iba.

- "Pagpalain mo ang mga umuusig sa iyo; pagpalain sila at huwag silang sumpain."[15]
- "Narinig ninyo ang sinabi noong una, 'Huwag kang papatay; at sinumang papatay ay mananagot sa hukuman.' Subali't sinasabi ko sa inyo na ang bawa't isang namumuhi sa kanyang kapatid ay mananagot sa hukuman; ang sinumang manlait

[7] Efeso 4:25.
[8] Col. 3:9.
[9] Awit 34:13.
[10] 1 Pedro 2:1.
[11] Lev. 19:16.
[12] Santiago 4:11.
[13] Exo. 22:28.
[14] Mateo 12:31.
[15] Roma 12:14.

> sa kanyang kapatid ay mananagot sa konseho; at ang sinumang nagsasabi, 'Ikaw ay hangal!' ay mananagot sa lawa ng apoy, ang impiyerno."[16]

**Pinakamahalaga, Pinaka-mapanganib**

Isang matandang alamat ang nagkukuwento tungkol sa isang hari na nagsugo ng kanyang alipin upang hanapin ang pinakamahalagang bagay sa kaharian. Pagkatapos ng ilang linggong paghahanap, bumalik ang alipin at sinabi sa hari, "Ang Kanyang Kamahalan, ang pinakamahalagang bagay sa inyong kaharian ay ang dila. Gamit ang dila, maaaring kumbinsihin ng isang taong matalino ang ibang tao upang kumilos nang may katalinuhan; magagawa ng isang taong matuwid na kumbinsihin ang iba na gawin kung ano ang dapat gawin. Ang dila ang pinakamahalagang bagay sa inyong kaharian."

Pagkatapos, muling sinugo ng hari ang kanyang alipin upang hanapin ang pinakamapanganib na bagay sa buong kaharian, upang kanilang maiwaksi ito. Ilang linggo ang lumipas, bumalik ang alipin at sinabi, "Ang Kanyang Kamahalan, ang pinakamapanganib na bagay sa inyong kaharian ay ang dila. Gamit ang dila, makukumbinsi ng isang hangal ang mga taong nakapaligid sa kanya upang kumilos nang may kahangalan. Gamit ang dila, ang isang taong masama ay makakakumbinsi sa iba na gumawa ng masama. Ang dila ang pinakamapanganib na bagay sa inyong kaharian."

► Basahin ang Awit 15. Mula sa awit na ito, isulat ang mga maling paraan na tayo ay nagkokomunikasyon.

► Basahin ang Santiago 3:1-12. Talakayin ang kapangyarihan ng dila kapwa sa mabuti at sa masamang paraan.

**Magagamit Para sa Kabutihan ang Komunikasyon**

Sinasabi ni Santiago na ang bawat mabuti at perpektong kaloob ay nagmumula sa Diyos.[17]

Ang komunikasyon ay isa sa mga kaloob ng Diyos sa atin. Maraming kamangha-manghang mga bagay ang magagawa natin sa kaloob na ito:

- Maaari tayong manalangin.
- Maaari nating purihin ang Diyos.
- Maaari nating sambahin ang Diyos.
- Maaari nating bigyang aliwin ang iba.
- Maaari nating palakasin ang loob ng iba.
- Maaaring nating ituro ang katotohanan sa iba.
- Maaari nating ituwid ang mga naliligaw ng landas.

---

[16] Mateo 5:21-22.
[17] Santiago 1:17.

Pinili ng Diyos na gamitin ang komunikasyon ng mga tao upang palawakin ang Kanyang kaharian.

"At dumating si Hesus at sinabi sa kanila, 'Ang lahat ng awtoridad sa langit at sa lupa ay ipinagkaloob na sa akin. Humayo kayo at gawing alagad ko ang lahat ng bansa, bautismuhan sila sa ngalan ng Ama, at ng Anak at ng Banal na Espiritu, turuan silang sumunod sa lahat ng iniuutos ko sa inyo. At masdan ninyo, Ako'y kasama ninyo hanggang sa dulo ng panahon.'"[18]

Binigyan ni Pablo ang batang si Timoteo ng payo sa paggamit ng komunikasyon para sa mabuti.

- "At ang narinig mo sa akin sa presensiya ng maraming saksi, ipagkatiwala mo sa matatapat na lalaking maaaring makapagturo rin nito sa iba."[19]
- "At ang lingkod ng Panginoon ay hindi dapat palaaway kundi mabait sa bawat isa, makapagtuturo at matiyagang nagtitiis sa masamal."[20]

**Tayo ay Mananagot Para sa Ating Komunikasyon**

***Tayo ay may pananagutan sa pakikipagkomunikasyon sa Diyos.***

Nilikha ng Diyos ang mga tao na may kakayahang makipagkomunikasyon sa Kanya. Tumutukoy ang Kasulatan sa maraming paraan kung paano tayo nakikipagkomunikasyon sa Diyos sa positibong paraan:

- Makipag-usap sa Diyos (Genesis 17:18; Exodo 3:11; Bilang 22:10; Mga Hukom 6:36).
- Manalangin sa Diyos (Genesis 20:17; Lucas 6:12; Mga Gawa 4:24; Roma 15:30).
- Umiyak sa Diyos (Exodo 8:12; Job 38:41; Awit 57:2; 77:1).
- Gumawa ng pangako sa Diyos (Bilang 21:2; 30:2; Eclesiastes 5:4).
- Magsumamo sa Diyos (Deuteronomio 15:9; Job 5:8 Roma 11:2).
- Luwalhatiin ang Diyos (Josue 7:19; Juan 9:24; Roma 4:24).
- Umawit sa Diyos (Mga Hukom 5:3; Nehemias 12:46; Awit 47:6-7; 59:17; Colosas 3:16).
- Tumawag sa Diyos (Awit 4:1; 55:16).
- Magpuri sa Diyos (Awit 66:20; Lucas 5:26; 17:18; Mga Gawa 12:23; Roma 15:7).
- Maghain ng kahilingan sa Diyos (Daniel 9:20; Filipos 4:6).
- Magpasalamat sa Diyos (Lucas 2:38; Mga Gawa 27:35; Roma 14:6).

Nagbababala rin ang Kasulatan laban sa mga negatibong paraan ng ating pakikipag-usap sa Diyos:

[18] Mateo 28:18-20.
[19] 2 Tim. 2:2.
[20] 2 Tim. 2:24.

- Paglapastangan sa Diyos (Exodo 22:28).
- Sumpain ang Diyos (Job 2:9).
- Magsinungaling sa Diyos (Mga Gawa 5:4).
- Laitin ang Diyos (2 Mga Hari 19:16).

***Tayo ay mananagot sa ating pakikipagkomunikasyon sa isa’t-isa.***

Nilikha tayo ng Diyos hindi lamang upang makipagkomunikasyon sa Kanya, kundi sa isa’t-isa rin. Maaari tayong magkomunikasyon kapwa sa positibo at sa negatibong paraan; tayo ay inuutusang *“Pagpalain mo ang mga umuusig sa inyo; pagpalain sila at huwag sumpain.”*[21] Pansinin ang ilang positibong paraan na tayo’y makikipag-usap sa isa’t-isa:

- Palakasin ang loob ng isa’t-isa (Mga Hukom 30:22; 1 Tesalonica 5:11; Hebreo 3:13; 10:25).
- Turuan ang isa’t-isa (Jeremias 9:20).
- Magtanong sa isa’t-isa (Jeremias 22:8; Lucas 8:25; Juan 11:56).
- Magtalakayan sa isa’t-isa (Mateo 8:16; Lucas 6:11).
- Magbigay ng tagubilin sa isa’t-isa (Roma 15:14).
- Batiin ang isa’t-isa (Roma 16:16; 1 Corinto 16:10; 2 Corinto 13:12).
- Paalalahanan ang isa’t-isa (Colosas 3:16).

Binigyan tayo ng babala upang iwasan ang mga negatibong komunikasyon:

- Huwag ninyong linlangin ang isa’t-isa (Leviticus 19:11).
- Huwag ninyong hatulan ang isa’t-isa (Roman 14:13).
- Huwag ninyong pulaan ang isa’t-isa (Santiago 4:11).

***Tungkulin natin na ikomunikasyon ang ebanghelyo.***

Binigyan ni Hesus ang kanyang mga alagad ng tungkulin upang dalhin ang mabuting balita sa buong mundo. Inaasahan na ibabahagi ng bayan ng Diyos ang ebanghelyo sa mga hindi mananampalataya sa pamamagitan ng ebanghelismo. Ang pangunahing paraan na pinili ng Diyos na gamitin upang ipalaganap ang mabuting balita ni Hesu-Kristo ay sa pamamagitan ng pasalitang komunikasyon. Sinabi ni Hesus sa kanyang mga disipulo,

“Kaya’t humayo kayo at gawin ninyong mga tagasunod ko ang lahat ng bansa, bautismuhan ninyo sila sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Banal na Espiritu, turuan silang sundin ang lahat ng iniuutos ko sa inyo.”[22]

## Konklusyon

Dahil ang komunikasyon ay isang mahalagang bahagi ng imahe ng Diyos sa mga tao, kinakailangang maunawaan ng mga tagapangunang Kristiyano ang sining at pagsasanay ng komunikasyon. Ang kursong ito ay makakatulong sa iyo upang pahalagahan ang iba’t-

[21] Rom. 12:14.
[22] Mateo. 28:19-20.

ibang anyo ng komunikasyon. Magagawa mo ring gamitin ang mga kakayahang pangkomunikasyon upang mas epektibong maglingkod sa Kaharian ng Diyos.

## Mga Takdang Aralin

(1) Kumuha ng pagsusulit sa leksiyong ito.

(2) Maghanda ng isang tatlong-minutong pananalita sa klase kung saan magsasalita ka tungkol sa ministeryo kung saan ka tinawag ng Diyos. Maaari kang magsalita tungkol sa iyong kasalukuyang ministeryo gayundin ang iyong pangitain para sa hinaharap.

## Mga Tanong sa Pagsusulit sa Aralin 1

(1) Ano-ano ang tatlong pangunahing anyo ng komunikasyon para sa mga tagapangunang Kristiyano?

(2) Nang sabihin ng Diyos na, "Likhain natin ang tao sa ating wangis…" sino ang Kanyang kausap?

(3) Ano ang unang dalawang kautusan na ipinabatid ng Diyos sa sangkatauhan?

(4) Anong salitang palarawan ang ginamit ni Juan upang ilarawan ang hindi pa nagkakatawang taong si Hesus?

(5) Ilista ang tatlong pag-abuso sa komunikasyon pantao.

(6) Ano ang pangunahing pamamaraan kung paano pinili ng Diyos na ipalaganap ang mabuting balita ni Hesu-Kristo?

# Aralin 2
# Mga Prinsipyo ng Komunikasyon

## Mga Layunin ng Aralin


Sa katapusan ng aralin, ang mag-aaral ay dapat:
(1) Matutukoy ang tatlong sangkap ng komunikasyon.
(2) Matukoy ang dalawang lugar kung saan ang komunikasyon ay maaaring masira.
(3) Maunawaan ang mga inaasahan sa iba't-ibang anyo ng pasalitang komunikasyon.
(4) Kilalanin ang mga natatanging katangian ng mga nakasulat na komunikasyon.
(5) Iwasan ang mga hadlang sa matagumpay na komunikasyon.

## Pasimula

Kung tayo ay mga kompyuter, magiging madali ang komunikasyon. Maaari nating ikabit ang kurdon sa isipan ng isang tao at isa pang kurdon sa isipan ng isa pang tao, pindutin ang pindutan at ang komunikasyon ay madaling lilipat at walang pagkakamali. Gayunman, hindi pinili ng Diyos na magkipagusap sa gayung paraaan ang tao. Mayroong mas higit na mabuting plano ang Diyos. Ang totoo, dinesenyo ng Diyos ang komunikasyon upang maging isa sa pinakakasiya-siyang karanasan sa buhay.

Napansin ba ninyo na ginawang kasiya-siya ng Diyos ang mga gawaing kinakailangan sa buhay? Kinakailangan nating kumain upang magkaroon ng lakas, kaya't ginawa ng Diyos na kasiya-siya ang pagkain. Kinakailangan nating magpahinga upang magpanibago an gating lakas, kaya't ginawang kasiya-siya ng Diyos ang pamamahinga. Sagayun ding dahilan ginawa ng Diyos na kasiya-siya ang komunikasyon. Isang kasiyahan at katuwaan na makipag-usap at bumuo ng mga pakikipag-ugnayan sa ibang tao.

Ang komunikasyon ay binubuo ng tatlong bahagi: ang nagsasalita, ang tumatanggap at ang mensahe. Ang taong nagsasalita ay nagbibigay ng isang mensahe na dapat matanggap ng pangalawang tao.




## Ano-ano ang mga Karaniwang Suliranin sa Komunikasyon?

Nagkakaroon tayo ng suliranin sa komunikasyon sa tuwing ang nagsasalita at ang tumatanggap nito ay gumagamit ng magkaibang salita. May dalawang lugar kung saan nasisira ang komunikasyon.

### Maaaring Masira ang Komunikasyon sa Bahagi ng Nagsasalita

Walang perpektong tagapagsalita. Lahat tayo ay may mga isiping mahirap ipahayag. Kung minsan nga mas mahirap pang ipahayag ang ating mga sarili sa Diyos. Iyon ang dahilan kung bakit tinutulungan tayo ng Banal na Espiritu sa ating mga panalangin, nagpapahayag ng mga bagay na hindi natin nalalaman kung paano ipapahayag.[23] Gaano man kagaling ang mga tao sa pagiging komunikador, hindi nila kailanman magagawang ipahayag ang lahat ng bagay sa kanilang isipan. Kung minsan nasisira ang komunikasyon kapag ang nagsasalita ay nagsisikap na piliin ang kanyang mga salita o kapag ang isang manunulat ay nagsisikap na sumulat ng isang dokumento. Maaaring masira ang komunikasyon sa bahagi ng sumusulat o ng tagapagsalita.

### Maaaring Masira ang Komunikasyon sa Bahagi ng Tumatanggap

Bihira na ang isang tao ay sapat na makapagtuon ng kanyang atensiyon upang makuha ang lahat ng bagay na sinasabi ng ibang tao, maging ito man ay pasalita o nakasulat na komunikasyon. Kahit pa nauunawaan ng isang tao ang lahat ng mga salita, mahirap maunawaan ang buong komunikasyon dahil sa maliliit na pagkakaiba-iba sa mga salita ay nagbabago sa bawat isang tao. Maaaring masira ang komunikasyon sa bahagi ng tagapakinig o ng bumabasa.

Kahit pa ang guro ay isang mabuting komunikador at ang mag-aaral ay isang mabuting tagatanggap, ang ilan sa orihinal na mensahe ay mawawala sa pagitan ng guro at ng mag-aaral. Ang ating atas ay mabawasan ang di-pagkakaunawaan at mapabuti ang komunikasyon.

[23] Rom. 8:26.

Ang komunikasyon ay isa sa pinakamahalagang bagay na ginagawa natin sa araw-araw. Nilikha tayo ng Diyos bilang mga nilalang na hindi tumitigil sa paglikha at pagtanggap ng komunikasyon.

Sa kurso ng Shepherds Global Classroom tungkol sa pagbibigay-kahulugan sa Biblia, nagtuon tayo ng pansin sa bahagi ng pagbibigay-kahulugan sa komunikasyon. Sa kursong ito, magtutuon tayo ng pansin sa bahagi ng komunikasyon; paano tayo mas epektibong makipag-usap sa panulat at pagsasalita? Ang mahuhusay na komunikador ay nagpapatuloy sa higit na pagkatuto upang mapabuti ang kanilang kakayahang makipag-usap. Kung hindi tayo magpapatuloy sa pagkatuto at paglago, tayo'y magiging mahina at nakakainip na mga komunikador.

## Ano-ano ang Iba't-ibang Anyo ng Komunikasyon?

### Komunikasyon na Pasalita

Ang komunikasyong pasalita ay komunikasyong pabigkas. Kabilang sa komunikasyong pasalita ang:

#### *Isa sa Isa na Komunikasyon*

Ang isang tao na nakikipag-usap sa isa pang tao ang pinakamalapit at karaniwang pinakamatagumpay na anyo ng komunikasyon. Sa klaseng ito ng komunikasyon, madaling malalaman kung nauunawaan ka ng iyong kausap. Mayroon kang agarang puna na nagbibigay kakayahan sa iyo upang sukatin ang tagumpay ng komunikasyon. Maaari kang umubos ng sapat na kinakailangang oras upang matagumpay na maisalin ang impormasyon mula sa iyo patungo sa isa pang tao.

Ito ang uri ng komunikasyon sa pagitan ng isang tagapayo at ng pinapayuhan. Ang uri ng komunikasyong ito ay kapwa ginagamit sa pormal at hindi-pormal na sitwasyon. Ito ang pinakamaluwag at natural na anyo ng komunikasyon.

#### *Maliliit na Grupo*

Ito ang uri ng komunikasyon na nararanasan natin sa mga pamilya, sa trabaho, at sa hindi pormal na mga pagtitipon. Maaaring makabilang sa komunikasyon sa maliliit na grupo ang mga pag-uusap sa pamilya hanggang sa mas pormal na sitwasyon tulad ng klase sa Pang-Linggong Pag-aaral. Para sa maraming tao, ang pagharap sa malalaking grupo ay nakalilikha ng pag-aalala at hindi magandang pakiramdam. Gayunman, ang mga taong ito mismo ang madalas na nagsasalita sa mga pagtitipong pampamilya, hindi pormal na mga pagtitipon ng mga magkakaibigan at iba pang maliliit na grupo nang walang masyadong pag-aalala o takot.

#### *Pagsasalitang Pampubliko*

Sa pampublikong pagsasalita, ang tagapagsalita ay humaharap sa malaking grupo ng mga tao. Ang uring ito ng komunikasyon ay halos laging pormal, bagaman maaaring

magkaroon ng hindi-pormal na kapaligiran. Mas malaki ang grupo, mas lalong nagiging direkta ang komunikasyon. Ang pagsasalita sa malalaking grupo ng mga tao ang pinakaepektibong paraan ng pagpaparating sa kanila ng pinakamaraming impormasyon sa pinakamaikling haba ng oras. Ginagamit ang uring ito ng pagsasalitang pampubliko ng lahat ng mga gawain sa iglesya, pulitikal na pagtitipon, at iba pang malalaking pagtitipon. Gayunman, mas malaki ang grupo, mas maliit ang kakayahan ng tagapagsalita na malaman ang pagtanggap ng mga tagapakinig at mas malaki rin ang posibilidad na magkaroon ng hindi pagkakaunawaan o maling pagkaunawa sa mensahe.

### *Hindi Pormal na Komunikasyon*

Karamihan sa atin ay nakikilahok sa mga hindi pormal na mga uri ng komunikasyon araw- araw. Karamihan sa mga komunikasyong hindi pormal ay hindi nangangailangan ng paghahanda; tumutugon lamang ang isang tao sa mga sitwasyon sa natural na paraan. Kahit sa mga hindi pormal na mga sitwasyon, may mga tao na mas may kakayahan kaysa sa iba sa pagpapahayag ng kanilang sarili.

### *Pormal na Komunikasyon*

Ang pormal na komunikasyon ay karaniwang para sa mga okasyon na ipinaplano na nang mas maaga. Sa pormal na komunikasyon, kinakailangan ng tagapagsalita na ihanda ang kanyang pagpapahayag nang mas maaga. Ang pormal na komunikasyon ay karaniwang lumilikha ng pag-aalala at takot sa parte ng tagapagsalita, lalo na kapag ang taong ito ay hindi nasanay sa pampublikong pagsasalita. Ang pangangaral, pagbibigay ng lecture at mga katulad na okasyon ay mga pormal na pagpapahayag.

Maaaring maganap ang pormal na komunikasyon sa maliliit na grupo o maging sa sitwasyong isa sa isang pakikipag-usap. Kapag ikaw ay naanyayahan upang makaharap ang gobernador, malamang ito ay isang pormal na sitwasyon. Dapat mong seryosong paghandaan ang pagkikitang iyon na tila ba ikaw ay magpapahayag sa isang malaking grupo ng mga tao.

### Nakasulat na Komunikasyon

Taglay ng nakasulat na komunikasyon ang marami sa parehong mga katangian ng komunikasyong pasalit, subali't may mga katangiang tanging para sa nakasulat na komunikasyon lamang:

1. **Ang nakasulat na komunikasyon ay karaniwang mas maikli kaysa komunikasyong pasalita**. Ang nakasulat na komunikasyon ay karaniwang nangangailangan ng mas kaunting salita na hindi katulad ng sa komunikasyong pasalita.

2. **Ang komunikasyong nakasulat ay madalas na mas diretso sa punto kaysa sa pasalitang komunikasyon**. Dahil sa katotohanang nag-uukol ng panahon ang

tao upang isulat ang kanyang ipapahayag, karaniwang ang kahulugan nito ang komunikasyon ay mas direkta at mas tumpak.

3. **Ang nakasulat na komunkasyon ay nagiging mas pormal kaysa sa komunikasyong pasalita**. Dahil ang tagatanggap ng mensahe ay wala sa harap ng sumusulat, nagiging mas pormal ang paraan ng komunikasyon ng sumusulat kaysa kung ang taong tatanggap ng mensahe ay naroon mismo malapit sa kanya.

4. **Ang nakasulat na komunikasyon ay karaniwang mayroong mas matinding epekto kaysa sa pasalitang komunikasyon**. Ang pasalitang komunikasyon ay maaaring hindi kasing epektibo ng nakasulat na komunikasyon. Ang totoo, sa mga legal na sitwasyon, hindi opisyal ang komunikasyon kapag hindi ito nakasulat.

5. **Mas nagtatagal ang nakasulat na komunikasyon kaysa sa pasalitang komunikasyon**. Kapag ako'y nagsalita, madaling makakalimutan ng tao kung ano ang aking sinabi. Subali't kung mayroon akong isinulat, ang mensaheng iyon ay patuloy na magbibigay ng impormasyon hangga't naroon pa ang papel na pinagsulatan ko.

Para sa ilang sitwasyon, ang makasulat na komunikasyon ay mas epektibo kaysa sa pasalitang komunikasyon. Upang ang isang tao ay maging isang mabuting komunikador, kinakailangan niyang paunlarin hindi lamang ang kanyang kakayahang magsalita kundi maging ang kakayahan niyang magsulat.

**Paggamit ng Iba't-ibang Anyo ng Komunikasyon**

Dagdag pa sa pagsasalita at pagsusulat, maaari rin tayong makipag-usap sa pamamagitan ng drama, larawan, musika, kilos ng katawan, paghipo, at mga kilos. Karamihan sa mga tagapagturo ay nagkakasundo sa pagsasabi na ang pinakaepektibong paraan ng pagtuturo ay gumagamit ng sama-samang iba't-ibang anyo ng komunikasyon. Kapag ang isang tao ay nakarinig ng isang mensahe at pagkatapos ay patototohanan iyon gamit ang isang larawan o katibayan, mas higit ang kanyang matututuhan. Sinasabi ng ilang mananaliksik na:

- Naaalala natin ang 10% ng ating binasa.
- Naaalala natin ang 20% ng ating naririnig.
- Naaalala natin ang 30% ng ating nakikita.
- Naaalala natin ang 50% ng ating nakikita at naririnig.
- Naaalala natin ang 90% ng ating ginagawa.

Inilalarawan nito ang katotohanan na ang sama-samang anyo ng komunikasyon ay nagpapataas sa pagkatuto. Kapag dinadagdagan natin ang isang anyo ng komunikasyon ng isa pang paraan, pinalalakas natin ang ating pagiging epektibo.

► Suriin mo ang iyong kakayahang magkipag-usap. Aling anyo ng komunikasyon ang iyong kalakasan: nakasulat o pasalita, maliit o malalaking grupo, pormal o hindi pormal? Sa aling anyo ka naman mahina?

## Ano ang mga Salik na Nakakaimpluwensiya sa Komunikasyon?

Maraming mga bagay ang nakakaimpluwensiya sa tagumpay ng ating komunkasyon.

### Ang Mensahe

Ang likas ng ating mensahe ay magkakaroon ng malaking epekto sa komunikasyson. Halimbawa, malaki ang pagkakaiba ng aking ihahandang mensahe para sa patay at ng aking ihahandang mensahe para sa isang kaarawan. May malaking pagkakaiba ang presentasyon tungkol sa HIV/AIDS sa Nigeria at ng presentasyon para sa seremonya ng pagtatapos sa kolehiyo. May pagkakaiba sa pagitan ng isang sermon, isang pormal na presentasyong pang-akademiko at sa mensahe sa isang politikal na pagtitipon..

Ang haba ng mensahe ay makakaimpluwensiya rin sa mensahe. Bagaman tila kataka-taka, kapag maikli ang mensahe, mas kailangang magtrabaho sa mensahe upang tiyaking nasa loob siya ng nakatakdang limit ng oras. Kapag kailangan mong gumawa ng isang mahalagang presentasyon sa loob lamang ng maikling oras, mas kailangan mong maghandang mabuti para doon.

Minsan may nagtanong kay Presidente Dwight Eisenhower kung gaano katagal bago siya makapaghanda ng isang talumpati. Sumagot siya, "Kung nais mo ng labinlimang minuto ng talumpati, bigyan mo ako ng dalawang linggo. Kung nais mo ng tatlumpung minutong talumpati, bigyan mo ako ng isang linggo. Kung nais mo ng isang oras na talumpati, bigyan mo ako ng dalawa o tatlong araw. Kung nais mo ng dalawang oras na talumpati, nakahanda na ako ngayon." Ang kanyang punto ay ganito: kung mayroon kang limitadong haba ng oras, kailangan mong magtrabahong mabuti upang siguruhing tama ang iyong sasabihin.

### Paghahanda

May mga pampublikong tagapagsalita na may kaloob na kakayahang magsalita; kaunti lamang ang kailangan nilang paghahanda. Ang mga tao ang pinagmumulan ng kanilang mga isipin at sasabihin. Gayunman, ang karamihan sa mga pampublikong tagapagsalita ay nangangailangan ng mahaba-habang oras sa paghahanda ng isang presentasyon. Sa katotohanan, karaniwang makikita ang direktang kaugnayan sa pagitan ng epekto ng presentasyon at ang haba ng paghahanda na ginugol para dito.

Naniniwala ako na isa sa pinakamalaking dahilan na ang maraming sermon ay may limitadong epekto ay ang kakulangan sa paghahanda. Maraming tao ang dumidepende sa kanilang natural na kakayahan upang matapos nila ang isang sermon. Seryoso ang pananaw ko sa bawat pagkakataon upang magsalita. Isinusulat ko ang bawat salitang sasabihin ko sa harap ng mga tao, kabilang dito ang mga panayam na ibinibigay ko sa

aking mga klase. Mas matagal na panahon ang ginugugol sa ganitong klase ng paghahanda, subalit ang premyo nito ay nasa pagiging epektibo ng presentasyon.

**Ang Kapaligiran**

Ang kapaligiran ng isang presentasyon ay nakakaapekto sa paraan ng paghahanda at pagpepresenta ng mensahe. Kung ang isang tao ay magsasalita sa isang krusada ng pag-eebanghelyo sa labas sa isang baranggay, talagang malaki ang pagkakaiba ng paghahanda niya kaysa sa komperensiya ng mga pastor sa isang kuwarto sa isang hotel. Mahalaga na kapag tatanggap ng isang paanyaya upang magsalita na malaman ang mga bagay-bagay patungkol sa pisikal na kapaligiran.

**Ang Mga Kaganapan**

Dapat mong malaman ang mga kaganapan na nagbunsod para sa paanyaya. Halimbawa, kamakailan lamang ay naanyayahan akong magsalita tungkol sa "Pilosopiya ng Kristiyanong Edukasyon" para sa mga tauhan ng Hillcrest Missionary School sa Jos. Nalaman ko na muling pinag-iisipan ng school board ang kanilang pilosopya. Ang mga kaganapan ay nagbago na sa nakaraang 60 taon at napapanahon na upang tiyakin ng paaralan ng nauunawaan nila ang kanilang misyon. Nang malaman kung ang kaganapang na ito, nakatulong ito ng malaki sa aking paghahanda ng aking mga presentasyon para kaganapan.

**Ang Tagapakinig**

Ilang mga salik tungkol sa tagapakinig ang nakakaimpluwensiya sa komunikasyon:

- **Edad***.* Ang pagtuon ng atensyon ng mga bata ay hindi kasintagal ng isang may sapat na gulang. Kakailanganin mong iklian ang iyong pananalita o gumamit ng espesyal na pamamaraan upang panatilihin ang atensiyon ng mga bata.
- **Kasarian***.* Iba ang interes ng mga babae kaysa sa mga lalaki. Samakatuwid, iba ang iyong paghahanda para sa mga kalalakihan o kababaihang mga tagapakinig. Kapag magkahalo ang iyong tagapakinig, mapipilitan kang maghanda sa ibang paraan naman.
- **Mga Interes**. Kapag magsasalita ka sa isang grupo ng mga abogado, maghahanda ka at magsasalita sa ibang paraan kaysa kung ikaw ay kakausap ng isang grupo ng mga atleta. Dapat laging bigyang halaga ang espesyal na interes ng mga tagapakinig.
- **Edukasyon***.* Kung ikaw ay nagbibigay ng akademikong papel sa isang grupo ng tagapanayam sa unibersidad, gagawin mo ang presentasyon nang naiiba kaysa kung ikaw ay nagtuturo ng aralin sa isang klase ng paaralang PangLinggo ng mga batang labindalawang taong gulang lamang.

- **Kalusugan at Kalakasan**. Linggo-linggo nagsasalita ang aking ina sa mga taong nasa tahanan ng mga senior citizen. Matatanda at mahihina na ang mga ito at hindi na nagtataglay ng haba ng atensiyon na katulad ng mga kabataan pa. Naghahanda siya at nagbibigay ng kanyang mensahe sa ibang pamamaraan kaysa kung siya ay humaharap sa mas nakababatang mga tagapakinig.

- **Tagal ng Panahon.** Ang haba ng oras para ipresenta ang mensahe ay nagtatakda ng haba ng paghahanda para sa komunikasyon. Ang isang nagbebenta na binibigyan lamang ng sampung minuto upang ipahayag ang kanyang nais ay tiyak na magsasalita ng iba kaysa kung mayroon lamang siyang isang minuto para magpresenta.

Dahil ang mga bagay na ito ay nakakaapekto sa paghahanda at pagdadala ng isang mensahe, dapat sikapin ng tao na malaman ang mas maraming impormasyon tungkol sa kanyang tagapakinig bago pa man tanggapin ang isang takdang araw ng pagsasalita.

## Ano-ano ang mga Hadlang sa Komunikasyon?

### Takot sa Pagsasalita sa Publiko

Pinakamalaking takot para sa maraming tao ang pagsasalita sa harap ng publiko. May mga sundalo na walang takot isuong ang kanilang buhay sa isang digmaan, subali't labis na natatakot kapag hinilingang magsalita kahit kaunti lamang sa harap ng labinlima o dalawampung katao.

Ang pinakamabisang lunas sa takot sa entablado ay karanasan. Mas madalas magsalita ang sinuman sa harap ng mga tao, mas nagiging komportable ang pakiramdam niya sa pagsasalita sa harap ng maraming tao. Kapag ako'y nabibigyan ng papuri para sa aking pagsasalita sa harap ng publiko, madalas ngumingiti lamang ako at sinasabing, "Madalas po kasi akong magpraktis." Kinakailangan ang karanasan para maging komportable bilang isang tagapagsalita sa publiko.

### Kakulangan sa Sapat na Paghahanda

Napag-usapan na natin ang kahalagahan ng paghahanda. Ang kakulangan sa sapat na paghahanda ay isa sa pinakamalaking dahilan ng hindi matagumpay na pagsasalita sa publiko. Ano ang ilan sa mga karaniwang suliranin ng mga tagapagsalita sa kanilang paghahanda?

- **Hindi Mabuting Pagpapakilala**. Kapag hindi naging mabuti ang pagsisimula ng isang tao, hindi maaasahang maging maganda ang presentasyon niya.

- **Hindi Mabuting Konklusyon**. Ang isang mabuting pagtatapos ay kasinghalaga ng isang mabuting pagpapakilala. Ito ang huling maririnig ng mga tagapakinig; maaalala nila ang iyong pangwakas.

- **Hindi Mabuting mga Paglalarawan**. Naniniwala ako na isa sa pinakamahalagang bahagi ng isang presentasyon sa publiko ay ang paggamit ng mga pagsasalarawan na nakakatulong sa mga tagapakinig na higit na maunawaan ang mensahe.
- **Hindi Mabuting Pagkakasunod-sunod**. Ang mabuting komunikasyon ay nabubuo sa pamamagitan ng organisadong paraan. Ang isang hindi organisadong tagapagsalita ay maaaring magsalita ng maraming mabubuting mga bagay, subali't maaaring hindi maunawaan ng mga tagapakinig ang kanyang pangunahing mensahe.

Ang lahat ng ito ay mga usaping kaugnay sa paghahanda. Maaaring hindi natin maiwasan ang magkaroon ng kaba kapag tumayo tayo sa harap ng mga tao. Maaaring hindi natin makontrol ang kapaligiran kung saan tayo magsasalita. Gayunman, mayroon tayong magagawa tungkol sa isang mabuting pasimula at sa mabuting pagtatapos. Maaari nating kontrolin ang mga ilustrasyon o halimbawa sa ating mga presentasyon, at maaari nating kontrolin ang pagkaka-ayos ng ating mga presentasyon. Ang mga bagay na ito ay mahalagang bahagi ng paghahanda.

Walang maipapalit sa mabuting paghahanda. Hindi gawaing propesyonal ang mabigong maghanda nang sapat para sa isang presentasyong pampubliko.

**Kabiguan na Maging Sensitibo sa Mga Tagapakinig**

Hindi isang paraan lamang ang komunikasyon kapag nagsasalita sa publiko. Ang isang mabuting tagapagsalita sa publiko ay laging may kamalayan sa tugon o reaksiyon ng kanyang mga tagapakinig. Ang pinakamabuting paraan upang gawin ito ay magkaroon ng mabuting pagtingin sa mata ng mga tagapakinig. Makikita ng isang mabuting tagapagsalita sa publiko sa mata ng kanyang tagapakinig kung nagagawa niya o hindi na maiparating ang kanyang mensahe. Kapag naramdaman ng tagapagsalita na tila hindi interesado ang mga tagapakinig, dapat siyang gumawa ng paraan upang ibalik ang kanilang atensiyon. Halos hindi mapapatawad para sa isang tagapagsalita sa publiko na magpatuloy sa pagsasalita kapag ang kanyang tagapakinig ay nawalan na ng interes sa kanyang mga sinasabi. Narito ang ilang bagay na maaaring gawin ng tagapagsalita:

- Tumigil sa pagsasalita at maghintay. Ang ilang sandali ng katahimikan ay makakatawag sa atensiyon ng mga tagapakinig.
- Magkuwento. Ang isang kuwento ay nakakatulong upang muling ibalik ang interes ng mga tao. Kung minsan, inuuna ko ang isang kuwento sa isang presentasyon kapag nararamdaman ko na tila nawawala na ang atensiyon ng aking tagapakinig sa aking mga sinasabi.
- Patayuin at papag-unatin ang mga tagapakinig.
- Paawitin ang mga tagapakinig.

Ang isang tagapagsalita ay dapat laging napapansin ang mga bagay na nakakaagaw ng atensiyon ng mga tagapakinig. Kung may taong pumasok sa silid-aralan o kung mayroong tila kaguluhan sa labas ng silid aralan, mas mabuting tumigil muna sa pagsasalita hanggang sa mawala ang nakakaagaw ng pansin. Kapag ang 50% ng mga tagapakinig ay nakatingin sa taong pumasok nang huli, kailangan mong tumigil at maghintay.

Kapag mayroong nakakaagaw ng pansin sa silid-aralan, madalas akong nagbibiro nang ganito: "Maghihintay ako ng isang minuto upang matingnan ninyo ang taong kapapasok lang dahil siya ay mas nakaaakit kaysa sa akin. Ako ay isang guro sa paaralan at nalalaman ng mga guro na walang dahilan upang magpatuloy sa pagsasalita kapag may nakakaagaw sa inyong pansin. Kapag nasiyahan na kayo sa pagtingin sa inyong kaibigan, tsaka ako magpapatuloy." Karaniwang natatawa ang mga tao at muling ibinabalik ang atensyon sa akin.

***Pagpapanatili sa Atensiyon ng Inyong mga Tagapakinig***

Naglista si Duane Liftin ng sampung bagay na makatutulong upang mapanatili ang atensiyon ng inyong mga tagapakinig.[24]

**(1) Bagong Bagay o Karanasan**. Natutuon ang ating atensiyon sa mga bagay na naiiba kaysa sa ating inaasahan.

Nang ang isang dalubhasa sa Batas ni Moises ay magtanong kay Hesus, "Guro, ano po ang kailangan kong gawin upang magkamit ng buhay na walang hanggan?" Tumugon si Hesus gamit ang isang kuwento na may nakakagulat na katapusan. Ang kuwento ng "Ang Mabuting Samaritano" ay gumamit ng itinatakwil na Samaritano bilang bida sa kwento.[25] Ang kuwentong ito ang nagpanatili sa atensiyon ng mga tagapakinig ni Hesus!

**(2) Pagkilos o Aktibidad***.* Kapag ang lahat ng bagay ay tahimik, ang pagkilos ay tatawag sa kanilang atensiyon; gayundin, kapag ang lahat ng bagay ay kumikilos, ang sinumang nananatili ang makakatawag ng pansin. Ang mga magkasalungat ang humuhuli sa ating atensiyon.

Upang ipakita ng pagkadismaya niya sa kawalang hustisya ng mga tagapangunang panrelihiyon sa Templo,

"Pumasok si Hesus sa templo at itinaboy papalabas ang lahat ng nagbebenta at namimili sa Templo, at itinaob niya ang mga mesa ng mga namamalit ng pera at ang mga upuan ng mga bumibili ng kalapati."[26]

Sa palagay mo, nakuha ba ni Hesus ang atensiyon ng mga tao sa Templo?

---

[24] Duane Litfin, *Public Speaking, 2nd Edition* (Grand Rapids: Baker Book House, 1996), 47. See also p. 239.
[25] Lucas 10:25-37.
[26] Mateo 21:12.

**(3) Kalapitan**. Ang mga bagay na malapit sa atin (maging sa panahon o lugar) ang tatawag ng ating atensiyon.

Habang nagtuturo si Hesus,

"May mga naroroon sa oras na iyon na nagsabi sa kanya tungkol sa mga taga Galilea na ipinapatay ni Pilato habang sila'y naghahandog sa templo."

Tumugon si Hesus sa pamamagitan ng pagtuturo ng isang aralin batay sa "kasalukuyang pangyayari" at sa isa pang katatapos lang na trahedya na naganap sa Siloam.[27] Nalalaman niya na ang mga kasalukuyang mga pangyayari ang makakatawag ng pansin ng mga tagapakinig.

**(4) Katiyakan**. Ang mga tiyak at konkreto ang karaniwang nakakaakit sa ating atensiyon mas higit kaysa sa mga hindi maunawaan, ang pangkalahatan, at ang ordinaryo. Ito ang dahilan kung bakit mahalaga ang mga paglalarawan. Nagbibigay ito ng tiyak na sustansiya sa mga prinsipyong iyong itinuturo.

Kapag nagtuturo si Hesus, tumutukoy siya sa mga tiyak na mga bagay upang ilarawan ang kanyang itinuturo.

- "Katulad iyon ng isang butil ng buto ng mustasa."[28]
- "Ipakita mo sa akin ang isang kusing."[29]
- "Tingnan ninyo ang puno ng igos."[30]

**(5) Pagiging Pamilyar**. Sa mga pagkakataon na ang mga bagay bagay ay hindi pamilyar at hindi alam, kung alin ang pamilyar ay siyang madali nating mapapansin.

Upang ituro ang ating tugon sa Salita ng Diyos, tinukoy ni Hesus ang isang pamilyar na tagpo sa mundong ito—isang magsasaka na nagsasabog ng binhi sa isang bukid. "Ang isang magsasaka ay lumabas upang maghasik."[31]

**(6) Salungatan**. Sa kundisyon ng pagkakasundo at kapayapaan, ang pagsasalungatan sa pagitan ng dalawa o higit pang mga bagay ay siyang nakakaagaw ng ating pansin.

Paulit-ulit, binigyang diin ni Hesus ang salungatan sa pagitan ng kanyang katuruan at ng katuruan ng mga Pariseo at iba pang mga tagapangunang pangrelihiyon. Ito ang nakatawag ng atensiyon ng mga pulutong. "At nang marinig ito ng mga pulutong, sila ay namangha sa kanyang itinuturo."[32]

---

[27] Lucas 13:1-5.
[28] Marcos 4:31.
[29] Lucas 20:24, *King James Version (KJV)*.
[30] Lucas 21:29.
[31] Mateo 13:3.
[32] Mateo 22:33.

**(7) Kapanabikan***.* Kapag nasasaatin ang buong larawan maliban sa ilang nawawalang mahahalagang piraso, tayo'y naaakit sa mga nawawalang piraso upang makita natin kung paano nagkakaugnay-ugnay ang mga ito sa kabuuan ng larawan.

Nang punahin ng mga tagapanguna sa relihiyon si Hesus nang siya'y kumain kasalo ng mga makasalanan, nagkuwento siya. Ikinuwento niya ang isang anak na naglayas nguni't nagpasiyang bumalik sa sariling tahanan. Ang mga nakikinig ay maaaring naghihintay na malaman: Ano ang mangyayari sa anak na ito? Tatanggihan kaya siya ng kanyang ama? Paaalisin kaya siya ng komunidad dahil binigyan niya ng kahihiyan ang kanyang mga kababayan? Ano kaya ang mangyayari sa rebeldeng anak na ito?[33] Alam ni Hesus kung paano lilikha ng kapana-panabik na sitwasyon.

**(8) Tindi***.* Kapag may isang bagay na namumukod-tangi bilang mas matindi kaysa sa mga bagay na nakapalibot dito, karaniwang dito natutuon ang ating atensiyon.

Paulit-ulit, ang mga taong nakarinig sa pagtuturo ni Hesus ay kumikilala sa kapangyarihan at awtoridad ng kanyang mga pagtuturo. Ang intensity ng kanyang pagtuturo ay nakamangha sa kanyang mga tagapakinig. "At sila ay namangha sa kanyang pagtuturo, dahil nagturo siya sa kanila tulad ng isang may awtoridad sa kanyang itinuturo, at hindi bilang mga eskriba*.*"[34]

**(9) Katatawanan***.* Ang nasa gitna ng halos lahat ng katatawanan ay ang isang bagay na wala sa wastong lugar o hindi ayon sa tamang kalagayan nito. Halos sa lahat ng pagkakataon, ang katatawanan ay nakakatawag ng ating atensyon.

Marahil tumawa ang mga tagapakinig ni Hesus nang sabihin niyang "Bakit nakikita ninyo ang puwing sa mata ng inyong kapwa, subsali't hindi ninyo napapansin ang tahilan na nasa inyong sariling mata?"[35]

**(10) Kaugnayan sa buhay**. Ang mga bagay na kaugnay sa ating pangunahing pangangailangan sa buhay ay karaniwang nagsasalita sa atin.

Nang nangangaral si Hesus sa mga ordinaryong tao na kaunti lamang ang pera o mga ipon, nagsalita siya tungkol sa mga bagay na kinakailangan nila sa pang-araw-araw na buhay.

"Kaya nga, sinasabi ko sa inyo, huwag kayong mag-alala tungkol sa buhay, kung ano ang inyong kakainin o ano ang inyong iinumin…. At baskit kayo nag-aalala sa inyong dadamitin?... Samakatuwid huwag kayong mag-alala, na sinasabi, 'Ano ang aming kakainin?' o 'Ano ang aming iinumin?' o 'Ano ang aming dadamitin?'… Subali't hanapin

[33] Lucas 15:11-32.
[34] Marcos 1:22.
[35] Mateo 7:3.

muna ninyo ang kaharian ng Diyos at ang kanyang katuwiran, at lahat ng ito ay ipagkakaloob sa inyo."[36]

Nangusap si Hesus tungkol sa mga pangunahing pangangailangan sa buhay.

**Kabiguang Gumawa ng Isang Sentrong Tema**

Ang kabiguang gumawa ng isang malinaw na sentrong tema ang isa sa dalawang pinakamahalagang suliranin sa maraming sermon at iba pang pampublikong mga pagsasalita o talumpati. Pakinggan ninyo ang isang pag-uusap isang Linggo nang hapon:

Tom: "Nasiyahan ka ba sa pananambahan kaninang umaga?"

Sally: "Oo, mabuti iyon."

Tom: "Maganda ba ang sermon?"

Sally: "Napakaganda!"

Tom: "Tungkol saan ang sermon?"

Sally: "Ah, nagsalita siya tungkol sa kasalanan, at tungkol sa langit at tungkol sa isang sira-sirang kotse na nakita niya kahapon. Marami siyang sinabing mabubuting mga bagay."

Maraming sinabing mabubuting bagay ang pastor, subali't walang nagkakaisang mensahe sa kanyang sermon. Nakasisira ito sa kakayahan ng pastor na magkomunikasyon ng isang makapangyarihang mensahe. Sa pag-uwi ng kanyang mga tagapakinig, wala silang maaalalang sentrong tema mula sa sermon. Kapag ang isang tao ay lumakad palayo mula sa isang sermon o iba pang pampublikong talumpati o pagsasalit, dapat niyang mabigyan ng buod sa iilang salita ang mga sinabi ng tagapagsalita. Kung hindi iyon magagawa ng isang karaniwang tao sa mga tagapakinig, hindi talagang naging matagumpay ang tagapagsalita sa pagpapaabot ng kanyang mensahe.

Pagkatapos makabuo ang isang tao ng tema para sa kanyang presentasyon, kailangan niyang gumawa ng isang balangkas at mga paglalarawan at mga pagsasabuhay na nagtutuon ng atensiyon sa sentrong tema. Ang tema ng isang tagapangaral o mga layunin ng isang tagapagturo ang magbibigay ng tudlain para sa buong sermon o aralin.

Ang isang napakahalagang prinsipyo ay ang pagsisimula sa mga bagay na alam patungo sa mga bagay na hindi alam. Ang mga pampublikong tagapagsalita ay dapat magsimula sa pagsasalita tungkol sa mga bagay na alam at komportable ang mga tagapakinig bago siya magpatuloy sa mga bagay na hindi nila alam. Ang mabubuting mga talumpati ay nagsisimula sa mga bagay na pamilyar sa mga tagapakinig at unti-unting lilipat sa mga bagong paksa. Pinananatili nila ang mga tagapakinig sa pagkilos patungo sa pangunahing tema ng kanyang talumpati.

[36] Mateo 6:25-33.

Ang kabiguang pagtuonan ng pansin ang isang sentrong tema ay titiyak na ang isang tagapagsalita ay hindi mas mabuti kaysa sa pagiging pangkaraniwan lamang sa kanyang kakayahang magsalita.

**Kabiguang Gumamit ng Mabubuting Paglalarawan**

Ang ikalawang dahilan ng di mabubuting sermon ay ang kabiguang gumamit ng mabubuting mga paglalarawan. Hindi ako interesado sa aking mga mag-aaral na maging mga tagapagkuwento. Gayunman, kumbinsido ako na kung ang aking mga mag-aaral ay hindi makakikita at makapagpiprisinta ng mga kawili-wiling mga kuwento at paglalarawan, hindi sila magiging mga epektibong mga tagapagsalitang pampubliko.

Ang isang tagapagsalitang pampubliko ay dapat laging naghahanap ng mga mabubuting paglalarawan at matuto ng mabuting paraan ng pagaayos sa mga ito at itago ang mga ito para magamit sa hinaharap.  Naranasan ko na mas mahirap na gawain para sa akin ang paghanap at pag-aangkop ng mga ilustrasyon o paglalarawan kaysa sa anupamang bagay.

## Konklusyon

Ang komunikasyon ay kapwa isang sining at isang agham. Ito ay isang agham sa dahilang ito ay maaaring suriin at sumusunod sa tiyak at mahuhulaang mga batas at tuntunin. Ito ay isang sining na maaaring linangin sa paraang maaari nitong maakit ang napakagandang bahagi ng kalikasan ng tao.

Ang komunikasyon ay kapwa isang kaloob at isang tagumpay. Karamihan sa mga tagapagsalitang pampubliko ay nagtataglay ng natural na kakayahan. Gayunman, ang natural na kakayahang iyon ay maaaring linangin at paghusayin. Ibinigay ng Diyos sa atin ang kaloob ng komunikasyon; dapat nating gamitin at linangin ang kaloob na ito sa pinakamabuting antas ng ating kakayahan.

## Mga Takdang Aralin

(1) Kumuha ng pagsusulit sa aralin ito.

(2) Pagsasanay sa Pagsasalita. Kapanayamin ang ibang miyembro ng inyong klase tungkol sa kanyang kabataan. Magtanong upang makakuha ng mga impormasyon para sa isang kawili-wiling pananalita. Pagkatapos magbigay ng tatlung-minutong pananalita sa klase kung saan ipinakikilala mo ang iyong kamag-aral.

(3) Mga Tanong sa Talakayan. Sa bahagi ng araling ito na may pamagat na "Kabiguang Maging Sensitibo sa iyong Tagapakinig," naglista si Dr. McCain ng sampung katangian na makakatulong upang panatilihin ang atensiyon ng ating mga tagapakinig. Humanap ng isang nakasulat na sermon upang pag-aralan. Basahin ang sermon at tingnan kung ilan sa mga katangiang ito ang makikita sa sermon. Ang bawat miyembro ng klase ay dapat bumasa ng ibang sermon. Sa susunod na pagkikita sa klase, paghambingin ang mga paraan kung paano pinanatili ng mga sermon ang atensiyon ng mga tagapakinig.

**Mga Tanong sa Pagsusulit sa Aralin 2**

(1) Ano-ano ang tatlong bahagi ng komunikasyon?

(2) Saang dalawang lugar maaaring masira ang komunikasyon?

(3) Ano ang pinakamalapit, at karaniwang pinakamatagumpay na anyo ng komunikasyon?

(4) Ano ang pinakamahirap na anyo ng pasalitang komunikasyon para sa pinakamaraming tao?

(5) Ilista ang tatlo sa limang katangian ng nakasulat na komunikasyon na tinalakay sa araling ito.

(6) Ilista ang tatlo sa limang salik na nakakaimpluwensiya sa tagumpay ng ating komunikasyon.

(7) Ilista ang tatlo sa limang hadlang sa komunikasyon.

(8) Ilista ang tatlong bagay na iminungkahi ni Duane Liftin upang mapanatili ang atensiyon ng mga tagapakinig.

# Aralin 3
# Pasimula sa Pangangaral

## Mga Layunin ng Aralin

Kapag natapos ang aralin, ang mag-aaral ay dapat:
(1) Mabigyang kahulugan ang 'pangangaral' at ang mga pangunahing salitang Biblikal na tumutukoy sa pangangaral.
(2) Pahalagahan ang kapangyarihan ng ipinangaral na ebanghelyo upang makapagbago ng mga buhay.
(3) Maunawaan ang pagkakaiba ng pang-Ebanghelyo at pangpastor na pangangaral.
(4) Kilalanin ang mga katangian ng mga pangunahing klase ng sermon.
(5) Maghanda ng mga balangkas ng sermon para sa bawat isa sa mga pangunahing klase ng sermon.

## Pasimula

Sinasabi ng Biblia na pinili ng Diyos na iligtas ang mundo sa pamamagitan ng "kahangalan ng pangangaral."[37] Ang pangangaral ang paraang pinili ng Diyos upang ipahayag ang kanyang katotohanan kapwa sa hindi mananampalataya at sa mananampalataya. Ang ibang relihiyon ay lumawak sa pamamagitan ng paglipat ng lugar, pamimilit at mabilis na pagdami sa panganganak. Pangunahing naipalaganap ang Kristiyanismo sa pamamagitan ng pangangaral.

Ang pangangaral ay naging isang pangunahing bahagi ng Kristiyanismo mula pa sa simula. Si Juan Bautista ay "dumating na nangangaral sa ilang ng Judea."[38] Pagkatapos ng pagtukso kay Hesus, mababasa natin, "Mula sa sandaling iyon nagsimulang mangaral si Hesus."[39] Sa araw ng Pentekostes, tumayo si Pedro at nangaral[40] Ang salitang "pangangaral" ay iniugnay kay Pablo ng siyam na beses sa aklat ng Mga Gawa. Ang pangangaral ay patuloy na isa sa mga pinakamahalagang tungkulin ng mga tagapangunang Kristiyano.

## Paglalarawan ng Pangangaral

### Mga Kahulugan ng Pangangaral

Ang pangangaral ang pasalitang komunikasyon ng mga katotohanan ng Kristiyanismo sa isang pampublikong talakayan na may layuning makalikha ng pagbabago sa mga tagapakinig.

[37] 1 Cor. 1:21, *KJV*.
[38] Mateo 3:1.
[39] Mateo 4:17.
[40] Mga Gawa 2:14.

Binigyang kahulugan ng *Anchor Bible Dictionary* ang pangangaral bilang "upang ipahayag, upang ipaalam, upang sabihin ang salita mula sa Diyos, upang iprisinta sa publiko ang mabuting balita, upang dalhin ang isang panrelihiyong pagpapaahayag na direktang miugnay o hindi man sa isang teksto sa Kasulatan." Ito ay nakatuon sa pagpipresenta ng mensahe.

Sa isang mas malawak na kahulugan binigyang kahulugan ni Thabiti Anyabwile ang pangangaral bilang "Ang Diyos na nagsasalita sa kapangyarihan ng Kanyang Espiritu tungkol sa Kanyang Anak mula sa Kanyang Salita sa pamamagitan ng isang tao patungo sa mga tao."[41] Mangyaring isaulo ang kahulugang ito. Ang kahulugan ay nagbibigay-diin sa bawat aspeto ng gawain ng pangangaral:

- Ang bawat miyembro ng Trinidad ay kabahagi sa pangangaral.
- Ang Salita ng Diyos, hindi ang ating mga opinion, ang dapat maging teksto para sa pangangaral.
- Dapat hayaan ng isang mangangaral na magsalita ang Diyos sa pamamagitan niya.
- Ang mensahe ay dapat makarating sa mga tagapakinig.

**Mga Pangunahing Salita na Kaugnay sa Pangangaral**

May dalawang pangunahing salitang-ugat sa Griyego na tumutukoy sa pangangaral. Ang una ay ang pamilya ng mga salita mula sa ugat na *kerug*. Kabilang dito ang:

***Kerusso***

Ito ang anyong pandiwa. Ang kahulugan nito ay "upang iparating tulad ng isang mensahero o upang ipahayag sa parehong paraan tulad ng isang mensahero."[42] Nangangahulugan ito ng isang opisyal na pagpapahayag ng katotohanan. Ang salitang ito ay ginamit upang ilarawan ang ministeryo ni Juan Bautista,[43] ni Hesus,[44] ng mga disipulo,[45] ni Felipe,[46] at ni Pablo.[47]

Ginamit ni Pedro ang salitang ito upang ilarawan ng kanyang sermon kay Cornelius; inutusan tayo ni Hesus upang "mangaral kayo sa mga tao at patotohanan ninyo na siya ang itinakda ng Diyos upang siyang hahatol sa mga nabubuhay at sa mga patay."[48] Inutusan ni Hesus ang kanyang mga disipulo upang ipangaral na si Hesus ang itinakda ng Diyos upang maging tagahatol sa mga nabubuhay at sa mga patay.

---

[41] Thabiti Anyabwile, "How Do You Define Preaching? 6." Retrieved from http://www.thegospelcoalition.org/blogs/thabitianyabwile/2012/12/13/how-do-you-define-preaching-6/ August 17, 2020.
[42] Joseph Henry Thayer, *Greek-English Lexicon of the New Testament* (Grand Rapids, MI: Zondervan Publishing House, 1967), 346.
[43] Mateo 3:1.
[44] Mateo 4:1.
[45] Mateo 10:7.
[46] Mga Gawa 8:5.
[47] Mga Gawa 9:20.
[48] Mga Gawa 10:42.

***Kerygma***

Ito ang anyong ngalan ng salita at tumutukoy sa mensahe na ipinangangaral. Sa klasikong Griyego, ang *kerygma* ito ang mensaheng dinadala "ng isang tagapabalita o pampublikong tagabando, isang proklamasyon ng isang mensahero."[49] Ang salitang ito ay ginamit ng walong beses sa Griegong Bagong Tipan.

Pinasikat ni C. H. Dodd ang paggamit ng salitang *kerygma* upang ilarawan ang buod na katuruan ng unang Kristiyanismo. Ang mga pangunahing elemento ng *kerygma* ay:

1. Tinupad ni Hesus ang Kasulatan ng Lumang Tipan na nangako sa pagdating ng isang Mesiyas.
2. Si Hesus ay pumunta sa iba't-ibang lugar na gumagawa ng mabuti at nagsasagawa ng mga himala.
3. Si Hesus ay ipinako sa krus, namatay, muling nabuhay at umakyat sa langit.
4. Isang araw, si Hesus ay babalik sa lupa.
5. Magsisi, sumampalataya, at magpabautismo, at tatanggap ka ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan at ng kapuspusan ng Banal na Espiritu.

Ang mga doktrinang ito ang nasa sentro ng mensahe ng mga apostol. Ito ang "ipinapangaral" ng unang iglesya.

***Kerux***

Ito ay isa pang anyong ngalan ng salita at tumutukoy sa taong nagpapahayag ng mensahe. Ang salitang ito ay ginamit upang ilarawan ang isang sumisigaw sa bayan o sa isang pampublikong mensahero. Siya ang nagdadala ng mga opisyal na mensahe mula sa mga royal o opisyal ng pamahalaan. Katulad siya ng tagapagsalita ng pangulo sa ating panahon.

Ang salitang ito ay natagpuan ng tatlong beses lamang sa Bagong Tipan. Sa 1 Timoteo 2:7 at 2 Timoteo 1:11, sinabi ni Pablo na siya ay "hinirang" bilang isang mangangaral. Sa 2 Pedro 2:5, si Noe ay tinawag ng "tagapangaral ng pagiging matuwid." Ang *kerux* ay isang mangangaral.

***Euangelizo***

Ang ikalawang pamilya ng salitang Griego na ginamit upang tumukoy sa pangangaral ay galing sa *euangelizo*. Ang salita ay galing sa dalawang salitang Griego. Ang *Eu* ay nangangahulugang mabuti at ang *angelizo* ay nangangahulugan na ipahayag o ibigay ang isang mensahe. Sa salitang *Angelizo* natin kinuha ng salitang "anghel". Ang anghel ay isang mensahero ng Diyos.

[49] Thayer, *Greek-English Lexicon of the New Testament*, 346.

Ang *Euangelizo* ay nangangahulugang magdala ng mabuting balita o magpahayag ng mabubuting bagay. Ang *Kerusso* ay maaaring mangahulugan ng proklamasyon ng anumang klase ng mensahe, mabuti o masama, paghatol o pag-asa. Ang *euangelizo* ay nakatuon sa pagsasalita ng positibong mensahe. Ang ibig sabihin nito ay ideklara ang mabuting balita.

Ang unang pagkakataon na ginamit ang salitang ito sa Bagong Tipan ay mabuting halimbawa ng salitang ito: "Tinanggap ng bulag ang kanilang paningin at ang mga lumpo ay nakalakad, nalinis ang mga ketongin, at nakarinig ang bingi, at ang patay ay muling bumangon, at ang mahihirap ay tumanggap ng mabuting balitang ipinangaral sa kanila."[50] Ang bulag, lumpo, maysakit, bingi at ang mahihirap ang siyang nangangailangan ng mabuting blita.

### *Euangelion*

Ito ang anyong ngalan ng salita. Ito ang mabuting mensahe na ipinahayag. Hindi ito basta lang kahit anong mensaheng ipinangarl, kundi ang positibong mensahe ni Cristo Hesus na nag-aalok ng kapatawaran sa kasalanan at ng isang makabuluhang buhay. Ang Ebanghelyo ni Marcos ay nagsisimula sa ganito: "Ang simula ng ebanghelyo ni Hesu-Kristo, ang Anak ng Diyos."[51] Nais ni Marcos na malaman ng kanyang mga tagapakinig na ang pagdating ni Hesus ay isang napakabuting bagay.

### *Euangelistes*

Ito ang taong nagdedeklara ng mabuting balita. Ito ay isinalin sa salitang "ebanghelista." Si Felipe ay inilarawan bilang "isang ebanghelista" at hinikayat si Timoteo na "isagawa ang trabaho ng isang ebanghelista."[52] Nakawiwiling malaman na ang dalawang salitang Griego na ito ay ilang beses nang ginamit nang magkasama. Halimbawa, sa Mateo 4:23 sinasabi na si Hesus…. "Nilibot niya ang buong Galilea, nagtuturo sa kanilang mga sinagoga at ipinapahayag (*kerusso*) ang ebanghelyo (*euangelion*) ng kaharian at nagpapagaling ng lahat ng sakit at karamdaman ng mga tao."

### *Didasko*

May isa pang pamilya ng mga salita na kailangan ng paliwanag, mga salitang nakaugnay sa pagtuturo. Ang pinakakaraniwang salita para sa pagtuturo ay ang salitang *didasko*. Ang ibib sabihin ng salita ay "pagkakaroon ng pagpapahayag sa iba sa layuning bigyan sila ng panuntunan."[53] Ang salitang ito ay ginamit ng maraming beses sa Bagong Tipan.

---

[50] Mateo 11:5.
[51] Marcos 1:1.
[52] Mga Gawa 21:8 at 2 Tim. 4:5.
[53] Thayers, *Greek-English Lexicon of the New Testament*, 144.

Inilarawan si Hesus bilang ang "tagapagturo."[54] Isa sa mga posisyon sa unang iglesya ay ay posisyon ng tagapagturo.[55]

Ang kakayahang magturo ang isa sa mga kuwalipikasyon ng tagapanguna sa iglesya.[56] Ang tagapagturo ay may tungkuling isalin ang karunungan at kaalaman mula sa kanya patungo sa isa pang tao. Dahil ang unang iglesya ay isang bagong kilusan, nangangailangan ito ng mabubuting tagapagturo na makapagsasalin sa iba tungkol sa mga bagong katuruan. Ang isa sa pinakamahalagang bagay na ginawa ni Hesus sa panahon ng kanyang huling tatlong taon sa lupa ay ang ihanda ang kanyang mga disipulo upang ituro ang mabuting balita.

Marami sa aking mga mag-aaral ang nagtanong sa akin kung ano ang pagkakaiba ng pangangaral at pagtuturo. Bagaman ito'y tila labis na pinasimple, ang pinakamabuting pagkakaiba na narinig ko sa pagitan ng dalawa ay **ang pagtuturo ay nakatuon pangunahin sa isipan** samantalang **ang pangangaral ay nakatuon pangunahin sa kalooban**.

Ang layunin ng pagtuturo ay magkomunikasyon ng impormasyon. Ang layunin ng pangangaral ay palakasin ang loob ng tagapakinig upang gumawa ng isang pagpapasya. Ang mga ebanghelistikong pangangaral ay nagtatangkang hikayatin ang isang tao upang magpasya na tanggapin si Kristo. Ang pastoral na pangangaral ay nagtatangka na hikayatin ang isang tao na magpasya tungkol sa paksa na nilalaman sa sermon. Halimbawa, kamakailan ay nagsermon ako na may pamagat na, "Sa Sinumang Marami ang Ipinagkaloob, Marami Rin ang Inaasahan." Sinasabihan ko ang mga tao na kilalanin na binigyan sila ng Diyos ng mga napakalaking pag-aari at dapat nila itong gamitin para sa kaluwalhatian ng Diyos. Ito ang pangangaral na pampastoral.

Mula sa pananaw ng isang karaniwang tao, ang pangangaral at pagtuturo ay karaniwang pinaghahambing ayon sa lakas at sigasig ng tagapagsalita. Kung minsan ang isang mahinahong tagapangaral ay tinutukoy bilang "isang nagtuturong tagapangaral." Gayunman, ang mga pagkakaibang ito ay karaniwang artipisyal at pagmamalabis. Ang bawat mabuting sermon ay dapat maglaman ng tagubilin, at karamihan sa mga pagtuturo ay mayroong praktikal na aplikasyon na nangangailangan ng tugon. Ang pagkakaiba sa pagitan ng pangangaral at pagtuturo ay hindi na mahalaga.

### Mga Kategorya ng Pangangaral

Ang pangangaral ay karaniwang nabibilang sa isa sa dalawang pangkalahatang kategorya.

[54] Mateo 8:19, at halos mga apatnapung iba pang pagkakataon.
[55] Mga Gawa 13:1; 1 Cor. 12:8.
[56] 1 Tim. 3:2.

**Pangangaral na Pang-ebanghelismo**

Ang isang sermong pang-ebanghelismo ay nakadisenyo upang hikayatin ang tagapakinig na magpasya na tanggapin si kristo Hesus bilang kanyang Tagapagligtas. Ang pangangaral na pang-ebanghelismo ay karaniwang nakatuon sa mga di-mananampalataya. Nakakalungkot lamang, maraming mga pastor ang nangangaral ng mga sermon pang-ebanghelismo sa kanilang mga miyembro lamang. Bagaman maaaring angkop na mangaral paminsan-minsan ng sermon pang-ebanghelismo sa iglesya, bihirang makikita ng isang pastor na nangangaral ng sermon pang-ebanghelismo lamang na ang kanilang mga miyembro ay lumalago nang higit pa sa espirituwal na pagiging bata. Sinasabi ng sumulat ng Hebreo, "Samakatuwid iwan na natin ang panimulang doktrina ni Kristo at magpatuloy sa paglagong espirituwal, nang hindi na muling naglalatag ng pundasyon ng pagsisisi."[57]

Karamihan sa mga sermon sa Aklat ng mga Gawa ay ebanghelismo ang anyo. Kabilang dito ang mga sermon kapwa sa mga Hudyo at Hentil na hindi mananampalataya. Ang una sa mga ito ay ang sermon ni Pedro pagkatapos na pagkatapos ng Pentekostes.[58] Ang isang tipikal na sermon sa mga tagapakinig na Hudyo ay ibinigay sa sinagoga sa Pisidia, Antioch.[59] Ang isang halimbawa na ibinigay sa mga Gentil na tagapakinig ay ang sermon ni Pablo sa mga pilosopo sa Athena.[60]

► Ang bawat miyembro ng klase ay dapat pumili ng isa sa mga sermon mula sa Mga Gawa upang pag-aralan. Basahin ang sermon at gumawa ng listahan ng mga bagay na ipinangaral sa sermon. Ilan sa mga bagay na natukoy bilang *kerygma* ang nilalaman ng sermon? Talakayin at paghambingin ang mga sermon sa inyong klase.

| **Isang Sermong Pang-ebanghelismo** |
|---|
| Pamagat: Lumapit Kayo sa Akin<br>Text: Mateo 11:28-30<br><br>I. BAKIT TAYO ANG DAPAT LUMAPIT KAY HESUS?<br><br>A. Dahil sa Kung Sino si Hesus<br><br>Makatuwiran lang na itanong, "Sino si Hesus?" Ang sagot ay maaaring hatiin sa dalawang bahagi.<br><br>1. Si Hesus ay tao.<br>2. Si Hesus ay Diyos.<br><br>B. Dahil sa Kung Ano ang Katulad ni Hesus |

57 Heb. 6:1.
58 Mga Gawa 2:14-39.
59 Mga Gawa 13:16-41.
60 Mga Gawa 17:22-31.

1. Si Hesus ay "mahinahon at mababang-loob." Siya ay mapagpakumbaba. Ito ay nagmumungkahi na:

a. Hindi siya taong marahas, kundi mabuti at mahinahong tao.
b. Hindi siya taong mayaman kundi isang karaniwang tao.

2. Si Hesus ay isang makapangyarihang tao.

C. Dahil Sa Ipinangako ni Hesus

1. Ipinangako ni Hesus na bibigyan ka ng kapahingahan sa iyong kaluluwa.

2. Ipinangako ni Hesus na ang kanyang pamatok ay magiging magaan at ang kanyang pasanin ay magaan.

II. PAANO TAYO LALAPIT KAY HESUS?

A. Lalapit Tayo Nang May Pagsisisi

1. Ang pagsisisi ay may kalakip na maka-Diyos na kalungkutan para sa kasalanan.

Ito ang klase ng kalungkutan ni David nang siya'y magkasala kasama ni Batseba.

2. Ang pagsisisi ay may kalakip na pagpapahayag ng kasalanan.

3. Ang pagsisisi ay may kalakip na pagtalikod sa kasalanan.

B. Lalapit Tayo Nang May Pananampalataya

1. Ang pananampalataya ay paniniwala sa Diyos.

Dapat tayong maniwala na siya nga ay Diyos at ngbibigay gantimpala sa kanila na matiyagang humahanap sa Kanya. (Heb. 11:6).

2. Ang Pananampalataya ay pagtatalaga ng sarili sa Diyos.

C. Lalapit Tayo Nang May Bukas na Buhay—Wala na ang Kahihiyan

**Pastoral na Pangangaral**

Walang isang katawagan na sa pangkalahatan ay tinatanggap para sa ganitong klase ng pangangaral. Ilang katawagan ang maaaring gamitin kabilang ang "pangangaral na nakasentro sa mananamplataya", "pangangaral na hindi-nag-eebanghelism," o "pangangaral na pagdidisipulo". Pinipili ko pa ring tawagin itong pastoral na pangangaral kahit na ito'y maaaring ginagawa ng mga taong hindi naman "pastor", dahil ang layunin ng ganitong klase ng pangangaral ay itayo at patatagin ang mga mananampalataya. Ito

ang pangunahing tungkulin ng isang pastor. Ang pastoral na pangangaral ang pinakakaraniwang klase ng pangangaral sa mga kongregasyong Kristiyano.

Matapos magsimula ang pag-uusig sa Jerusalem, ang iglesya ay lumaganap pahilaga sa Antioch sa Syria. Maraming Hentil ang naging mananampalataya. Narinig ito ng iglesya sa Jerusalem. Ang sumusunod ay ang ulat tungkol sa kanilang tugon.

"Ang ulat tungkol dito ay narinig ng iglesya sa Jerusalem, at isinugo nila si Bernabe sa Antioch. Nang dumating siya at nakita ang pagpapala ng Diyos sa kanila, siya'y nagalak, at pinagpayuhan silang lahat na manatiling matapat sa Panginoon. Mabuting tao si Bernabe, puspos ng Espiritu at matibay ang pananampalataya, kaya marami siyang nadala sa Panginoon."[61]

Ang ministeryo ni Bernabe sa Syria ay ministeryo sa mga mananampalataya: "Siya'y nagalak, at pinagpayuhan niya silang lahat." Ang "silang lahat" ay tumutukoy sa mga mananampalataya. Ipinapakita ng talatang ito ang kapangyarihan ng pastoral na pangangaral. Bagaman nangaral si Bernabe sa mga mananampalataya, "maraming tayo ang nadagdag sa Panginoon." Ang mabuting pastoral na pangangaral ay nagpapatibay sa mga mananampalataya at binibigyan sila ng kakayahang gawin ang gawain ng Diyos, kabilang ang pag-eebanghelismo.

Maraming mga halimbawa ng pangangaral sa mga di-mananamplataya sa Mga Gawa. Gayunman, may isa lamang halimbawa sa Mga Gawa ng sermon na ipinangaral sa mga mananampalataya.[62] Ito ay ipinangaral nang anyayahan ni Pablo ang mga matatanda ng iglesya ng Efeso sa tabing-dagat upang magpaalam sa kanila. Kristiyano silang lahat at nagsalita si Pablo sa kanila bilang isang Kristiyano. Kung paanong ang sermong ito sa mga tagapangunang taga-Efeso ay naiiba sa tipikal na ebanghelikong sermon ni Pablo, ang ating pangangaral sa mga mananampalataya ay karaniwang maiiba rin sa pangangaral sa mga hindi mananampalataya.

## Mga Klase ng Sermon

Maraming iba-ibang klase ng sermon tulad din ng iba't ibang personalidad ng mga tagapangaral. Gayunman, ang mga sermon ay nahahati sa ilang pangkalahatang kategorya. Ang alinman sa mga pamamaraang tatalakayin sa ibaba ay maaaring gamitin kapwa sa maka-ebanghelista o sa pastoral na pangangaral.

### Topikal na Pangangaral

#### *Kahulugan ng Topikal na Pangangaral*

Ang topical sermon ay umiikot sa isang paksa o tema. Ang layunin ng sermon ay gumawa ng isang pangunahing punto. Ang balangkas ng sermon ay binubuo sa isang lohikal na paraan sa halip na buuin iyon mula sa isang partikular na teksto. Sinusuportahan ng

[61] Mga Gawa 11:22-24.
[62] Mga Gawa 20:18-35.

tagapangaral ang mga punto sa sermon gamit ang mga teksto na nakaugnay sa paksa mula sa ibang bahagi ng Biblia.

### *Kapakinabangan ng Topikal na Pangangaral*

Sa pagbibigay ng suportang Biblikal para sa isang topical sermon, maaaring gamitin ng sinuman ang pinakamahuhusay na talata sa partikular na paksang iyon sa halip na buuin ang punto mula sa isa lamang teksto sa Kasulatan. Sa isang topikal na Pangangaral maaaring buuin ng tema sa paraang kapag ang tao ay umalis sa pagtitipon alam niya nang malinaw kung ano ang pinag-usapan. Sa maraming dahilan, ang isang topikal na pangangaral ang pinakamadaling maunawaang klase ng sermon. Ang mga topikal na pangangaral ay mas madali at mas mabilis na naihahanda kaysa karamihan sa ibang klaseng mga sermon.

### *Mga Limitasyon ng Topikal na Pangangaral*

Ang pinakamalaking panganib ng isang topikal na pangangaral ay ang tinatawag na "pagpapatunay ng teksto". Ito ang paggawa ng balangkas ng isang sermon at pagkatapos ay ang paghahanap ng naaangkop na mga teksto sa Biblia upang suportahan ang mga puntos. Kung minsan nagagamit ang isang talata na hindi naman wasto ang kahulugan kung saan ito ginagamit bilang suporta.

Ang ikalawang limitasyon: Kapag ang mga tagapangaral na karaniwang nangangaral ng topikal na pangangaral ay karaniwang nagiging hindi balanse sa kanilang pangangaral. Kapag nangangaral ng topikal na pangangaral, ang mangangaral ay nangangaral tungkol sa mga bagay na malakas ang kanilang pakiramdam. Sa kabilang dako, kapag ang tao ay gumagamit ng expositional preaching, ang teksto mismo ang tumutulong upang tukuyin ang mga paksa at tema.

Pamagat: Mga Bukas na Pinto
Text: 1 Cor. 16:9; 2 Cor. 2:12-13; Pahayag 3:8

I. Hindi mo maaaring pasukin ang lahat ng bukas na mga pinto.

II. Ang mga bukas na pinto ay hindi laging dumarating sa pinakamatalino, pinakamalakas o sa pinaka- kwalipikado.

III. Saanman mayroong bukas na pinto, laging mayroong pagsalungat.

IV. Kailanman nagbubukas ang Diyos ng pinto, walang sinumang makapagsasara nito.

V. Ang mga tunay na pinto ng pagkakataon ay ang mga pintong binuksan ng Diyos at hindi ng tao.

Pamagat: Ang Kristiyanong Pilosopya ng Edukasyon
Text: Kawikaan 25:2

I. KAHULUGAN NG EDUKASYON

A. Paglilipat ng Impormasyon
B. Paghahanda para Sa Buhay
C. Pakikiayon sa Pamantayan ng Diyos

II. MGA PINAGMUMULAN NG EDUKASYON

A. Ang Magulang
B. Ang Pamayanan
C. Ang Iglesya

III. PAGLALARAWAN NG EDUKASYON

A. Ang Eukasyon ay Dapat Tingnan Bilang Normal

B. Ang Edukasyon ay Dapat Nagpapatuloy

1. Ang edukasyon ay nagsisimula bago pa man isilang at nagpapatuloy sa buong buhay.
2. Ang edukasyon ay sinasadya at hindi sinasadya.
3. Ang edukasyon ay karaniwang unti-unti.
4. Ang edukasyon ay para sa lahat.

C. Ang Edukasyon ay Dapat Holistic

1. Dapat kabilang sa edukasyon ang lahat ng disiplina ng kaalaman.
2. Dapat kabilang sa edukasyon ang lahat ng bahagi ng ating buhay.
3. Dapat kabilang sa edukasyon ang lahat ng klase ng mag-aaral.
4. Dapat kabilang sa edukasyon ang lahat ng tao sa ating buhay.

D. Dapat Balanse ang Edukasyon

1. Dapat magkaroon ng balanse sa pagitan ng proteksiyon at pagbubunyag.
2. Dapat magkaroon ng balanse sa pagitan ng teoriya at paglalapat nito.
3. Dapat magkaroon ng balanse sa pagitan ng positibo at negatibo.
4. Dapat magkaroon ng balanse sa pagitan ng pormal at hindi pormal na edukasyon.

## Tekstual na Pangangaral

### *Mga Katangian ng Textual na Pangangaral*

Ang isang textual sermon ay batay sa isang teksto o talata mula sa Biblia. Halimbawa, maaaring mangaral ang sinuman sa isang teksto, "Ang kabayaran ng kasalanan ay

kamatayan."[63] Sa isang textual sermon sa talatang ito, maaaring magsalita tungkol sa "kabayaran", "kasalanan," at "kamatayan". Ang tema at madalas ang pangunahing mga puntos ng sermon ay nanggagaling sa teksto. Ang mga katangian, kalakasan, at kahinaan ng isang textual sermon ay may malaking pagkakatulad sa isang topical sermon.

Ang mga taga-Africa at African-American ay nangangaral ng tekstual na pangangaral nang mas maraming beses kaysa ibang paraan, at napakaepektibo nila dito. Isa sa mga tradisyunal na anyo ng pagkatuto sa Africa ay ang kawikaan, isang maikli at natatandaang pangungusap na nagtuturo ng mga puntos ng karunungan. Ang tekstong Biblikal ay isa ring maikli at natatandaang pangungusap na nagtuturo ng mga puntos ng karunungan. Ginagamit ng tekatual na pangangaral ang tradisyunal na anyo ng pagtuturo; ito ang nagpapaganda sa tekstual na pangangaral.

Pamagat: "Ang binigyan ng maraming bagay ay hahanapan ng maraming bagay."
Text: Lucas 12:48

1. Ang ating tinatangkilik ("marami ang ibinigay")
2. Ang ating responsibilidad ("hahanapan ng maraming bagay")

Pamagat: Pamumuhay Bilang Bayan ng Diyos
Text: Roma 12:1b-2

1. Huwag kayong umayon sa paraan ng mundo
2. Magbago na
3. Ang kalooban ng Diyos
4. Ihandog ninyo ang inyong sarili sa Diyos

### Mga Biograpikong na Pangangaral

#### *Mga Katangian ng Biograpikong Pnangangaral*

Ang isang biograpikong pangangaral ay batay sa isang katauhan sa Biblia. Ang pangangaral ay nagbibigay diin sa mabubuti o masasamang katangian ng tauhan sa Biblia at magbibigay ng paglalapat sa buhay batay sa mga katangiang iyon. Ang isang biograpikong pangangaral ay isang pag-aaral sa karakter ng tao.[64]

Dahil ang mga tao ay mas interisado kaysa sa mga prinsipyo, ang biograpikong pangangaral ay mas tinatanggap kaysa sa ibang anyo ng mga sermon. Mayroong daan-daang tauhan sa Biblia na maaaring pagbatayan ng pangangaral ng mga biograpikong pangangaral. Halos ang lahat sa kanila ay naglalarawan ng positibo o negatibong mga katangian.

---

[63] Roma 6:23.
[64] Alfred P. Gibbs, *The Preacher and His Preaching,* (6th edition). (Kansas City: Walterick Publishers, n.d.), 283.

Ito ay napakaepektibong anyo ng pangangaral sa mga kulturang sanay sa mga kuwento. Ito ay isang napakanatural na anyo ng pangangaral at pagtuturo ng Biblia.

### *Mga Dahilan ng mga Biograpikong Pangangaral*

Karamihan sa mga tauhan para sa mga biograpikong pangangaral ay mga pamilyar sa tagapakinig. Mas madali nating naitutulad ang ating sarili sa mga tao sa Biblia kaysa sa mga pangkalahatang katuruan sa Biblia. Mas madaling makita ang mga prisipyo sa buhay ng mga tao kaysa sa mga pangkalahatang mga katuruan. Interesado ang mga tao sa ibang tao; kaya't ang mga biograpikong pangangaral ay nagiging mas interisado kaysa sa ibang klase ng sermon.

### *Mga Pamamaraan ng Paghahanda ng mga Biograpikong Pangangaral*

1. Mabilis na basahin ang Kasulatang tumatalakay tungkol sa tauhan, at itala ang mga katangian at mga kahinaan ng pangunahing tauhan na pinag-aaralan.
2. Pumili ng tatlo hanggang walong katangian na madaling ipaliwanag.
3. Iayos ito sa isang balangkas na magkakapareho at hindi nagbabago.
4. Magpatuloy sa pagkuha ng mga tala sa iyong muling pagbasa at pag-aaral sa talata.
5. Pagkatapos mong piliin ang mga pangunahing puntos, humanap ng dalawa o tatlong ibang Kasulatan na naglalarawan ng mga parehong prinsipyo.
6. Magbigay ng mga tiyak na aplikasyon ng mga prinsipyong inilarawan sa tauhan na iyong pinag-aaralan. Tiyakin na ang mga aplikasyon ay nakabatay sa teksto.

### *Mga Dapat Iwasan sa mga Biograpikong Pangangaral*

(1) Huwag gawing isang alegorya ang sermon.

Ang alegorya ay isang kuwento na nakadisenyo upang magturo ng isang moral na aral. Ang aral ay hindi nakikita sa Kasulatan mismo. Ang mga biograpikong pangangaral ay dapat nakapaglabas ng mga aplikasyon mula sa Kasulatan mismo sa halip na sa mga alegorikong pagbibigay kahulugan.

Sa kuwento nina David at Goliat, hindi natin dapat ipakilala si Goliat bilang si Satanas, si David bilang si Hesus, at ang bato bilang ang Salita ng Diyos. Sa halip, dapat nating subuking hanapin ang positibong katangian ng mga tauhan sa kuwento. Ang kuwento nina David at Goliat ay magtuturo ng mga aralin tulad ng katapangan, pananalig sa Diyos, pagtatalaga ng sarili sa isang layunin, at ang prinsipyo na ang Diyos ay gumagamit ng mahihinang mga bagay upang tuparin ang mga dakilang gawain.

(2) Huwag mong sobrang pilitin ang kuwento upang bigyang diin ang isang punto.

Ang mga punto na hinango sa isang kuwento ay dapat maging natural. Kapag naririnig ito ng mga tagapakinig, dapat madali nilang maiintindihan ang punto. Kapag sobra nating pilit na inilalabas ang punto ng paghahambing, malilito ang mga tagapakinig. Kapag mas natural na lumalabas ang mga punto mula sa kuwento, mas madali para sa tagapakinig na maunawaan at maisabuhay ang sermon.

Pamagat: Ang Alipin ni Naaman
Text: 2 Hari 5

"Anong klase ng aliping batang babae ang makahihikayat sa kanyang panginoon upang ito'y maglakbay patungong Israel ayon sa kanyang mungkahi?"

(1) Maaaring siya'y mapagpatawad.

> Siya'y ihiniwalay mula sa kanyang pamilya subali't handa siyang tulungan ang kanyang panginoon na gumaling mula sa karamdaman nito.

(2) Maaaring siya'y masipag.

> Walang panginoon ang maaaring makinig sa isang tamad na babae.

(3) Maaaring siya'y matapat.

> Kung nahuli siya ng kanyang panginoon na nagsisinungaling o nagnanakaw, hindi niya igagalang ang kanyang opinyon nang sabihin nito sa kanya ang tungkol sa propeta sa Israel.

Isang serye ng mga sermon para sa linggo ng pagbibigay diin sa espirituwal:

(1) Si Isaias, isang Lalaking Ginamit ng Diyos

(2) Si Jonas, Isang Lalaking Bahagyang Ginamit ng Diyos

(3) Si Gehazi, Isang Lalaking Maaari Sanang Ginamit ng Diyos

(4) Si David, Isang Lalaking Ginamit ng Diyos sa Maraming Henerasyon

### Mga Expositoryong Pangangaral

#### *Paglalarawan sa Expositoryong Pangangaral*

Ano ang expositoryong pangangaral? Ang sagot ay ipinakita sa isang pangyayari sa Nehemias. Pitong buwan matapos muling itayo ang mga pader ng lungsod, nagtipon-tipon ang mga tao para sa isang espesyal na pagdiriwang. Isa sa pinakamahalagang bahagi ng pagdiriwang ay ang pagbasa ng Batas ni Moses. Inilarawan ni Nehemias ang pangyayari nang ganito:

> "…tinulungan ng mga Levita ang mga tao upang maunawaan ang Batas, habang nananatili ang mga tao sa kanilang lugar. Bumasa sila mula sa aklat, mula sa Batas ng Diyos, malinaw, at ibinigay nila ang kahulugan, upang maunawaan ng mga tao ang binasa."[65]

"Ibinigay ng mga Levita ang kahulugan, upang maunawaan ng mga tao ang binasa". Ito ang layunin ng expositoryong pangangaral: gawing malinaw ang Kasulatan, upang maunawaan ng mga tao kung ano ang binabasa.

Ang exspositoryong pangangaral ay ang pagpapaliwanag ng kahulugan ng isang talata sa Kasulatan at ang paggawa ng mga angkop na aplikasyon. Karaniwang nililimitahan nito ang sarili sa ilang mga talata lamang. Sinisikap nito na bigyang pansin ang pinakamahalagang mga tema sa talatang iyon ayon sa pagkakasunod-sunod nila sa teksto. Hindi ito lumalaktaw sa alinman mula sa teksto o kaya'y nagdadagdag ng anuman dito. Ang exspositoryong pangangaral marahil ang pinakaunang klase ng pangangaral na pastoral sa iglesya. Kailanman ang mga iglesya o mga tagapanguna sa iglesya ay nakakatanggap ng liham mula sa mga apostol, maaaring binasa nila ito sa publiko at pagkatapos ay maikling ipinaliwanag ang kahulugan ng iba't-ibang bahagi ng liham.

Sa isang pagkakataon, tinulungan ko ang isang lalaki na ang anak na babae ay nakatanggap ng scholarship sa USA. Dinala niya ang liham mula sa unibersidad, at magkasama namin itong binasa. Pagkatapos ipinaliwanag ko sa kanya ang kahulugan ng iba't-ibang bahagi ng liham at kung ano ang dapat naming gawin bilang tugon.

Ito ang ginagawa ng tagapangaral ng exspositoryong pangangaral. Ang exspositoryong pangangaral ang pinakanatural at simpleng anyo ng pangangaral.

***Mga Uri ng Expositoryong Pnagangaral***

Maraming iba't-ibang type ng exspositoryong pangangaral. Pinili kong hatiin ang exspositoryong pangangaral sa tatlong kategorya.

(1) Maluwag na Pagpapaliwanag (Loose Exposition)

Sa maluwag na pagpapaliwanag, ang tagapangaral ay nagbibigay ng maiikling komento tungkol sa bawat talata sa isang buong kabanata o isang mahabang bahagi ng Kasulatan. Kung minsan tinatawag ko itong ang "Pamamaraang Lingguhang Pag-aaral." Ito ay ang pagbasa ng talata at pagkatapos ay ang pagbibigay ng pangkalahatang mga komento tungkol dito. Sa pamamaraang ito, pinipili ng tagapangaral ang mga mahahalagang puntos at tinatalalakay ang mga ito.

Sa mga unang henerasyon, epektibong ginamit ng African-American ang anyong ito ng pangangaral. Sa panahon iyon, maraming tagapangaral ang hindi marunong bumasa o sumulat, kaya't ang ginagawa nila, may isang tumatayong tagpagbasa sa kanilang tabi

[65] Neh. 8:7-8.

habang sila'y nangangaral. Ipinababasa ng tagapangaral sa tagabasa ang isang talata o isang bahagi sa isang talata. Pagkatapos ipapaliwanag ito ng tagapangaral at magbibigay siya ng mga aplikasyon mula sa talata. Pagkatapos, sasabihin niya, "Basa," at ang tagabasa ay magpapatuloy sa susunod na talata. Ang tagapangaral at ang tagabasa ay magpapatuloy sa ganitong nagsasalitang paraan ng pangangaral sa kabuuan ng sermon. Naging napakapopular ng ganitong anyo ng pangangaral kaya kahit ang mga kasunod na mga tagapangaral ay nakakabasa na, nagpatuloy pa rin sila sa ganitong pamamaraan ng pangangaral.

Paminsan-minsan ginamit ko rin ang pamamaraan ng maluwag na pagpapaliwanag ng pangangaral, partikular sa mga talata tulad ng Awit 73. Sa talatang ito, binabanggit ni Asap ang kanyang mga alinlangan. Tinatanong niya ang pagiging makatarungan ng Diyos na nagpapahintulot na umunlad ang masasama habang ang matuwid ay nagdurusa. Nagsimula si Asap sa mga alinlangan, subalit sa kalahatian ng kabanata, nagsimula siyang makita ang mga bagay ayon sa pananaw ng Diyos. Nagtatapos ang kabanata sa isang dakilang deklarasyon ng pananampalataya:

"Subali't para sa akin mabuti na maging malapit sa Diyos, ang Panginoong Diyos ang aking kublihan, upang masabi ko ang lahat ng iyong mga ginawa."[66]

Hindi nangangailangan ang sinuman ng isang fancy na balangkas sa pangangaral mula sa kabanatang ito. Ang "basahin at magkomento" na pamamaraan ay nakakatulong ding mabuti.

Naipapangaral ang Roma 14 gamit ang pamamaraang maluwag na pagpapaliwanag. Maraming beses ko nang naipangaral ang talatang ito at nakita ko na ang pamamaraang maluwag na pamamaraan ang pinakamabuting paraan upang ipaliwanag ang mga tungkulin ng mahihina at malalakas.

(2) Purong Pagpapaliwanag (Pure Exposition)

Sa purong pagpapaliwanag, tinatalakay ng mangangaral ang halos bawat isang salita, doktrina, o kaisipang nalalantad sa isang teksto. Dahil ang Biblia ay isang komprehensibong aklat, ang bawat kabanata ay puno ng maraming katotohanan. Napakadetalyado ang paggamit ng ganitong klase ng exposition. Kinakailangan ng mabuting kakayahan sa pagpapaliwanag ng Kasulatan at kagamitan upang talakayin ang isang talata sa ganito kahirap na pamamaraan.

Isipin ninyo ang pangungusap ni Pablo sa 2 Corinto 3:18:

> "At ngayong naalis na ang talukbong, nagniningning sa ating mukha ang kaluwalhatian ng Panginoon, binabago tayo mula sa isang antas ng kaluwalhatian hanggang tayo'y maging kalarawan niya. At ang kaluwalhatiang iyon ay nagmumula sa Panginoon na siyang Espiritu."

---

[66] Awit 73:28.

Sa talatang ito, maraming katotohanan ang ating matutuklasan sa pamamagitan ng maingat na pagsasaliksik. Ang pagkaalam sa kasaysayan at teolohiya ng "kaluwalhatian" mula sa Lumang Tipan, partikular ang insidente kung saan kinailangan ni Moses na takpan ang kanyang mukha matapos makipagkita sa Diyos sa Bundok ng Sinai ay makakatulong upang maunawaan natin ang sinasabi ni Pablo. Ang pag-aaral ng mga salita ng mga susing salita tulad ng "sumasalamin", "binabago", at "kalarawan" ay magbibigay ng masaganang mga katotohanan. Kung ang sinuman ay maayos na gagawin ang pagpapaliwanag at pagsasalin ng Kasulatan, mas higit pang maramig nilalaman ang talatang ito kaysa sa maipapangaral ng tao sa isang sermon.

(3) Mapakay na Pagpapaliwanag (Thematic Exposition)

Sa mapakay na pagpapaliwanag, namimili ang tagapangaral ng isang maikling bahagi ng Kasulatan tulad ng isang talata at gagamitin ang mga pangunahing tema sa seksiyong iyon. Tinatalakay nito ang mas maraming detalye kaysa sa maluwag na pagpapaliwanag, subalit hindi nito tinatalakay ang bawat salita o kaisipan sa Kasulatan. Sa uring ito ng pagpapaliwanag, ang sermon ay binubuo sa paligid ng pinakamahalagang tema sa seksiyon. Ang mga detalyeng sumusuporta sa tema ay binibigyang diin. Ang mga detalyeng hindi nakakadagdag sa temang iyon ay hindi na o bahagya lamang binabanggit.

Ito ang klase ng exposition na pinakamadalas kong ginagawa. Sa isang sermon sa tatlo o apat na talata, mahirap talakayin ang bawat posibleng kaisipan, subali't maaari mong ipaliwanag at bigyang aplikasyon ang mga pangunahing kaisipan. Naniniwala ako na ang mapakay na pagpapaliwanag ang pinakanatural na anyo ng pangangaral. Napananatili nito kung saan nakatuon ang sermon, gayundin natatalakay ang pinakamahahalagang katotohanan sa teksto ayon sa pagkakasunod-sunod na orihinal na ibinigay ang mga ito.

Pamagat: Si Epafrodito, isang Pangkaraniwang Kristiyano
Text: Filipos 2:25-30

Si Epafrodito ay isang karaniwang mananampalataya na isinugo mula sa iglesya sa Filipos upang tulungan si Pablo habang ito'y nakabilanggo sa tahanan sa Roma. Pagkalipas noon, pinabalik siya ni Pablo sa Filipos na dala ang liham para sa mga taga-Filipos. Sa liham na iyon iniukol niya ang isang paragraph upang ilarawan ang gawain ni Epafrodito.

- Kalakip ng buhay Kristiyano ang pagiging kapatid:"aking kapatid."
- Kalakip ng buhay Kristiyano ang Gawain:"kamanggagawa."
- Kalakip ng buhay Kristiyano ang pakikipaglaban:"kasamang kawal."
- Kalakip ng buhay Kristiyano ang paglilingkod sa iba:"inyong mensahero."
- Kalakip ng buhay Kristiyano ang mga hindi inaasahang pangyayari:"siya ay nagkasakit."
- Kalakip ng buhay Kristiyano ang karangalan at respeto:"igalang ninyo ang ganitong mga tao."
- Kalakip ng buhay Kristiyano ang pagsasakripisyo:"halos siya'y mamatay... inilagay sa panganib ang kanyang buhay"

Pamagat: Kapag Hindi Sumasagot ang Diyos sa Panalangin
Text: 2 Cor. 1:3-10

Ito ay isang usapin na laging nahihirapan ang mga tao. Nais nilang malaman kung bakit hindi lagging sinasagot ng Diyos ang kanilang mga panalangin. Ayon sa talatang ito, hindi laging sinasagot ng Diyos ang ating mga panalangin sa tatlong iba't-ibang kadahilanan:

1. Upang Ihanda Tayo sa Paglilingkod.

   2 Corinto 1:4, "Na umaaliw sa atin sa lahat ng ating mga kapighatian, upang tayo rin ay makapagbigay kaaliwan sa nahahapis."

2. Upang Ipakita Ang Kanyang Biyaya.

   2 Corinto 1:5-6, pansinin ang mga salita "para sa inyong kaaliwan."

3. Upang Ipahayag ang Kapangyarihan ng Diyos.

   2 Corinto 1:9, "Subali't nangyari iyon upang huwag kaming manalig sa aming sarili, kundi sa Diyos na muling bumubuhay sa mga patay."

**De Seryeng Expositoryong Pangangaral**

Ang de seryeng expositoryong pangangaral ay paghahayag ng isang serye ng mga sermon mula sa isang aklat o isang bahagi ng Kasulatan, isang talata o isang talata sa bawat pagkakataon. Halimbawa, ang unang sermon sa isang serye sa Ebanghelyo ni Marcos ay magsisimula sa Kabanata 1:1 at marahil tatalakay sa pagpapakilala sa aklat. Ang susunod na sermon ay maaaring magmula sa 1:2-5 at ang susunod ay magmumula sa 1: 6-11. Gagawa ang tagapangaral ng serye ng mga sermon mula sa aklat isang talata sa bawat pagkakataon.

Ito ang klase ng pangangaral na pampastor na ginawa ko sa halos kabuuan ng aking ministeryo bilang pastor. Halimbawa, nang ako'y naglilingkod bilang nakatataas na pastor ng isang iglesya, nangaral ako gamit ang mga sumusunod na mga aklat.

- 15 na pangangaral sa Santiago
- 25 na pangangaral sa 1 at 2 Tesalonica
- 62 na pangangaral sa Mga taga-Galacia
- 32 na pangangaral sa Filipos
- 102 na pangangaral sa Ebnghelyo ni Marcos

***Mga Dahilan sa Paggamit ng Pagpapaliwanag***

(1) Tumutulong ang expositoryong pangangaral sa iyo upang ituro ang katotohanan ng Biblia.

Kinukuha ng expositoryong pangangaral ang mga pangunahing puntos nito mula sa teksto mismo nang hindi pinipilit ang Kasulatan. Sa ganitong paraan nasasabi ng talata kung ano ang natural nitong sasabihin. Sinabi ni Hesus, "Malalaman ninyo ang katotohanan at ang katotohanan ang siyang magpapalaya sa inyo."[67] Isa sa pinakamabuting paraan upang ipakita ang katotohanan ng Biblia ay ang pag-aaral dito isa-isang talata lamang at ipapaliwanag ang kahulugan nito.

(2) Tumutulong ang expositoryong pangangaral sa iyo upang bigyang diin kung ano ang binibigyang diin ng Kasulatan.

Kung habang nangangaral si Paul sa Roma at binanggit niya ang isang doktrina nang isang beses lamang, gayundin isang beses mo lang din iyong ipapangaral. Subali't kung binanggit niya ang isang doktrina nang sampung beses, sagayun, mayroon ka ring pagkakataon upang iyon ay banggitin nang sampung beses. Naniniwala kong maraming mabubuting katotohanan ay nagiging mali dahil maling pagbibigay-diin ang ibinibigay sa mga ito. Nang ako'y mangaral sa Ebanghelyo ni Marcos, sa tuwing pagkakataon na nagpagaling si Hesus, mayroon akong pagkakataon upang mangaral tungkol sa pagpapagaling. Sa tuwing babanggitin ni Hesus ang panalangin, nakakapangaral ako

[67] Juan 8:32.

tungkol sa pananalangin. Sa bawat pagkakataon na hinikayat ni Hesus ang mga tao upang magsisi, mayroon akong pagkakataon upang hikayatin ang mga tao upang magsisi.

(3) Tumutulong ang expositoryong pangangaral upang ikaw ay magkaroon ng sariwang kaisipan at malikhain.

Madali para sa isang tagapangaral na makalikha ng isang gawaing nakasanayan at ipangaral ang parehong tema sa lahat ng pagkakataon. Gayunman, kapag ang isang tao ay gumagamit ng de seryeng pagpapaliwanag, mapipilitan siyang lumikha ng bagong kasangkapan. Ang proseso ng pagbuo ng bagong kasangkapan ang magpapanatili ng pagkatuto at paglago. Sa gayun makatatayo siya sa harap ng pulpito nang may sariwang kaisipan at kasiglahan.

(4) Tumutulong ang pangangaral na expository upang makapagbigay ka sa mga tao ng iba't-ibang espirituwal na pagkain.

Kung hahayaan ng mga mangangaral ang kanilang sariling personal na interes upang idikta kung ano ang kanilang ipapangaral, malamang sa paulit-ulit lamang nilang ipapangaral ang parehong tema. Subali't kung ang gagawin nila ay de seryeng pagpapaliwanag, tatalakay sila ng maraming iba't-ibang paksa, at ito'y magbibigay sa kanilang tagapakinig ng mas balanseng espirituwal na pagkain. Ito ay pipilit sa mga tagapangaral na mangaral tungkol sa mga temang hindi nila ordinaryong ipinapangaral o komportableng sa kanilang pakiramdam. Ito ay magpapanatili sa kanilang patuloy na pagkatuto at tutulong sa kanila sa kanilang sariling paglagong espirituwal.

(5) Tumutulong ang expositoryong pangangaral upang maalis ang suliranin ng pag-iisip kung ano ang ipapangaral.

Pangkaraniwan na sa bawat pastor ang umaabot sa Sabado nang gabi na nag-iisip pa rin kung ano ang kanyang ipapangaral sa susunod na araw. Kapag ang pastor ay gumagamit ng de seryeng pangangaral, hindi lamang sa alam na nila kung ano ang kanilang ipapangaral sa darating na Linggo kundi para sa marami pang Linggong darating. Ito ang isang kalamangan para sa mga musikero at iba pang nakikibahagi sa gawain ng iglesya, dahil maaari nilang iangkop ang kanilang mga bahagi sa gawain ayon sa kung ano ang ipapangaral ng pastor sa araw na iyon.

(6) Tumutulong ang expositoryong pangangaral upang harapin ang mahihirap na mga paksa sa natural na paraan.

Kapag nalalaman ng pastor na mayroong suliranin sa kanilang iglesya, sila ay natutuksong mangaral mula sa "impormasyon" sa halip na sa "inspirasyon." Isa sa pinakamadaling paraan upang mawalan ng respeto sa isang pastor ay kapag nagkaroon ka ng reputasyon ng "pangangaral kay…" sa ilang partikular na tao sa iglesya dahil ang pakiramdam nila sila ay ibinukod upang pangaralan tungkol sa kanilang kasalanan. Gayunman, kapag nangangaral ang isang mangangaral tungkol sa tema ayon sa pagkakasunod kasunod sa Kasulatan, mahirap siyang akusahan ng "pangangaral kay..."

sa isang partikular na tao. Tumutulong ang pangangaral na expository upang talakayin ang mahihirap o sensitibong mga paksa sa isang natural at hindi nakakasakit na paraan.

Namamangha ako na makita kung paano kumikilos sa kanyang kapangyarihan ang Diyos para sa akin upang ipangaral ang ilang tiyak na paksa sa tamang pagkakataon, kahit na ang tema ay simpleng tama lamang na siyang kasunod habang akong nangangaral sa isang partikular na aklat. Alam ng Diyos kung sino sino ang darating sa ating mga gawain, at nalalaman rin niya kung kailan ko ipapangaral ang isang sermon. Madalas pingsasama niya ang mga ito sa paraang maaari lamang maunawaan bilang isang gawin ng Ina.

(7) Nakakatulong ang expositoryong pangangaral upang makapangaral nang may mas higit na awtoridad.

Kapag tayo'y palagiang nangangaral mula sa Biblia, nagbibigay ito ng isang antas ng awtoridad na hindi natin nakukuha kapag tayo'y nangangaral ng topikong pangangaral. Kapag ang lahat ng mga puntos ng sermon ay nagmumula sa teksto sa paraang madali itong nakikita ng tagapakinig, nakakatulong ito upang kumbinsihin ang nakikinig na ang sermon ito ay mula sa Diyos at hindi mula lamang sa tao. Madaling sabihin na, *"At sinasabi ng Panginoon"* kapag gumagamit ka ng pangangaral na expository.

(8) Lubos na nagagamit ng expositoryong pangangaral ang iyong oras at mga mapagkukunan.

Kapag ikaw ay lubos na nangangaral sa isang libro, ang lahat ng impormasyon ng pinagmulan ay maaaring gamitin sa kabuuan ng aklat. Maaari kang gumamit ng mga komentaryo para sa mas malaking kapakinabangan. Kapag ikaw ay nangangaral mula sa isang malaking libro halimbawa ay isa sa mga ebanghelyo, ang kakayahang magamit ang parehong mapagkukunan kahit sunod sunod na linggo ay makakatipid sa oras at mapagkukunnan.

## Konklusyon

Walang tama o maling pamamaraan ng pangangaral. Ang conscientious na mangangaral ay dapat pumili ng pinakamabuting pamamaraan na angkop sa okasyon, sa tagapakinig, ang mensahe at ang kanyang sariling personal na istilo. Maaari at ginagamit ng Diyos ang lahat ng pamamaraan ng pangangaral. Dapat mong subukin ang iba't-ibang istilo ng pangangaral upang matagpuan ang istilo na pinakaangkop sa iyong personalidad at tagapakinig.

## Mga Takdang Aralin

(1) Kumuha ng pagsusulit sa araling ito.

(2) Pagsasanay sa paghahanda ng Sermon. Tinukoy ni Dr. McCain ng iba't-ibang istilo ng mga sermon. Upang mas maunawaan ang pagkakaiba sa pagitan ng bawat istilo, maghanda ng isang balangkas na nakasulat para sa bawat isang klase ng sermon.

- Topikal pangangaral
- Tekstual pangangaral
- Biograpikong pangangaral
- Isang expositoryong pangangaral

(3) Piliin ang isa sa mga sermon na inihanda mo sa Takdang-Aralin 2. Iprisinta ito bilang isang 8-10 minutong sermon sa harap ng klase. Ang bawat miyembro ng klase ay magsasagot ng isang assessment form na nasa likod ng gabay sa kursong ito. Sa pag-aaral sa assessment ng iyong mga kamag-aral, maaari mong i-evaluate ang iyong kakayahang epektibong mag-communicate.

## Mga Tanong sa Pagsusulit sa Aralin 3

(1) Ang pakahulugan ni Thabiti Anyabwile sa pangangaral ay "Ang ___________ na nagsasalita sa kapangyarihan ng kanyang ____________ tungkol sa kanyang ________ mula sa kanyang ________ sa pamamagitan ng _________ sa ____________."

(2) Ang mensaheng ipinangaral ng unang iglesya ay tinatawag na _______________.

(3) Ang layunin ng isang pangangaral na_______________ ay hikayatin ang tagapakinig upang gumawa ng desisyon na tanggapin si Hesus bilang kanyang sariling Tagapagligtas.

(4) Ang ________________na pangangaral ay karaniwang nakatuon sa isang Kristiyanong kongregasyon.

(5) Ang _______________ pangangaral ay binuo sa paligid ng isang paksa o tema.

(6) Ang ______________ pangangaral ay batay sa isang teksto o talata.

(7) Ang _______________ pangangaral ay binuo sa paligid ng kuwento ng isang tauhan sa Biblia.

(8) Ang layunin ng _________________ pangangaral ay gawing "malinaw ang Kasulatan, upang maunawaan ng mga tao kung ano ang binabasa."

# Aralin 4
# Ang Mga Mekanika ng Pangangaral

## Mga Layunin ng Aralin

Kapag natapos ang aralin, ang mag-aaral ay dapat:
(1) Matutuhan at maisagawa ang batayang mga hakbang sa paghahanda ng sermon.
(2) Matutuhan at maisagawa ang proseso ng paggawa ng balangkas ng isang sermon.
(3) Matutuhan at maisagawa ang proseso ng paghanap ng angkop na mga ilustrasyon para sa isang sermon.
(4) Matutuhang magtago ng mabubuting talaan ng mga sermon.

## Pasimula

Sa Aralin 1, nakita natin na ang Diyos ay isang komunikador, at ginagamit ng Diyos ang komunikasyon ng tao upang tuparin ang kanyang mga layunin. Sa Aralin 3, nakita natin na pinili ng Diyos ang "kahangalan ng ating ipinapangaral upang iligtas ang mga sumasampalataya."[68] Sa Aklat ng mga Gawa, nakita natin na ang Diyos ay kumilos sa pamamagitan ng pangangaral ng mga lalaking tulad nina Pedro, Esteban, at Pablo upang abutin ng Ebanghelyo ang mundo.

Mahalaga ang pangangaral. Tayo na mga tinawag upang mangaral ay may tungkuling mangaral nang epektibo hanggang sa abot ng ating makakaya. Bagaman ang kapangyarihan sa pangangaral ay ultimong nagmumula sa paghirang ng Banal na Espiritu,dapat tayong maghanda sa pinakamabuting maaabot ng ating kakayahan. Ang tagapangaral ay dapat magsikap upang maging "isang manggagawang walang ikahihiya, matuwid na itinuturo ang salita ng katotohanan."[69]

Ang pangangaral ay isang kakayahang maaaring paunlarin. Tulad ng iba pang kakayahan, gumagamit ang pangangaral ng mga tiyak na kasangkapan at mga pamamaraan. Sa mga susunod na pahina, sisikapin kong akayin ang tagapangaral sa landas ng mga mekanika na kaugnay sa paghahanda, pagpiprisinta at pagtatago ng mga sermon. Hindi nito pinapalitan ang ating pagtitiwala sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Gayunman, inihahanda tayo nito upang maging mga lalagyan kung saan maaaring kumilos ang Espiritu.

[68] 1 Cor. 1:21.
[69] 2 Tim. 2:15.

## Mga Ginagawa Bago Maghanda Para sa Sermon

### Sumulat ng mga Tala

Kapag nalalaman mo na mangangaral ka sa isang tiyak na talata o tema, magsimula kang sumulat ng anumang ideya na naiisip mo tungkol sa talata o temang iyon. Maaari kang sumulat ng mga tanong, mga karugtong na bahagi o mapagkukunan mula si Biblia, obserbasyon, mga sipi, mga pagsasabuhay, mga ilustrasyon, mga kuwento, o anumang kaisipang dumarating sa iyong isip. Isulat mo ang mga ideyang ito habang iniisip mo ang mga ito, nang hindi sinisikap na isaayos ang mga ito. Isasaayos mo ang iyong mga ideya sa ibang panahon, subali't sa oras na ito dapat mong kunin ang mga ideya nang nakasulat sa pinakamabilis at pinakahustong detalye ayon sa kakayahan.

Sa iyong pagsusulat ng mga kaisipan, magtuon ng pansin sa dalawang bagay:

1. **Mag-eksperimento sa mga tema**. Sumulat ng ilang posibleng tema. Magpatuloy sa pagsulat hanggang makita mo ang pinakaangkop sa iyong sermon.

2. **Mag-eksperimento sa mga balangkas**. Hanggang lumalapit ka sa pagbuo ng iyong tema, mas nagiging handa ka sa paghahanda ng balangkas. Ang bawat mabuting balangkas ay magkakaroon ng dalawa hanggang limang puntos, kaya't magpatuloy sa paglilista ng mga puntos na maaaring maging puntos sa iyong balangkas.

Maaari kang sumulat ng ilang pahina ng impormasyon. Ang impormasyong ito ay maaari o hindi man na magamit sa iyong buong sermon, subali't ang mga tala na ito ang hihikayat sa iyong pagiging malikhain habang ikaw ay naghahanda ng iyong sermon.

### Isulat ang Tema para sa Sermon

Ang tema ay kung ano ang nais mong sabihin o nais matupad sa iyong sermon. Dapat mong isulat ang tema sa isang pangungusap o sa isang maikling talata. Kapag nakapagpasiya ka na sa tema, ang lahat ng ibang parte ng sermon ay dapat magkaroon ng kaugnayan sa temang iyon. Ang bawat punto at pumapangalawang punto, ang bawat ilustrasyon, at ang bawat punto ng aplikasyon o pagsasabuhay ay dapat nakaugnay sa anupamang paraan sa tema.

Ang tema ay tulad ng target na iyong tutudlain. Ayon sa isang kawikaang Amerikano, "Kung wala kang tiyak na tutudlain, maaari mo iyong tamaan." Kung wala kang tiyak na ninanais na matupad sa iyong sermon, hindi gaanong marami ang iyong matutupad.

Ang tema ay ang parte ng sermon na paulit-ulit mong binabanggit. Sa dulo ng bawat pangunahing punto at kung minsan kahit sa gitna ng mga puntos, uulitin mo ang tema. Kung maayos mong nabuo ang sermo, lagi itong naaangkop.

► Basahin ang sumusunod na mga teksto sa Kasulatan: Galacia 5:16-26; Filipos 2:1-11; Pahayag 3:14-22. Para sa bawat teksto, sumulat ng tema sa isang pangungusap na naaangkop para sa sermon ayon sa teksto.

**Sumulat ng Simpleng Balangkas para sa Sermon**

***Ang balangkas ay dapat batay sa tema***

Ang bawat punto at pumapangalawang punto ng balangkas ay dapat batay sa temang pinili mo para sa sermon. Nakakatulong ito upang i-focus ang isip ng kongregasyon sa pangunahing mensahe na nais mong iparating.

Basahin ang Awit 146 at pagkatapos ay pag-aralan ang balangkas na ito para sa sermon na may pamagat na , "Purihin ang Panginoon." Ang tema ng expositoryong pangangaral na ito ay pagpupuri para sa Panginoon.

Pansinin na ang lahat ng apat na pangunahing puntos ay nakaugnay sa tema ng pagpupuri sa Panginoon. Kung ikaw ay nangangaral patungkol sa pagpupuri sa Panginoon, hindi magiging angkop na maglagay doon ng isang punto patungkol sa kahalagahan ng bawtismo. Ang bawat punto sa balangkas ay dapat nakabatay sa tema ng sermon.

Pamagat: Purihin ang Panginoon
Text: Awit 146

A. Pinupuri Natin ang Diyos sa Kung Sino Siya (146:1-5).

1. Siya si Yahweh (146:2a).
2. Siya ay Elohim (146:2b).
3. Siya ang Diyos ni Jacob (146:5).

B. Pinupuri Natin ang Diyos dahil sa Kanyang Ginawa (146:6a).

1. Nilikha ng Diyos ang kalangitan.
2. Nilikha ng Diyos ang daigdig.
3. Nilikha ng Diyos ang dagat.
4. Nilikha ng Diyos ang lahat ng iba pang bagay.

C. Pinupuri Natin ang Diyos dahil sa Kanyang Ginagawa (146:6b-9).

1. Iniingatan Niya ang katotohanan (146:6b).
2. Iginagawad niya ang kahatulan para sa mga inaapi (146:7a).
3. Nagbibigay Siya ng pagkain sa mmga ngugutom (146:7b).
4. Pinalalaya niya ang mga bilanggo (146:7c).
5. Nagbibigay Siya ng pisikal na kagalingan (146:8a).
6. Pinalalakas Niya ang kalooban ng mga nanghihina ang loob (146:8b).
7. Minamahal Niya ang matuwid (146:8c).
8. Tinutulungan Niya ang nangangailangan (146:9a).
9. Pinahihirapan Niya ang masasama (146:9).

D. Pinupuri Natin ang Diyos dahil sa Kanyang Gagawin (146:10).

1. Ano ang gagawin ng Diyos? "Ang Panginoon ay maghahari magpakailanman…"
2. Ano ang dapat nating maging tugon? "Purihin ang Panginoon."

***Ang balangkas ay dapat magtaglay ng magkakaagapay na kaisipan.***

Ang karaniwang pagkakamali ng mga tagapangaral ay ang paghahanda ng mga balangkas na hindi magkakaagapay. Kapag ganito ang paraan, nahihirapan ang mga tagapakinig na sundan ang kaisipan ng sermon. Tingnan ang balangkas ng sermon na may pamagat na "Si Cristo Hesus: Isang Maunawaing Punong Saserdote" batay sa Hebreo 8.

Pamagat: Si Cristo Hesus: Isang Maunawaing Punong Saserdote
Text: Hebreo 8

A. Ang Pagiging Pari sa Pagsamba ng Israel

1. Tatlong tungkulin sa Israel.

    a. Ang Hari
    b. Ang Propeta
    c. Ang Saserdote

2. Ministeryo ng pari sa Pagsamba sa Israel

B. Si Hesus – Ang Perpektong Punong Saserdote

1. Si Hesus: Ang Punong Saserdote na Nilikha ng Diyos
2. Si Hesus: isang Perpektong Sakripisyo
3. Direktang nagtungo si Hesus sa presensiya ng Diyos sa Kalangitan, ang Walang Hanggang Tabernakulo

C. Si Hesus – Ang Perpektong Tagapamagitan

1. Si Hesus ang tagapamagitan sa Diyos at sa tao.
2. Taglay Niya ang perpektong pag-unawa ng tao at maaari Niyang matapat na maging kinatawan ng tao sa harap ng Diyos.

May dalawang suliranin sa balangkas na ito:

1. Ang ikalawa at ikatlong pangunahing puntos ay magkaagapay sa isa’t-isa, subali’t hindi ito magkaagapay sa unang punto.

2. Sa ilalim ng ikalawang pangkalahatang punto, mayroong tatlong kasunod na mga punto sa ilalim. Ang unang dalawa ay magkaagapay; mayroon silang “si Hesus” na may tutuldok pagkatapos ng salita at pagkatapos ay isang paglalarawan kay Hesus. Gayunman, ang ikatlong punto ay isang buong pangungusap.

Ihambing ang sermong ito sa sermon na may pamagat na “Purihin ng Panginoon.” Makikita mo na ang naunang sermon ay mas madaling sundan.

1. Ang bawat pangunahing punto ay nagsisimula sa phrase na “Pinupuri natin ang Diyos dahil sa…."

2. Ang mga kasunod na puntos sa ilalim ng bawat pangunahing puntos ay magkaagapay sa isa’t-isa.

    - Ang unang set ay nagsisimula sa phrase na “Siya ay..”.
    - Ang ikalawang set ay nagsisimula sa phrase na “Nilikha ng Diyos..”

- Ang ikatlong pangkat ay may "Siya ay.." kasama ng isang pandiwang pangkasalukuyan tulad ng "Iniingatan Niya" at "Hinahatulan Niya."

Maraming benepisyo ang pagsusulat ng malinaw na balangkas batay sa tema ng iyong sermon.

1. **Nagbibigay ng istruktura sa iyong sermon ang pagbabalangkas**. Ang balangkas ay isang plano ng pag-oorganisa.

2. **Pinananatili ng pagbabalangkas ang pagtuon mo ng iyong pansin sa pangunahing tema**. Kung wala kang mabuting balangkas na gagabay sa iyo, madaling mapalayo mula sa paksa. Gayunman, ang isang malakas na balangkas na binuo ayon sa tema ay magpapanatili ng focus ng sermon.

3. **Tumutulong ang pagbabalangkas upang maunawaan at matandaan ng tagapakinig ang sermon**. Bagaman hindi nilanakikita ang balangkas, mararamdaman nila ang pagkakaayos nito. Ang isang mabuting balangkas ay nakatutulong sa tagapakinig upang maalala nang mas matagal ang sermon dahil ang balangkas ay nagpapatibay sa tema. Kapag nagagawa nating madaling maalala ang mensahe ng sermon, makapagsasalita ang Diyos sa katotohanan sa mga tagapakinig sa maraming araw pa pagkatapos nating mangaral.

Nangangailangan ng dagdag na trabaho ang isang mabuting balangkas, subali't sulit naman iyon sa huli. Ito ang mahirap na parte ng gawain ng pagiging "*isang manggagawang walang dapat ikahiya*." Ang kabutihan lamang, mas matagal kang nagtatrabaho dito, nagiging mas madali ang gawain.

► Upang maintindihan kung paano nakakatulong sa atin ang modelo upang maalala ang impormasyon, sikaping isaulo ang bawat isa sa mga sumusunod na lista. Alin ang mas madali? Bakit?

Mga Bilang: 24, 15, 3, 30, 9, 6, 18, 27, 12, 21
Mga Bilang ayon sa pagkakasunod-sunod (bumilang ng tatlo tatlo):
3, 6, 9, 12, 15, 18, 21, 24, 27, 30

Mga Pangalan: Ezra, Cain, Balaam, Gabriel, David, Felix, Adam
Mga Pangalang sunod-sunod ayon sa alpabeto:
Adam, Balaam, Cain, David, Ezra, Felix, Gabriel

## Pagsusulat ng Sermon

### Sumulat ng Mas Pinahabang Balangkas para sa Sermon

Pinalalawak ng pinahabang balangkas ang balangkas na nasimulan mo na. Ang balangkas na ito ay gumagamit ng mga buong pangungusap subali't inaayos nito ang mga kaisipan sa isang anyong balangkas sa halip na sa isang anyong talata. Ang pinahabang balangkas ay madaling gamitin sa pulpito. Kapag mayroon kang mga puntos, mga

pumapangalawang puntos at ibang detalye na nakaayos sa ilalim ng punto na sinusuportahan nila, madaling makita ang punto at mga pumapangalawang puntos na kailangang gawin.

***Sumulat ng Pasimula***

Dapat mong isulat nang buo ang iyong pasimula. Ang pasimula ang unang bagay na maririnig ng tagapakinig. Kapag hindi mo nahuli ang atensiyon ng tagapakinig sa unang ilang minuto, maaaring hindi ka na magkaroon ng pagkakataon na makuha ang kanilang atesiyon. Kahit hindi mo isusulat ang iyong buong sermon, mabuting isulat mo ang iyong pasimula dahil napakahalagang bahagi ito ng iyong buong sermon.

Ang pasimula sa aking sermon ay maglalaman ng mga sumusunod na pangkalahatang tala:

(1) Teksto mula sa Kasulatan

(2) Pambungad na Pananalita (kung minsan ay kabaligtaran ng teksto)

(3) Tema

Isinusulat ko ang temang balak kong gamitin sa sermon. Kung minsan, sinasabi ko sa tagapakinig kung ano ang tema; kung minsan naman ay hindi. Gayunman, nangingibabaw iyon sa aking balangkas upang ipaalala sa akin kung ano talaga ang nais kong talakayin.

(4) Pinagmulang Impormasyon

Dito nagbibigay ako ng detalye ng pinagmulang impormasyon na kinakailangang malaman ng tagapakinig upang maunawaan ang sermon. Kabilang dito ang detalye ng background ng Kasulatan. Maaari ring kabilang dito ang mga personal na detalye tulad ng kung paano ko pinili ang tekstong ito. Maaaring ito'y isang pangungusap tungkol sa pagtitipon kung saan ako nagsasalita, lalo na kung ako ay binigyan o may itinakdang paksa o teksto.

***Palawakin ang iyong orihinal na balangkas gamit ang mas maraming detalye.***

Sa hakbang na ito, magdaragdag ka ng mga detalye sa iyong orihinal na balangkas. Sa isang pinahabang ayos ng balangkas, gumagamit ka ng mga buong pangungusap na nagpapakita ng bawat mahalagang punto sa iyong sermon. Ang sumusunod ay isang angkop na pagkakatitik at pagkakabilang na paraan sa pagbabalangkas ng mga puntos at sub-points:

| Pinahabang Anyo ng Balangkas |
|---|
| I. PANGUNAHING PUNTO SA BALANGKAS |
| A. Pangunahing Punto |
| 1. Pumapangalawang Punto |
| a. Detalye |
| (1) Dagdag na detalye |
| (*a*) Dagdag na mga Kaisipan |
| (i) Iba pang kaisipan |
| (ii) Iba pang kaisipan |
| (*b*) Dagdag na mga Kaisipan |
| (2) Dagdag na mga Detalye |
| b. Mga Detalye |
| 2. Pumapangalawang Punto |
| B. Pangunahing Punto |
| II. PANGUNAHING PUNTO SA BALANGKAS |

**Humanap ng mga Angkop na Paglalarawan**

Isa sa pinakamalaking pagkakaiba ng isang mabuting sermon at ng isang mahinang sermon ay ang paraan kung paano ang mga ito ay inilarawan. Sinabi ni Charles Spurgeon, "Ang sermon ang bahay. Ang mga paglalarawan ang mga bintana na nagpapapasok ng liwanag." Ang mga ilustrasyon ang nagbibigay liwanag at nagiging mas komportable ang kuwarto. Ang isang bahay na walang bintana ay nakapanlulumong lugar.

Maraming kabutihang idinudulot ang mga kuwento sa isang sermon.

1. **Lumilikha ng interes ang mga kuwento**. Karaniwang nakikinig nang mas mabuti ang mga tao kapag ikaw ay nagkukuwento.

2. **Nagpapabuti sa pag-unawa ang mga kuwento**. Madalas mas mauunawaan ng mga tao ang iyong sermon bilang resulta ng isang mabuting kuwento.

3. **Tumutulong ang mga kuwento sa aplikasyon**. Ang isang mabuting kuwento ay tumutulong sa iyong tagapakinig upang maunawaan kung paano gagamitin ang mga aral sa sermon sa kanyang sariling buhay.

4. **Pinatataas ng mga kuwento ang ating memorya**. Maaalala ng isang tagapakinig ang kuwento sa mahabang panahon kahit matagal na niyang nalimutan ang balangkas ng sermon. Ang isang kuwentong maingat na pinili ay malinaw na maglalarawan sa mensahe ng sermon kaya't kapag naaalala ng tagapakinig ang kuwento, naaalala rin niya ang tema ng sermon.

5. **Ang mga kuwento ay likas na pamamaraan sa pagtuturo**. Sanay ang mga tao na makarinig ng mga kuwento at sila ay tutugon ng positibo sa mga ito. Ang mga pinakamahuhusay na tagapangaral at tagapagturo ay iyong nakapagbibigay ng magagandang kuwento. Hindi pa ako nakakilala ng sinumang tao na hindi nakagugustong makarinig ng mabuting kuwento.

Si Hesus ang dalubhasa sa paggamit ng mga kuwento at mga paglalarawan. Nagkuwento siya mula sa kasaysayan, nagkuwento tungkol sa pang-araw-araw na buhay, at mga tradisyunal na kuwento na alam na alam sa kanyang kapanahunan. Gumamit di siya ng mga salitang-palarawan mula sa lahat ng antas ng buhay upang tulungan ang kanyang mga tagapakinig na maunawaan ang kanyang mensahe.

Bakit maraming ikinuwento si Hesus? Dahil Siya ang Manlilikha at nauunawaan niya ang ating kalikasan. Nauunawaan niya na pinakabuti tayong matututo sa pamamagitan ng mga kuwento.

► Upang maunawaan kung paano tumutulong ang mga kuwento upang maalala natin ang aral, isipin ninyo ang bawat isa sa mga kuwentong ito ni Hesus. Huwag ninyong hahanapin ang kuwento sa Biblia, naaalala ba ninyo ang aral na itinuro ni Hesus gamit ang kuwento?

- Ang Mabuting Samaritano
- Ang Alibughang Anak
- Ang Lalaking Mayaman at si Lazaro
- Ang Publikano at ang Pariseo na Nananalangin

Nagsisikap akong mabuti sa pagiipon ng mabubuting mga ilustrasyon at paggamit ng mga ito sa aking mga sermon. Isinusulat ko nang buo ang mga kuwento, upang alam ko kung paano ko iyon ikukuwento sa pulpito.

Bagaman hindi ko madalas inuulit ang mga sermon, paulit-ulit kong ginagamit ang mga kuwento. Kapag nakabuo ka ng mabuting kuwento bilang ilustrasyon ng isang tiyak na punto, walang dahilan upang hindi mo muling gamitin ang kuwento upang ilarawan ang parehong punto sa ibang sermon, lalo na kung iba naman ang mga tagapakinig. Kapag nag-ulit ka ng isang mabuting kuwento, walang tatayo upang iwan ka. Ang totoo, noong bata pa ako, gustong gusto kong makinig sa pangangaral ng ilang piling ebanghelista dahil inuulit nila ang parehong magagandang kuwento. Nais nating marinig nang paulit-ulit ang mga awit. Karamihan sa mga tao ay natutuwa na paulit-ulit na marinig ang mga kuwento.

Laging naroon ang panganib na ang isang mangangaral ay magkukuwento upang libangin lamang ang mga tao. Ang paglibang ay hindi wastong dahilan upang gumamit ng mga kuwento sa mga sermon. Gayunman, malaki ang naitutulong ng mga kuwento sa pagpapanatili ng atensiyon ng iyong kongregasyon at sa pagliliwanag ng mga puntos sa iyong sermon.

Mas mahaba ang sermon, mas makakatulong ang pagkakaroon ng mabubuting kuwento. Oras na magsimula kang magkuweto, ang mga natutulog ay nagigising; ang mga nag-iisip ng ibang mga bagay ay muling magpopokus ng kanilang atensiyon sa iyong mga sinasabi, at ang mga nakikinig ay matutuwa sa pagbabago.

Narito ang ilang mungkahi sa paghahanda at pagkukuwento:

1. **Pagsanayan ang iyong mga kuwento**. Ito ay talagang mahalaga lalo na kung ikaw ay hindi pa mahusay na tagapagkuwento.

2. **Hanggang maaari gawing makatotohanan ang kuwento**. Huwag kang gumamit ng "Si Mister A" at "Si Mister B", "si Kuwan" at "si Ano" na mga pagsasalita. Gumamit ng mga tunay na pangalan at ilarawan ang mga kuwento nang makatotohanan hangga't maaari, kahit na kailanganing baguhin ang pangalan o pangyayari upang maingatan ang mga kumpidensyal.

3. **Magkaroon ng elemento ng sorpresa sa iyong kuwento**. Huwag mong sasabihin, "May nakakatuwang kuwento ako sa inyo." Pinakamabuti na huwag bumanggit ng kahit ano tungkol sa kuwento sa simula.

4. **Huwag mag-atubiling gumamit ng mga kuwentong sarili mo**. Ito ang mga kuwentong naranasan mo o kaya'y personal mong nalalaman. Ang mga kuwentong ito ay gumagamit ng mga pansariling panghalip tulad ng Ako, Ko, Akin, at Kami. Ito ang pinakaepektibong mga kuwento na magagamit mo.

5. **Mag-ingat sa sobrang pagtutuon sa mga detalye na ang mga tagapakinig mo ay hindi na makikita ang punto sa kuwento**. Dapat mas maging interesting ang kuwento mo gamit ang mga detalye, subali't hindi ito dapat makalito sa iyong punto. Kapag tumigil ka upang ipaliwanag ang di-gaanong mahalagang detalye ng isang kuwento, malalayo iyon sa pangunahing punto ng kuwento. Mahalaga ang punto ng kuwento, hindi ang mga dagdag na detalye sa paligid nito.

6. **Kung minsan kailangan mong baguhin ang mga detalye ng isang kuwento upang maunawaan ng iyong mga tagapakinig**. Halimbawa, kapag nagkukuwento ako sa Africa tungkol sa aking pag-aaral sa high school sa America, gumagamit ako ng salitang "prefect" (o prinsipal). Wala kaming prefect sa USA, subali't ang salitang "prefect" ay mauunawaan sa Nigeria.

7. **Gamitin mo ang pangkasalukuyan sa pagkukuwento**. Kapag nagkukuwento ka tungkol sa isang pangyayari sa nakaraan, mas nakakatulong ang pangkasalukuyan

upang maramdaman ng tagapakinig na malapit sila sa mga pangyayari. Halimbawa, kapag nagkukuwento ka mula sa Mateo 14:22-33, maaari mong sabihin, "Bumaba si Pedro mula sa bangka at nagsimulang lumakad sa tubig." Ginagamit ni Lucas ang pamamaraang ito sa Mga Gawa.

8. **Maging maingat sa paggamit ng mga kuwentong hiniram sa iba na tila ba ito'y nangyari sa iyo**. Walang masama sa paghiram ng kuwento mula sa iba. Gayunman, may mga taong nanghihiram ng kuwento na nangyari sa iba at ikinukuwento iyon na tila siya ang nakaranas noon. Kapag natuklasan ng iyong tagapakinig na hindi talaga sa iyo nangyari iyon, masisira ang kanilang tiwala sa iba pang bagay na sinabi mo.

Kung may isang aral akong nais na matutuhan ng mga tagapangaral, iyon ay ang **pag-aralan mong maging isang mabuting tagapagkuwento**. Ang isang tuntunin na dapat sundin ng bawat pastor ay, **huwag ka kailanman mangangaral nang hindi ka nagkukuwento***.*

Kung nais mong magtrabaho sa isang bahagi lamang ng iyong pangangaral sa susunod na taon, pag-aralan mo kung paano magpipresenta ng mabubuting ilustrasyon. Agad mapapansin ng iyong mga tagapakinig ang pagkakaiba. Naniniwala ako na kung matututuhan mo ang epektibong paggamit ng mga kuwento sa iyong mga sermon, mababago ko mula sa pagiging isang karaniwan na tagapangaral at magiging isang mabuting tagapangaral o mula sa pagiging mabuting tagapangaral ay magiging mas mabuting mangangaral.

### Isulat Mo Nang Buo ang Iyong Sermon

Ang pagsusulat ng iyong buong sermon ay malaking trabaho! Kung ikaw ay mangangaral linggo linggo, hindi mo ito magagawa sa bawat isang sermon. Gayunman, matutuklasan mo na ang pagsusulat ng iyong buong sermon ay isang mabuting paraan upang disiplinahin ang iyong sarili at upang mapabuti ang iyong mga sermon. Maraming dahilan kung bakit dapat isulat nang buo ng isang tao ang kanyang mga sermon.

#### *Nakakatulong sa pagpapanatili ng atensiyon ang Pagsusulat.*

Kapag tayo'y nag-aaral, ang ating isipan ay madaling malayo. Ang pagsusulat ay nakakatulong upang ituon ang ating atensiyon. Kapag ikaw ay nag-aaral, nakakatulong kung pipilitin mo ang iyong sarili na isulat ang isang tala tungkol sa bawat talata o parirala o kahit ang bawat salitang iyong pinag-aaralan. Ang pagtutuon ng isip sa paghahanap ng mga bagay na isusulat ay pipilit sa iyo na mag-isip; ang pag-iisip ay magbubunga ng mga insights na hindi mo pa nakita sa nakaraang panahon. Ang proseso ng pagsusulat ng iyong mga iniisip ay magbubunga ng mas marami pang isipin.

Ganito rin ang ginagawa ng isang gabay sa pag-aaral. Ang gabay sa pag-aaral ay isang listahan ng mga tanong kaugnay ng isang bahagi ng Kasulatan. Ang mga tanong ay humihikayat ng dagdag na mga kaisipan tungkol sa Kasulatan. Ito ay isang paraang

nakakatulong na magagamit sa pagtuturo. Ang mga tanong na pumipilit sa mga mag-aaral upang pag-aralan ang Biblia ay talagang nakakatulong.

***Nakakatulong ang pagsusulat upang makita mo ang katotohanan na maaaring hindi mo makita kung hindi nakasulat.***

Kapag pinipilit mo ang iyong sarili na sumulat ng kahit ano kaugnay sa bawat talata na iyong pinag-aaralan, hahanap ka hanggang sa makakita ng anumang maaari mong isulat. Maaaring iyon ay isang bagay na hindi mo pa nakita kailanman. Kapag pinilit mo ang iyong sarili na sumulat ng sampung mga bagay tungkol sa isang partikular na talata, kahanga-hanga ang maaari mong matutuhan.

Ang mga Puritano ay kilala sa kanilang kakayahan na makakita ng maraming katotohanan kahit sa iilang talata lamang ng Kasulatan. Kumbinsido ako na nakuha nila ang impormasyong ito dahil gumugol sila ng maraming oras sa pagbubulay-bulay ng mga talata sa Biblia at isinusulat nila ang kanilang mga kaisipan. Si Thomas Boston, isang pastor na Puritano, ang sumulat ng isang buong aklat batay sa isang talata lamang sa Ecclesiates: *"Dili-dilihin mo ang ginawa ng Diyos; sino ang makapagtutuwid ng anumang binaluktot niya?"*[70]. Isipin mo kung gaano karaming oras ang ginugol niya sa pag-iisip sa talatang ito at pagsusulat ng kaniyang mga kaisipan.

***Nakakatulong ang Pagsusulat upang ayusin ang iyong mga kaisipan.***

Upang makapagsulat ng anuman, kailangan mong pag-isipan ito ng sapat na oras upang maayos ito. Ang prosesong ito ay nakakatulog upang ayusin ang iyong mga kaisipan. Dagdag pa rito, ang simpleng pagsusulat ng mga katotohanan at bagay-bagay ay makakatulong sa iyo na isaayos ang mga ito kapag sinusubok mo nang isaayos ang iyong sermon. Kapag tayo'y nag-aaral, nais nating hulihin ang bawat kaisipan na dumarating sa ating isip. Ang paraan upang gawin ito ay isulat ang mga ito. Ang mga kaisipang ito ngayon ang pagkukunan natin ng mga puntos sa pagbuo ng ating sermon.

***Ang pagsusulat ang nag-iingat ng permanenteng talaan ng mga itinuturo ng Diyos sa iyo.***

Ang Awit 137:4-6 ay humihikayat sa mga mambabasa na alalahanin ang mga pagpapala ng Diyos.

"Paano natin aawitin ang awit ng PANGINOON sa isang banyagang lupain? Ayaw ko nang ang lira ko'y hawakan pa at tugtugin, Kung ang bunga sa pagtugtog limutin ang Jerusalem. Di na ako aawit pa, kung ang lundong sasapitin, Sa isip ko't alaala, ikaw, ganap na limutin, Kung ang kaligayahan mo ay hindi ko pakahahangarin!"

Hindi nais ng Diyos na limutin natin ang mga pagpapalang ipinagkaloob niya sa atin. Wala isa man sa atin ang may perpektong memorya; gayunman, kapag isinulat natin ang mga

[70] Eclesiastes, 7:13, *KJV*.

iyon, magkakaroon tayo ng talaan ng mga itinuturo ng Diyos sa atin sa ating pag-aaral ng kanyang mga Salita.

Nang humanap ang Diyos ng isang paran upang mapangalagaan ang katotohanan mula sa isang henerasyon hanggang sa susunod pa, pinili niyang isulat iyon sa isang aklat. Ang hukuman ay sumusulat ng mga bagay bilang isang nakasulat na tala na nangangalaga ng mga opinyon sa hukuman. Isinusulat ng mga manggagamot ang kanilang pagsusuri na ibinibigay sa mga pasyente. Isinusulat ng mga arkitekto ang kanilang mga plano para sa mga gusali at ibang istruktura. Hindi ba natin karaniwang inaasahan na isusulat ng mga mangangaral ang ibinibigay ng Diyos sa kanila, upang maaari nilang balikan ang mga katotohanang ito sa hinaharap?

***Ang pagsusulat ay nagbibigay sa iyo ng kapaki-pakinabang na gamit upang makatulong sa ibang tao.***

Laging mayroong mga taong nagdaramdam na nangangailangan ng iyong tulong. Kung naging matapat ka sa pagsusulat ng mga aral na itinuro sa iyo ng Diyos, ang kasangkapan na ito ay magiging kapaki-pakinabang kahit man lang sa tatlong bagay:

1. **Maaari mong pagbalik-aralan sa iyong alaala kung ano ang mga itinuro ng Diyos sa iyo**.
2. **Maaari mong ibahagi sa iba ang iyong sermon sa pamamagitan ng paggawa ng mga kopya para sa iba**. Pagkatapos kong mangaral, karaniwang nagbibigay ako ng nakasulat na kopya ng aking sermon. Naibahagi ko na ang mga ito sa daan-daang katao. Nakatanggap na ako ng maraming positibong report mula sa mga natulungan ng aking mga sermon.
3. **Ang pagsusulat ay maaaring magsilbi bilang isang batayan para sa mga hinaharap na sermon, artikulo o mga aklat**. Halos lahat ng mga aklat ay nagsisimula sa mga miscellaneous notes. Kaunti lamang ang taong basta lamang uupo at susulat ng isang aklat mula simula hanggang wakas. Ang pagkolekta sa iyong mga notes mula sa mga sermon ay maaaring maging simula ng isang mas malaking gawain.

## Pag-iingat ng mga Talaan ng mga Sermon

Kapag komunsulta ka sa isang doctor, susuriin ka niya at gagamutin. Pagkatapos, susulat siya ng mga tala tungkol sa kanyang naging pagsusuri at paggamot. Kapag bumalik ka sa doctor na iyon, mayroon siyang talaan ng iyong kasaysayang pangmedikal. Gayun din ang ginagawa ng mga abogado. Nagtatago sila ng mabubuting record tungkol sa kanilang trabaho.

Ang gawain ng Diyos ay higit na mas mahalaga kaysa sa mga sekular na gawaing iyon. Mahalaga na magtago ng mabubuting mga records ang mga mangangaral. Dapat lumikha ang mga mangangaral ng isang sistema ng pagtatago ng mga records at pag-aayos ng

kanilang mga sermon. Narito ang ilang mungkahi sa pagliligpit at pagtatago ng mga record.

**Maayos na Itago ang iyong mga Sermon**

Mayroong ilang pamamaraan upang itago ang mga sermon. Maaari mong itago ayon sa mga teksto, ayon sa paksa, o ayon sa petsa. Maaari ka rin gumawa ng kumbinasyon ng dalawang pamamaraang ito.

Isang paraan ng pagsasaayos ay ang sumusunod na pangkat:

Lumang Tipan

- Mga Sermon mula sa Pentateuch
- Mga Sermon mula sa Mga Aklat ng Kasaysayan
- Mga Sermon mula sa Mga Aklat ng Karunungan
- Mga Sermon mula sa Mga Awit
- Mga Sermon mula sa Mga Propeta

Bagong Tipan

- Mga Sermon mula sa Mga Ebanghelyo
- Mga Sermon mula sa Mga Gawa
- Mga Sermon mula kay Pablo
- Mga Sermon mula sa Pangkalahatang Mga Liham

Mga Sermong Topical

- Mga Sermong Pangmisyon
- Mga Sermong Pang-tagapanguna
- Mga Sermon tungkol sa Talambuhay
- Mga Sermon na nag-e-ebanghelyo

**Magtago ka ng Mga Talaan ng Iyong Pangangaral**

Dapat kabilang dito ang petsa, paksa o titulo, teksto, at iba pang detalye. Itinatago ko ang lahat ng aking lumang sermon sa mga polder. Itinatago ko ang aking mga pangkasalukuyang mga sermon sa isang malaking notebook. Ang lahat ng aking mga sermon na ipinangaral ko simula noong 1986 ay nasa kompyuter na.

## Konklusyon

Ang komunikasyon ay kapwa isang sing at isang agham. Ito ay kapwa isang kaloob mula sa Diyos at ang resulta ng pagsisikap ng tao. Sinasabi ng Biblia, "Sa bawat isa na pinagkalooban ng marami, marami rin ang inaasahan mula sa kanya."[71]

[71] Lucas 12:48.

Maraming mahahalagang katotohanan ang ipinagkaloob ng Diyos sa atin na mga mangangaral. Ang pinakamabuting magagawa natin ay italaga ang ating mga sarili sa pinakamabuting maaaring paraan upang maibahagi ang mabubuting mga bagay na ito. Ang hamon ko sa inyo ay maging seryoso sa inyong tungkulin na maghanda ng mga epektibong mga pangangaral.

Maaaring magbunga ng malalaking resulta ang pangangaral. Sinusunod ng pangangaral ang batas ng pag-aani. Kapag naghanda ka at nagtanim ng mabuti, magiging mabuti rin ang pag-aani. Kapag nabigo kang ihanda at itanim ang binhi, hindi ka makakaasa ng mabuting ani.

Ihandang mabuti ang lupa ng iyong puso. Itanim ang mga katotohanan ng Salita ng Diyos sa iyong mga sermon. Aanihin mo ang gantimpala ng matagumpay na pangangaral.

## Mga Takdang Aralin

(1) Kumuha ng pagsusulit sa araling ito.

(2) Para sa takdang-araling ito, gagawin natin ang mga hakbang sa paghahanda ng sermon ayon kay Dr. McCain. Pumili ng isa sa mga sumusunod na teksto bilang pagsasanay.

- Awit 8
- Isaias 55:1-9
- Juan 3:1-21
- 1 Corinto 13

(A) Sumulat ng isang pangungusap na tema na angkop para sa isang sermon batay sa teksto.

(B) Gamit ang mga gabay-tuntunin sa leksiyong ito, sumulat ng isang balangkas ng sermon para sa teksto.

(C) Sumulat ng isang pinalawak na balangkas para sa sermon.

(D) Humanap ng kahit man lang dalawang angkop na ilustrasyon para sa iyong sermon.

(3) Tulad sa Aralin 3, iprisinta ang 8-10 minutong sermon sa klase. Ang bawat isang miyembro ng klase ay dapat magsagot ng isang assessment form sa likod ng gabay sa kursong ito.

**Mga Tanong sa Pagsusulit sa Aralin 4**

(1) Sa iyong pag-aaral ng isang talata o tema para sa isang sermon, dapat kang kumuha ng mga tala sa ______________.

(A) Mga ideya lamang na alam mong magagamit mo sa sermon.
(B) Anumang tanong, reperensiya, quotatios o mga kuwento na naiisip mo habang nag-aaral.

(2) Ang _________ ng sermon ay ang isang pangungusap na buod ng lahat nang nais mong ipahyag sa iyong sermon.

(3) Ang sumusunod na balangkas ng sermon ay di-mabuti dahil __________________.

(A) Ang mga puntos ay hindi lahat nakaugnay sa tema.
(B) Ang balangkas ay hindi binubuo ng parallel thoughts.
(C) Hindi alin sa dalawa. Mabuti ng balangkas.

Ang tema: Purihin ang Panginoon.

Balangkas:

A. Pinupuri natin ang Diyos dahil sa Kung Sino Siya
B. Pinupuri natin ang Diyos dhil sa Ginawa Niya
C. Dapat nating Mahalin ang ating Kapwa

(4) Maglista ng dalawa sa tatlong benepisyo na ibinibigay para sa pagsusulat ng malinawna balangkas para sa iyong sermon.

(5) ____ (Tama o Mali) Sa isang mas pinalawak na balangkas, pinalalawak mo ang bawat punto upang maging buong mga pangungusap.

(6) Ang isang mabuting ilustrasyon ay katulad ng isang ________________ na nagpapapasok ng liwanag sa buong kabahayan.

(7) Maglista ng tatlong mabubuting dahilan na ibinigay sa paggamit ng mga kuwento sa isang sermon.

(8) Maglista ng tatlong kapakinabangan sa pagsulat ng buo ng iyong sermon.

# Aralin 5
# Paghahanda ng mga Expositoryong Pangangaral

## Mga Layunin ng Aralin

Sa Araling ito, ang mag-aaral ay:
(1) Isasaulo ang isang kahulugan ng expositoryong pangangaral.
(2) Matututuhan at isasagawa ang mga hakbang sa paghahanda ng isang expositoryong pangangaral.
(3) Pahalagahan ang kapangyarihan ng expositoryong pangangaral upang baguhin ang mga buhay.

## Pasimula

Sa naunang dalawang aralin, napag-aralan natin ang paghahanda ng iba't-ibang uri ng pangangaral. Sa araling ito, gagawa tayo ng mas malalim na pagtanaw sa pangangaral na expository. Tulad nang nakita natin sa Aralin 3, ito ang magiging pangunahing anyo ng sermon para sa karamihan sa mga pastor.[72]

## Kahulugan ng Pangangaral na Expository

***Ang expositoryong pangangaral ay ang pagpapahayag ng isang konseptong Biblikal mula at ipinahayag sa pamamagitan ng pangkasaysayan, gramatikal at pampanitikan na pagaaral ng isang sipi sa kanyang konteksto. Ang kontekstong ito ay unang inilalapat ng Banal na Espiritu sa katauhan at karanasan ng mangangaral, pagkatapos ay sa pamamagitan niya patungo sa kanyang mga tagapakinig.***[73]

Mangyaring isaulo ang kahulugang ito. Kalakip dito ang ilang konseptong mahalaga para sa pangangaral na expository.

### Ang Talata sa Kasulatan ang Nagtatakda ng Sermon

> Ang expositoryong pangangaral ay ang pagpapahayag ng isang konseptong Biblikal na nagmula sa… **pag-aaral ng isang sipi sa sariling konteksto nito**.

Ang mga expositoryong pangangaral ay nakabatay sa mga sipi ng Kasulatan. Ang istruktura at pangunahing nilalaman ay nagmumula sa sipi mismo. Kapag ang pangunahing mensahe ng sermon ay hindi nagmula sa mismong talata sa Kasulatan, ang pangangaral ay hindi expositoryo – bagaman ang mensahe ng sermon ay totoo.

---

[72] Ang material sa leksiyong ito ay kontribusyon ni Richard G. Hutchison, Dean of Academic Affairs & Spiritual Life at Bible Methodist Shepherd's College in Villasis, Pangasinan, Philippines.
[73] Adapted from Haddon Robinson, *Biblikal Preaching: The Development and Delivery of Expository Messages* (Michigan: Baker Books, 2001).

Sa expositoryong pangangaral, itinatanong natin:

(1) Ano ang sinasabi ng talatang ito sa Kasulatan?

Ano ang sinabi ng sumulat? Kapag binabasa ang teksto, ano ang sinasabi ng balarila ng talata? Sa expositoryong pangangaral, hindi tayo naghahanap ng mga nakatagong mensahe; hinahanap natin ang simpleng kahulugan ng teksto.

(2) Ano ang kahulugan ng talatang ito sa Kasulatan?

Ano ang nais ipaunawa ng sumulat sa kanyang mga tagapakinig habang binabasa nila ang talata? Sa ating pagsasaalang-alang sa kontekstong pangkasaysayan at ang istilo ng pagsusulat, ano ang kahulugan ng talata?

(3) Ano ang *pangunahing* mensahe ng talatang ito sa Kasulatan?

Dahil ang talata ang nagtatakda ng sermon, ang pangunahing pokus ng isang expositoryong pangangaral ay itatakda ng pangunahing tema ng talata ng Kasulatan. Ang tema ng talata ang mag-uugnay sa lahat ng puntos ng sermon. Ang lahat ng puntos sa sermon ay magkakaugnay-ugnay sa isa't-isa sa pamamagitan ng pangunahing tema ng Kasulatan.

**Ipinaparating ng Tagapangaral ang isang Konsepto**

Ang expositoryong pangangaral ay ang **pagng isang konsepto mula sa Biblia**….

Dahil ang mensahe ng talata sa Kasulatan ang siyang gumagabay sa pangangaral na expositoryo, mayroon tayong ilang katanungan:

(1) Paano ipinapahayag at ipinapaliwanag ng sumulat ng talatang ito sa Kasulatan ang kanyang mensahe?

Ito ang lugar kung saan binubuo ng tagapangaral ang ilang puntos na nagpapahayag at nagpapaliwanag sa pangunahing tema ng talata sa Kasulatan. Tandaan na ang lahat ng mga puntos sa sermon ay dapat magkakaugnay sa isa't-isa sa pamamagitan ng pangunahing tema ng talata. Paghambingin ang mga halimbawa sa ibaba.

| **Halimbawa 1** |
|---|
| Text: Roma 12:1-2<br>Pangunahing Punto: Ano Ang Nais ng Diyos na gawin natin?<br><br>A. Dapat nating ihandog ang ating katawan sa Diyos.<br>B. Hindi tayo dapat makiayon sa sanlibutan.<br>C. Dapat tayong magpanibago sa ating pag-iisip. |

*Mabuti* ang balangkas na ito, subali't may ilang kahinaan na kailangan nating itama:

- Ang pangunahing punto ay hindi lubusang nakaugnay sa pambungad na mga salita ng Roma 12:1; "Samakatuwid, hinihikayat ko kayo, mga kapatid, ayon sa kahabagan ng Diyos, na…."
- Bagaman ang bawat isa sa mga puntos na ito ay totoo, hindi sila magkakaugnay sa isa't-isa sa pamamagitan ng pangunahing mensahe ng talata.

| **Halimbawa 2** |
|---|
| Text: Roma 12:1-2<br>Pangunahing Punto: Anong klase ng pagsamba ang ninanais ng Diyos?<br><br>A. Ninanais ng Diyos ang pagsambang nahihikayat dahil sa kanyang kahabagan.<br>B. Ninanais ng Diyos ang pagsambang kalakip ang buong pagkatao.<br>C. Ninanais ng Diyos ang pagsambang bumabago sa ating pamamaraan ng pag-iisip. |

*Mas mabuti* ang balangkas na ito.

- Ang balangkas ay nakaugnay sa pangunahing tema ng talata.
- Gayunman, ang tatlong puntos ay mas mabuting maiuugnay sa isa't-isa.

| **Halimbawa 3** |
|---|
| Text: Roma 12:1-2<br>Pangunahing Punto: Anong Klase ng Pagsamba ang Ninanais ng Diyos?<br><br>A. Ninanais ng Diyos ang pagsambang ang motibasyon ay ang kanyang kahabagan.<br><br>B. Ang kahabagan ng Diyos ang dapat humikayat sa iyo na ihandog ang iyong buong sarili sa kanya bilang iyong pagsamba.<br><br>C. Ang paghahandog ng iyong buong sarili sa Diyos ay dapat maging simula ng araw-araw na proseso ng panloob na pagbabago. |

Ang balangkas na ito ang *pinakamabuti* sa tatlong pagpipilian. Ang bawat punto sa balangkas ay nakaugnay sa mas naunang punto.

Ang balangkas na ito ay nagbibigay ng pangunahing puntos para sa iyong expositoryonng balangkas sa pag-aaral*.* Sa bandang dulo ng aralin, gagawa tayo ng isang dagdag na hakbang upang paikliin ang mga punto sa mas maikling balangkas at maging mas madali para sa mga tagapakinig na tandaan iyon. Tinatawag natin itong *balangkas ng pangangaral*.

(2) Paano malinaw na maiparating ng tagapangaral ang mensahe ng sumulat?

Para sa epektibong pangangaral na expositoryo, kailangang maisalin ng tagapangaral ang mga salita ng sumulat sa wika ng kasalukuyang tagapakinig. Ipapahayag niya ang orihinal na konsepto ng talata sa Biblia sa paraang mauunawaan ng mga tagapakinig sa kasalukuyan. Para magawa iyon, ang tagapangaral ay gagamit ng:

- Mga salitang nakalarawan
- Mga kuwento at mg Ilustrasyon
- Mga aral gamit ang iba't-ibang Bagay
- Mga Paliwanag
- Mga Balangkas

**Ang Konsepto ay Ilalapat sa Tagapangaral**

> Ang expositoryong pangangaral ay ang pagpapahayag ng isang konseptong Biblikal… na unang inilapat ng Banal na Espiritu sa katauhan at karanasan ng tagapangaral.

Matapos nating malaman kung ano ang *sinasabi* ng teksto at kung ano ang *kahulugan* ng teksto, kailangan nating itanong, "Ano ang sinasabi ng teksto na kailangan kong *gawin*? Ito ang tinatawag na ***aplikasyon***. Sa ibang salita, itatanong natin, "Ano ang nais ng Diyos na gawin ko?"

Bago pa man maipangaral ang isang sermon sa kongregasyon, dapat itong unang magsalita sa puso at buhay ng tagapangaral. Ang tagapangral ang lagging unang tagapakinig ng isang sermon. Bago natin subukin na ilapat ang Salita ng Diyos sa buhay ng ating mga tagapakinig, dapat una natin iyong ilapat sa ating mga sariling buhay.

**Ang Konsepto ay Inilalapat sa mga Tagapakinig**

*Ang expositoryong pangangaral ay ang pagpapahayag ng isang konseptong mula sa Biblia…* ***na unang inilalapat ng Banal na Espiritu*** *sa katauhan at karanasan ng tagapangaral,* ***pagkatapos sa pamamagitan niya patungo sa kanyang mga tagapakinig****.*

Ang isang sermon na walang kasamang aplikasyon para sa mga tagapakinig ay maaaring napakagandang paliwanag ng talata sa Kasulatan; gayunman, nabibigo itong kilusin ang mga tagapakinig. Ang tunay na expositoryong pangangaral ay dapat may aplikasyon para sa tagapakinig. Inilalapat natin ang mensahe ng Kasulatan sa ating tagapakinig sa pamamagitan ng:

- Pagtatanong na nagiging dahilan upang iugnay ng tagapakinig ang mensahe sa kanilang sariling buhay.

- Pagbabalik aral sa mga susing katotohanan at prinsipyo na nanggagaling sa teksto.

- Pagsasaalang-alang sa sitwasyon sa buhay ng mga tagapakinig.

## Expositoryong Pangangaral: Paggawa sa Teksto

### Pagpili ng Teksto

Kapag pumipili ng teksto, ang mangangaral ay dapat humanap ng talata na naglalaman ng kumpletong kaisipan na maaaring ipahayag sa isang sermon. Maraming tagapangaral ang sumusunod sa apat na hakbang sa pagpili ng isang teksto:

1. **Piliin ang pangunahing talata para sa sermon**. Dahil ang talata sa Kasulatan ang magiging gabay para sa buong sermon, mahalagang piliin ang tamang talata para sa sermon.

2. **Tingnan ang konteksto ng napiling talata**. Pag-isipan ang mga nakapaligid na mga talata. Kailangan mo bang gumamit ng karagdagang mga talata upang magkaroon ng kumpletong kaisipan? Kailangan mo bang bawasan ang teksto sa mas kaunting mga verses upang makatuon sa iisa lamang kaisipan?

3. **Tumingin sa mga gabay sa pag-aaral ng Biblia at ibang aklat-reperensiya upang patunayan ang napili**. Sa pagtingin sa kung paano ginamit ang talata sa isang gabay sa pag-aaral ng Biblia o komentaryo, mabibigyang patotoo mo ang iyong pinili. Kapag ang ibang aklat-reperensiya ay naghahati ng talata sa ibang lugar, at magtanong, "Nakatitiyak ba ako na pinakamabuti ang aking pinili para sa pagpapahayag ng tema ng talatang ito?"

4. **Gumawa ng panghuling desisyon para sa teksto**. Pagkatapos mong pag-aralan ang mga nakapaligid na konteksto at tiningnan ang ibang aklat reperensiya, ikaw ay handa nang magsimula ng detalyadong pag-aaral.

### Mapuspos sa Teksto

Mula sa ating kahulugan ng expositoryong pangangaral, tandaan na ang talata ay dapat mangusap sa tagapangaral bago ito mangusap sa tagapakinig. Pagkatapos piliin ang tekstong iyong ipapangaral, ang susunod na hakbang ay simulang kilalanin ang iyong sarili sa mensahe ng teksto. Upang magawa ito, kailangan mong paulit-ulit na basahin ang teksto hanggang sa mapuspos ka nito hindi lamang ang mga salita mismo, kundi maging ang mga damdamin na maaaring nadarama ng sumulat nang isulat niya iyon.

► Kung mayroon kang espongha, gawin mo itong kasangkapan sa aralin. Ilagay ang esponghe sa tubig hanggang mapuno ang esponghe. Ngayon, pigain mo ang esponghe. Pansinin mo kung gaano kadaling alisin ang tubig sa esponghe. Hindi mo kailangang magtrabaho nang mabigat; puno ng tubig ang sponge. Kapag puno ka ng teksto, ang mga salita ay kusang aagos mula sa iyong puso tulad ng tubig mula sa esponghe.

Sa iyong pagkapuspos sa teksto, nagkakaroon ka ng "koneksiyong emosyonal" sa mga salita ng sumulat.

- Kapag ang sumulat ay galit, hayaan mo ang sarili mo na magalit sa kasalanan na nakagalit sa sumulat!
- Kung ang sumulat ay nagdiriwang, hayaan mong magsaya ang iyong sariling puso!
- Kung ang sumulat ay nalulungkot, samahan mo siya sa kanyang paglulumbay
- Kung ang sumulat ay nag-aalala, sikapin mong maramdaman ang kanyang pagkabalisa!
- Kapag ang sumulat ay tumatawa, tumawa ka rin.
- Kapag ang sumulat ay tumatangis, magsimula kang damahin ang luha sa iyong mga mata habang iniisip mo ang tungkol sa kanyang nararanasan!

Ang isang baga mula sa apoy ay "may apoy", kahit walang liyab na nakikita. Kapag ang baga ay inilagay sa mga tuyong dahon, papel o kahoy, ang apoy ay magsisimulang magliyab. Sa gayun ding paraan, kapag pinuno mo ang iyong isip at puso ng mga salita sa teksto, magsisimula iyong mag-apoy sa iyong kalooban!

Hindi sapat na malaman lamang ang mga impormasyon sa teksto; kailangan mong maramdaman kung ano ang nadarama ng sumulat. Ang pagkahilig ng sumulat ay dapat maging **iyong** pagkahilig. Bakit? Dahil hinahawakan natin ang Salita ng Diyos, ang pagkahilig ng teksto ay ang pagkahilig **ng Diyos**! Tinawag ka upang maging mensahero ng Diyos!

Paano ka mapuspos ng teksto hanggang maramdaman mo ang damdamin ng sumulat? Subukin mo ang mga hakbang na ito:

(1) Basahin nang matahimik nang limang beses ang teksto.

(2) Basahin nang malakas nang limang beses ang teksto.

(3) Patuloy na paulit-ulit na basahin ang teksto.

- Magsanay sa pagbasa nito nang may ekspresyon.
- Sikaping damahin kung ano ang nararamdaman ng sumulat.
- Tumigil sumandali sa pagitan ng mga pagbabasa upang magbulay-bulay sa iyong mga binabasa.

Makabubuo ka ng iyong sariling paraan upang kumunekta sa teksto. Anuman ang iyong pamamaraan upang magawa ito, tiyakin mo na ang iyong isip at ang iyong puso ay nakaugnay sa mensahe ng sumulat. Kapag minadali mo ang mahalagang hakbang na ito, ang iyong mensahe ay magkukulang ng isang mahalagang sangkap – **pagkahilig**. Ang epektibong pagkahilig sa Biblikal ng pangangaral ay hindi lamang talagang nagmumula sa pananalangin, kundi mula rin sa personal na pakikiayon o personal na pagkakakilanlan sa mensahe ng Diyos tulald ng ipinapahayag sa teksto.

► Basahin ang sumusunod na mga teksto sa Kasulatan: Galacia 1:6-9; Mateo 17:1-9; Awit 10:1-12; Pahayag 4. Basahin nang ilang beses ang bawat teksto. Damahin ang damdamin ng sumulat. Ilagay mo ang iyong sarili sa sitwasyon ng sumulat. Nararamdaman mo ba ang emosyon ng teksto?

► Ngayon, pumili ka ng isa sa mga tekstong ito at basahin mo ng malakas sa klase. Basahin nang may damdamin sa klase.Hilingin sa klase na suriin ang iyong ekspresyon. Naipahatid mo ba ang damdamin ng teksto sa iyong pagbabasa?

**Pagsusuri sa Teksto**

Maraming kabataan ang nanood ng isang napakahusay na manlalaro ng basketbol at nag-isip na, "Nais kong maglaro nang katulad niya." Pumunta sila sa basketbolan at nagsimulang maglaro. Mahal nila ang laro. Mayroon silang pagkahilig, subali't hindi nagtagal at sila ay pinanghinaan ng loob. Hindi sapat ang pagkahilig. Ang isang magaling na manlalaro ng basketbol ay naghagis ng libong beses ng libreng paghagis kapag walang sinumang nanonood. Tumatakbo siya ng milya-milya upang magkaroon ng katibayan sa paglalaro. Siya ay nagbanat ng buto, tumatalon, nagbubuhat ng mabibigat, at iba pang mga ehersisyo upang ihanda ang kanyang sarili para sa laro. Kinakailangan ang mga ehersisyong ito para maging isang mahusay na manlalaro. Ang mga ehersisyo ay hindi tungkol sa pagkahilig; ang mga ehersisyo ay tungkol sa pagpapawis. Hindi nakawiwili ang mga ehersisyo, subali't kinakailangan ang mga ito kung nais niyang matupad ang kanyang pagkahilig na maging isang dakilang manlalaro ng basketball.

Ang pagsusuri sa teksto ang mahirap na trabaho sa pangangaral. Ang pagsusuri ay hindi tungkol sa pagkahilig; ang pagsusuri ay tungkol sa pagpapawis! Nangangailangan ito ng paggugugol ng maraming oras sa iyong pag-aaral kahit na maraming ibang bagay na sana ay mas masayang gawin. Kalakip nito ang disiplina, subali't kinakailangan iyon kung ipapahayag mo ang pasyon ng teksto sa paraang nag-uugnay sa katotohanan ng Salita ng Diyos sa mga pangangailangan ng iyong mga tagapakinig.

Paano mo susuriin ang teksto? Kabilang sa mga hakbang na magagamit ang:[74]

**(1) Pagtatanong ng mga simpleng tanong tungkol sa teksto**.

- Sino?
- Ano?
- Kailan?
- Saan?
- Paano?
- Bakit?

**(2) Hanapin ang mga susing salita o talata sa teksto**.

---

[74] Para sa karagdagan sa pagsusuri sa teksto, tingnan ang *Shepherds Global Classroom* course, *Principles of Biblikal Interpretation.*

**(3) Hanapin ang mga paghahambing at di pagkakatulad sa teksto**.

**(4) Tukuyin ang mahahalagang bahagi ng pagsasalita**.

**Pangngalan/Noun (N)** – Karaniwang sinasagot ng mga ngalan ang mga tanong na "Sino?" at "Ano?"

**Panghalip/Pronoun (P)** – Ang panghalip ay tumutukoy sa tiyak na ngalan na alam na sa teksto.

**Pandiwa/Verb (V)** – Inilalarawan ng Pandiwa ay naglalarawan ng isang kilos o isang kundisyon (estado).

**Pang-uri/Adjective (ADJ)** – Ang mga pang-uri ay naglalarawan ng ngalan o panghalip. Inilalarawan ng pang-uri ang mga ngalan at panghalip.

**Pang-abay/Adverb (ADV)** – Ang mga pang-abay ay karaniwang sumasagot sa mga tanong tulad ng "Paano?" o "Kailan?"

**Panimbang na Pangatnig/Coordinating Conjunction (CC)** – Ang panimbang na pangatnig ay mag-uugnay ng mga salita o phrases na may magkapantay na kahalagahan. Kung minsan ang mga ito ay nag-uugnay ng mga salitang pantay at magkaugnay. Sa ibang pagkakataon, nag-uugnay ang mga ito ng mga salitang magkapantay subali't magkasalungat o magkaiba. Tinatawag natin itong "pagkakaiba." Ang "Upang," "At," "o hindi," "Subali't," "o,""gayunman" at "kaya't" ay mga panimbang napangatnig.

**Pantulong na Pangatnig/Subordinating Conjunction (SC)** – Ang pantulong na pangatnig ay nagkokonekta ng mga parirala na magkakaugnay subali't hindi magkakapantay sa isa't-isa. Madalas na pinag-uugnay nila ang dalawang ideya kung saan ang isa ay nakadepende (o itinatayo) sa ikalawa. Ang karaniwang ginagamit na pantulong na pangatnig sa Biblia ay mga salitang tulad ng: "dahil," "tulad ng," "kaysa," "kahit na"/"bagaman" at "dahil sa."

**Pang-ukol/Preposition (PREP)** – Ang mga pang-ukol ay nagpapakilala ng mga phrases na nagpapakita ng kaugnayan at nagtatapos sa isang ngalan o panghalip.

**(5) Isaayos ang teksto sa isang natural na balangkas**.

Ito ay karaniwang tinatawag na "paghahanay" ng teksto. Ang "natural na blangkas" ay makakatulong sa iyo na makita kung paano binubuo ang istruktura ng isang talata sa Kasulatan. Tumutulong ito sa istruktura ng teksto upang gabayan ang pagbuo ng iyong sermon.

## Halimbawa ng Pagsusuri (Awit 1)

Narito ang halimbawa ng pagsusuri sa Awit 1.[75] Sa katapusan ng aralin, susuriin mo rin ang isang talata sa parehong paraan para sa takdang aralin ng Leksiyon.

**(1) Magtanong ng mga simpleng tanong tungkol sa teksto.**

Sino?

- Sino ang mga "mapapalad"?
- Kaninong payo ang iniiwasan nila?
- Kaninong lakad ang nalalaman ng Diyos?
- Sino ang mga tatayo at hindi tatayo sa hukuman?
- Sino ang mga mapapahamak?

Ano?

- Sa ano nagagalak ang matuwid?
- Ano ang katulad ng mga matuwid?
- Ano ang katulad ng mga masasama?

Kailan?

- Kailan sila nagbubulay-bulay sa Salita ng Diyos?
- Kailan sila namumunga?

Saan?

- Saan nagtutungo ang masama para sa payo?
- Saan "nakatanim" ang mga matuwid?

Paano?

- Paano inilalarawan ng awit na ito ang daan ng mga matuwid?
- Paano inilalarawan ng awit na ito ang daan ng masasama?

Bakit?

- Bakit mapalad ang mga matuwid?
- Bakit napapahamak ang masasama?

**(2) Hanapin ang mga susing salita o talata.**

- Susing Talata – "Mapalad ang tao…."
- Mga Susing salita – "lumalakad… tumatayo… nauupo…"

[75] King James Version.

**(3) Hanapin ang mga paghahambing at pagsasalungat.**

- “mapalad” vs. “hindi gayun”
- “payo ng masasama” vs. “ang batas ng Panginoon”
- Isang punong nakatanim vs. ipa na iniliIipad ng hangin

**(4) Tukuyin ang mahahalagang bahagi ng pananalita.**

ADJ N V N CC V N N

Mapalad ang taong hindi lumalakad sa payo ng mga masama, o tumayo man sa daan ng makasalanan,

CC V N CC N N
o umupo man sa upuan ng mga humahamak; Subali’t ang kanyang kagalakan ay sa aral ng PANGINOON,

PREP N V P N V PREP N V V
at ang kanyang utos siyang binubulay-bulay sa araw at gabi. At ang katulad niya ay isang punong nakatanim sa

gilid ng batisan.

V N N V N
Na namumunga sa kapanahunan, ang kanyang dahon ay hindi malalanta, at anumang kaniyang gawin ay
nakatitiyak na magtatagumpay.

N N N V V
Nguni’t ibang-iba ang masamang tao: Ipa ang kawangis na tinatangay at ipapadpad ng hanging umiihip.

SC N V CC N PREP N PREPN
Kaya’t ang masasama ay parurusahan, maging mga makasalanan iwawalay sila sa pagkakatipon ng mga matuwid.

V N N CC N V
Dahil alam ng PANGINOON ang lakad ng matuwid, subali’t ang masama ay mapapahamak.” (KJV)

**(5) Isaayos ang teksto sa isang natural na balangkas.**

Mapalad *ang* tao
na
hindi lumalakad sa payo ng masasama,
o
tumatayo sa daan ng mga makasalanan,

o
umuupo sa upuan ng mga manlilibak;

<u>Subali't</u>
Ang kanyang kagalakan ay sa batas ng PANGINOON,
at
ang kanyang batas ang pinagbubulayan araw at gabi.

<u>At</u>
Siya ay magiging katulad ng puno
Na nakatanim sa tabi ng batisan,
Na nagbubunga sa kanyang kapanahunan,
Ang kanyang dahon ay hindi malalanta;
at
auman ang kanyang gawin ay magtatagumpay.

[Subali't]
Ang masasama *ay* hindi gayun,
kundi
sila *ay* katulad ng ipa na ipinapadpad ng ihip ng hangin.

Samakatuwid
Ng masasama ay hindi tatayo sa harap ng hukuman,
o
mga makasalanan sa kapulungan ng mga matuwid.
Dahil
Nalalaman ng PANGINOON ang daan ng mga matuwid ,
subali't
ang daan ng masasama ay kapahamakan.

## Expositoryong Pangangaral: Paghahanda ng Balangkas ng Pag-aaral

### Ano ang Balangkas ng Pag-aaral?

Ang balangkas ng pag-aaral ay hindi ang iyong balangkas ng pangangaral. Gagawa ka ng balangkas sa pangangaral mula sa iyong balangkas ng pag-aaral sa mga huling hakbang. Ang balangkas ng pag-aaral ay makatutulong sa iyo upang isaayos ang iyong mga talaan, mga pananaw, aplikasyon at mga ilustrasyon ayon sa natural na takbo ng mga kaisipan na ibinigay sa atin ng sumulat ng Biblia.

Ang balangkas ng pag-aaral ang iyong balangkas sa paggawa. Maaari kang gumawa ng mga pagbabago sa iyong balangkas habang mas natututo ka tungkol sa teksto, subalit

ang balangkas na ito ang magbibigay sa iyo ng pangunahing istruktura upang gabayan ka sa iyong paghahanda.

Ang balangkas ay katulad ng isang kalansay. Kung walang kalansay, ang ating mga katawan ay walang hugis—tulad ng isang mangkok ng halaya. Gaano man kaganda ang iyong balat, mga mata at buhok, kung walang kalansay ang iyong kagandahan ay mawawala. Kahit gaano pa kalaki at kalakas ang iyong mga kalamnan, kung wala ang istruktura ng mga buto ang iyong katawan ay magiging mahina. Kahit ang pinakamalakas na mga masel ay dapat nakadikit sa mga buto upang magamit. Ang balangkas ang nagbibigay ng istruktura sa iyong sermon.

**Paano Maghahanda ng Balangkas sa Pag-aaral**

(1) Gamitin ang iyong paghahati ng talata ng teksto bilang gabay.

Sa seksiyon sa "pagsusuri sa teksto," natutuhan mong hanapin ang natural na balangkas ng isang talata sa Kasulatan. Gamitin mo ang *phrasing* na ito bilang gabay para sa iyong balangkas sa pag-aaral.

(2) Hanapin mo ang mga pangunahing puntos sa natural na balangkas.

(3) Bigyan ng buod ang pangunahing kaisipan ng bawat punto.

| **Halimbawa ng Pagbubuhod ng Pangunahing mga Ideya** |
|---|
| Text: Roma 1:16-17<br>I. Hindi ikinahihiya ni Pablo ang Ebanghelyo ni Cristo.<br>II. Hindi siya nahihiya dahil ang ebanghelyo ang kapangyarihan ng Diyos upang magligtas.<br>III. Ang ebanghelyo ang kapangyarihan ng Diyos upang magligtas dahil inihahayag nito ang katwiran ng Diyos na maaaring matanggap sa pamamagitan ng pananampalataya. |

(4) Ibuod ang mga pumapangalawang puntos mula sa natural na balangkas.

| **Halimbawa ng Pagbubuhod ng Mga Subpoints mula sa Natural na Balangkas** |
|---|
| Text: Roma 1:16-17<br>I. Hindi ikinakahiya ni Pablo ang Ebanghelyo ni Cristo.<br>A. Ano ang ibig sabihin ng ikahiya ang isang bagay?<br>B. Paano binigyang kahulugan ni Pablo ang Ebanghelyo ni Cristo?<br>II. Hindi siya nahihiya dahil ang Ebanghelyo ang kapangyarihan ng Diyos sa pagliligtas.<br>A. Ang Ebanghelyo ay kapangyarihan ng Diyos.<br>B. Ang kapangyarihan ng Diyos ay naghahatid ng kaligtasan.<br>C. Isinasagawa ng Diyos ang kanyang pagliligtas sa "bawat isang sumasampalataya."<br>1. Inililigtas ng Diyos ang bawat sumasampalatayang Hudyo.<br>2. Inililigtas ng Diyos ang bawat sumasampalatayang "Griyego".<br>(Ano ang ibig sabihin ni Pablo sa "ang Griyego"?)<br>III. Ang Ebanghelyo ang kapangyarihan ng Diyos upang magligtas dahil inihahayag nito ang katwiran ng Diyos na maaring matanggap sa pamamagitan ng pananampalataya.<br>A. Ang katwiran ng Diyos ay nahahayag sa Ebanghelyo.<br>(Ano ang ibig sabihin ni Pablo sa "ang katwiran ng Diyos"?)<br>B. Ang katwiran ng Diyos ay inihayag "mula sa pananampalataya hanggang sa pananampalataya".<br>(Ano ang ibig sabihin ni Pablo sa "mula sa pananampalataya hanggang sa pananampalataya". |

Para sa balangkas sa pag-aaral, mahalagang sundin ang *natural* na mga puntos at pumapangalawang puntos ng teksto. Tandaan na ang isang expositoryong pangangaral ay ginagabayan ng teksto mismo. Hindi ipinipilit ng tagapangaral ang istruktura sa teksto; hinahanap lamang niya ang natural na istruktura ng teksto. Ang tungkulin ng isang Biblikal na nangangaral ng expositoryo ay ang "pakinggan ang teksto."

Narito ang ilang pahiwatig sa pagtukoy sa mga natural na puntos at mga pumapangalawang puntos ng isang teksto.

**(1) Ang mga panimbang na pangatnig o *coordinating conjunctions* (CC) ay *karaniwang* tanda na ang sumulat ay lumilipat mula sa isang pangunahing punto papunta sa susunod na pangunahing punto.**

CC → Dahil

I. Hindi ko ikinakahiya ang ebanghelyo ni Cristo,

CC → dahil

II. Ito ang kapangyarihan ng Diyos para sa kaligtasan sa bawat isa na sumasampalataya,

Una sa mga Hudyo
at gayundin
sa mga Griyego.

CC → Dahil

III. dito inihahayag ang katwiran ng Diyos mula sa pananampalataya hanggang sa pananampalataya;

SC → tulad ng nasusulat,
"Ang matuwid ay mabubuhay
dahil sa pananampalataya."

**(2) Ang mga pang-ukol o *prepositions* (PREP) ay maaaring maghudyat na ang pumapangalawang puntos ay kaugnay sa isa sa mga pangunahing puntos.**

**(3) Ang mga panimbang na oangatnig o *coordinating conjunctions* (CC) *kung minsan* ay nagpapahiwatig ng mga pumapangalawang puntos na kaugnay sa isa sa mga pangunahing mga puntos.**

PREP
kaligtasan <u>para sa lahat</u> nang sumampalataya

PREP
1. una <u>sa</u> mga Hudyo

CC
at gayun din

PREP
2. <u>sa</u> mga Griyego.

## Pagdaragdag ng Nilalaman sa Iyong Balangkas

Pagkatapos mong maihanda ang iyong balangkas sa pag-aaral, handa ka nang simulan ang pagdaragdag ng nilalaman sa iyong simulang balangkas. Sa hakbang na ito, gagawin mong balangkas ng pangangaral ang iyong balangkas sa pag-aaral at mga talaan. Habang sinusuri ang teksto, maaaring may mga tanong pa tungkol sa teksto na hindi mo pa nasasagot. Sa hakbang na ito, sasagutin mo ang mga tanong na iyon. Napag-aralan mo na kung ano ang **sinasabi** ng teksto; magpapatuloy ka sa pag-aaral kung ano ang **kahulugan** noon.

Ang susunod na hakbang sa iyong paghahanda ay ang paghanap sa mas higit na linaw kung ano talaga ng ninanais na sabihin sa atin ng sumulat ng mga talata na ito. Mahalaga ito dahil "kapag nagsasalita ang Biblia, nagsasalita ang Diyos."[76] Kung ano ang ninanais na sabihin ng sumulat ay siyang nais ng Diyos na sabihin sa atin. Bilang isang mangangaral, dapat mong kilalanin ang iyong sarili sa mensahe ng Diyos at iyon nang may kalinawan at damdamin.

Upang magawa ito, magiging matalino ka sa paggamit ng anumang gamit sa pag-aaral na mayroon para sa iyo. Kung maaari, gamitin mo ang mga sumusunod na gamit sa pag-aaral:

- Diksiyonaryong pam-Biblia
- Concordance
- Mga mapa sa Biblia
- Mga ensiklopedyang
- Mga pag-aaral sa Salita
- Mga Komentaryo

Sa iyong pag-iipon ng mga impormasyon tungkol sa teksto at sa kahulugan nito, ibuod mo ang pinakamahalagang mga impormasyon sa maiikling notes sa ilalim ng angkop na heading sa iyong balangkas sa pag-aaral.

Maging maingat na hindi ka maglalagay ng sobrang daming notes, o ang iyong sermon ay magiging labis ang haba at magiging mahirap sundan ng iyong mga tagapakinig. Sa halip, hanapin ang mahahalagang piraso ng impormasyon na makakatulong sa iyo upang mas malinaw na maipaliwanag ang kahulugan ng teksto. Iulat ang iyong mga talaan sa pag-aaral sa paraang maaari kang makipag-usap sa ordinaryong tagapakinig.

Hanapin mo ang impormasyong tulad ng:

- Pinagmulang pangkasaysayan – Ano ang nangyayari nang ito ay isulat?

[76] Albert Mohler in *Five Views on Biblikal Inerrancy* (MI: Zondervan Press, 2013).

- Kahulugan ng mga salita – Kailangan bang mas malinaw na ipaliwanag ang mahahalagang salita?
- Heograpiya – Mayroon bang lunsod o mga lugar na nabanggit sa iyong teksto? Saan ang lokasyon ng mga taong unang sinulatan nito? Tingnan kung ano ang maaari mong matutuhan sa isang libro ng mga mapa sa Biblia, diksiyonaryong pam-Biblia, o ensiklopedyang pam-Biblia.

Kung mayroon ka pang mga tanong tungkol sa teksto, bumasa ka ng mga komentaryo sa Biblia upang magkaroon ka ng mga pananaw mula sa ibang iskolar sa Biblia.

**Pagbabago sa Iyong Balangkas sa Pag-aaral Upang Gawing Balangkas sa Pangangaral**

Ngayon na maingat mo nang napag-aralan ang teksto, isasalin mo na ang iyong balangkas sa pag-aaral upang maging balangkas sa pangangaral.

Ang layunin ng balangkas sa pag-aaral ay:

- Upang ipakita ang takbo ng mga iniisip ng sumulat.
- Upang hubugin ang iyong mensahe sa direksiyon ng mga iniisip ng sumulat.
- Upang magbigay ng istruktura sa iyong mga talaan sa pag-aaral at mensahe.
- Upang tulungan kang magtuon ng atensiyon sa mensahe ng teksto.
- Upang maiwasang magdagdag ng mga puntos na hindi nanggaling sa teksto (kahit pa maging mabubuting puntos ito para sa ibang sermon).

Ang layunin ng isang balangkas sa pangangaral ay:

- Upang gawing mas madali para sa iyong tagapakinig na unawain at alalahanin ang mensahe.
- Upang mailapat ang mensahe sa puso at buhay ng iyong mga tagapakinig sa mga praktikal na paraan.
- Upang hikayatin ang iyong tagapakinig upang tumugon sa mensahe ng teksto sa Kasulatan.
- Upang ipahayag ang katotohanan ng teksto nang may tinig ng propeta sa buhay ng iyong mga tagapakinig.

| Balangkas sa Pag-aaral | Balangkas sa Pangangaral |
|---|---|
| Nagbibigay ng *Biblikal na istruktura* para sa mensahe. | Nagbibigay ng *malinaw at memorableng* presentasyon para sa mensahe. |
| Iniuugnay ang *sermon* sa teksto. | Iniuugnay ang *teksto* sa *buhay* ng tagapakinig. |
| Nakatuon sa tamang *impormasyon.* | Nakatuon sa tamang *aplikasyon* |
| Tinitiyak na ang mensahe ay ayon sa *Biblia*. | Tinitiyak na ang mensahe ay *napapanahon.* |
| Hinahanap ang *layunin* ng teksto. | Ipinapaliwanag ang layunin nang may *makahulang boses*. |
| Nagbibigay ng *paliwanag* sa teksto. | Nagbibigay ng *pangaral* ng teksto. |

***Paglikha ng Balangkas sa Pangangaral***

Ang balangkas sa pangangaral ay dapat sumunod sa mga puntos na inihanda mo sa iyong balangkas sa pag-aaral. Maaari mong gamitin ang iyong balangkas sa pag-aaral bilang bahagi ng nilalaman ng iyong mensahe. Gayunman ang iyong balangkas sa pangangaral ay dapat gumamit ng mga puntos ng iyong balangkas sa pag-aaral at ipahayag ang mga iyon sa mas simple at mas malikhaing pamamaraan.

Ang balangkas sa pag-aaral ay nakatulong sa iyo sa pagbibigay-kahulugan at pagpapaliwanag sa teksto. Para sa pagkakataong ito, napakahalaga ng detalye. Sa pag-aaral, ikaw ay nakatuon sa **siyensiya** ng pagbibigay-kahulugan.

Hindi ganoon katiyak ang balangkas sa pangangaral. Mas binibigyang atensiyon nito ang **sining** ng komunikasyon. Maging malikhain ka at magkaroon ng mabuting imahinasyon sa iyong balangkas sa pangangaral.

Iwasang gamitin ang parehong uri ng balangkas sa bawat sermon; nais mong maging malikhain upang ang tagapakinig ay maingat na makikinig sa iyo sa tuwing beses na ikaw ay mangangaral. Gayunman, huwag mong hayaang ang pagiging malikhain ang maglayo sa iyo mula sa mensahe ng teksto. Habang naghahanda ka ng balangkas sa pangangaral, dapat kang madalas na bumalik sa balangkas sa pag-aaral upang tiyakin na nananatili kang matapat sa teksto.

***Mga Mungkahi para sa Balangkas sa Pangangaral***

(1) Hayaang direktang magsalita ang iyong balangkas sa pangangaral sa iyong mga tagapakinig.

Dahil ang isang pangangaral ay nangangailangan ng tugon,ang iyong balangkas ay dapat direktang magsalita sa iyong tagapakinig, kailan man at hangga’t maaari. Ang isang balangkas na nagsasalita nang direkta sa mga tagapakinig ay nagkakaroon ng mas malakas na epekto. Malalaman nila na dapat mayroon silang **gawin**. Hindi lamang ito impormasyon na dapat malaman; ito ay isang bagay na **dapat ilapat** sa kanilang buhay.

| **Halimbawa ng Pagsasalita nang Direkta sa Madla** | |
|---|---|
| Balangkas sa Pag-aaral | Dapat isuot ng Kristiyano ang buong baluti ng Diyos. |
| Balangkas sa Pangangaral | Isuot mo ang iyong baluti! |

(2) Gumamit ng mga kumpletong pangugusap.

Upang malinaw na makapagkomunikasyon, kailanman at hangga’t maaari gumamit ng mga buong pangungusap.

| **Halimbawa ng Paggamit ng Kumpletong Mga Pangungusap** | |
|---|---|
| Hindi kumpletong pangungusap | Ang Prayoridad ng Pananalangin |
| Kumpletong Pangungusap | Gawin ninyong Prayoridad ang Pananalangin. |

(3) Gumamit ng mga Salitang nagpapakita ng kilos.

Dahil ang sermon ay nananawagan sa tagapakinig upang tumugon, dapat kang gumamit ng aktibong pangungusap kapag maaari.

| **Halimbawa ng Paggamit ng Aktibong Salita** | |
|---|---|
| Balintiyak na Pangungusap | Maraming pagpapala ang nagmumula sa pagiging masunurin. |
| Aktibong Pangungusap | Nagdadala ng pagpapala ang pagsunod! |

(4) Gumamit ng mga simpleng pananalita.

Ang layunin ng tagapangaral ay maipabatid sa mga tao, hindi magpakitang gilas sa bokabularyo ng isang mangangaral. Kapag gumagamit ka ng malalaking salita na hindi nauunawaan ng mga tao, nabibigo kang maipabatid ang mensaheng nakababago ng buhay. Ipakita mo sa mga tao ang kapangyarihan ng Salita ng Diyos, hindi sa mga mahahabang salitang iyong natutuhan.

Si Apostol Pablo ay isang matalinong iskolar. Marunong siya ng iba't-ibang wika; kaya niyang makipagdebate sa pilosopiyang Griego, teolohiyang Hebreo, at pulitikang Romano. Kung pipiliin ni Pablo, makagagamit siya ng mga komplikadong mga salita na walang nakauunawa; subali't kapag nangangaral si Pablo, ibinahagi niya ang pagiging simple ng ebanghelyo. Alam niya na ang ebanghelyo "ang kapangyarihan ng Diyos para sa kaligtasan ng bawat isang sumasampalataya, sa mga Jews noong una at gayun din sa mga Griego."[77]

Sa Middle Ages, may isang Obispo na nagngangalang Johannes. Siya'y kilalang orador. Nakapagsasalita siya nang may damdamin at katalinuhan. Maraming tao ang dumating upang makinig sa pangangaral ni Johannes. Ang mga tao ay talagang humahanga sa kanilang Obispo. Gayunman, sa tuwing beses na umaalis si Johannes sa pulpito, may isang babaeng may edad na ang tumitingin sa kanya at bumubulong, "Malaki si Johannes, Maliit si Hesus."

Nagulumihanan ang Obispo sa sinasabi ng babae. Sa wakas, humiling siya ng bakasyon mula sa pangangaral. Sa loob ng halos isang taon, binasa niya ang Bagong Tipan at pinagbulayan ang buhay ni Hesus at ang kapangyarihan ng ebanghelyo.

Linggo ng Pagkabuhay nang bumalik sa pangangaral si Obispo Johannes. Umaapaw sa tao ang katedral. Pagkalipas ng isang taon, naghihintay sila ng isang natatanging sermon. Umakyat si Johannes sa pulpito upang magsalita. Nagsimula siya, "si Jesukristo"—at tumigil. Nagsimula siyang umiyak nang maalala niya kung ano ang natutuhan niya tungkol kay Hesus sa taong ito ng pananalangin at pag-aaral. Pagkatapos ng ilang pagtatangka na ipangaral ang kaniyang sermon, bumaba siya sa pulpito at lumakad pabalik sa likurang bahagi ng katedral dahil sa kahihiyan. Sa kanyang pagdaan sa tapat ng matandang babae, narinig niyang sinabi nito, "Maliit si Johannes; Malaki si Hesus."

Bilang mga tagapangaral, ang ating layunin ay dapat maging, "Maliit Ako; Malaki si Hesus." Ang simpleng mga salita na nagpapahayag sa ebanghelyo nang may kapangyarihan ay nagtataas kay Hesus sa halip na itaas ang tagapangaral.

[77] Rom. 1:16.

## Paghahanda ng Expository Sermon

### (1) Teksto sa Biblia

A. Magsimula sa isang teksto o sipi.
B. Tukuyin ang talata.
C. Ikunekta sa teksto.

### (2) Natural na Balangkas

A. Suriin ang teksto.
B. Ayusin ang tekstong Biblikal sa natural na kaayusan sa pagkakasunodsunod ng mga kaisipan (phrasing).

### (3) Balangkas sa Pag-aaral

A. Bigyan ng buod ang susing puntos ng natural na balangkas.
B. Ayusin ang natural na balangkas ayon sa mga pangkat at mga kahaliging pangkat.
C. Gamitin ang balangkas sa pag-aaral bilang gabay para sa karagdagang pag-aaral.
D. Magdagdag ng nilalaman sa balangkas.

### (4) Balangkas sa Pangangaral

A. Muling ihayag ang mga susing puntos ng balangkas sa pag-aaral sa mga simpleng pangungusap.
B. Gawin itong madaling sundan at tandaan.
C. Gawin itong makahula (magsalita ng katotohanan sa buhay ng mga tagapakinig).
D. Maging malikhain.

## Konklusyon

Suriin ang kahulugan ng expositoryong pangangaral.

***Ang expositoryong pangangaral ay ang komunikasyon ng isang konseptong Biblikal mula sa at isinalin sa pamamagitan ng pangkasaysayan, gramatiko at literaturang pagaaral ng isang sipi sa konteksto nito, na unang inilalapat ng Banal na Espiritu sa katauhan at karanasan ng isang mangangaral, pagkatapos, sa pamamagitan niya, patungo sa kanyang mga tagapakinig.***

Mahirap na gawain ang expositoryong pangangaral. Nangangailangan ito ng pagtatalaga ng sarili na mas malalim na saliksikin ang teksto, upang maunawaan ang sinasabi ng Salita ng Diyos, at pagkatapos ay ikomunikasyon ang teksto sa mga tagapakinig sa kasalukuyan. Ito ay mahirap na gawain, subali't ito ay nagbibigay-gantimpala. Tayo ay nangangaral dahil "nakalulugod sa Diyos na sa pamamagitan ng kamangmangan ng ating ipinangangaral upang maligtas ang sinumang sumasampalataya." Kapag ipinapangaral

natin si Kristo na napako sa krus, nakikita natin ang kapangyarihan ng ebanghelyo "dahil ang kahangalan ng Diyos ay mas matalino kaysa sa tao."[78]

## Mga Tanong sa Pagsusulit sa Aralin 5

Walang pagsusulit sa araling ito. Sa halip, magsasanay ka sa paghahanda at pangangaral ng isang expositoryong pangangaral.

(1) Paghahanda ng Sermon

Pumili ng isang tekstong nais mong ipangaral. Gumawa ng isang detalyadong pag-aaral ng talata sa Kasulatan gamit ang mga hakbang sa araling ito.

(A) Mapuspos sa teksto. Basahin ito ng kahit man lang sampung beses at damahin ang emosyon ng sumulat.

(B) Saliksikin ang teksto gamit ang limang hakbang na ibinigay sa araling ito.

(C) Maghanda ng balangkas sa pag-aaral batay sa talata.

(D) Maghanda ng balangkas sa pangangaral batay sa talata.

(2) Presentasyon ng Sermon

Ipangaral ang sermon na inihanda mo sa klase. Dapat 12-15 minuto ang tagal ng sermon. Ang bawat miyembro ng klase ay magsasagot ng talaan ng pasusuri na matatagpuan sa likod ng gabay sa kursong ito.

[78] 1 Cor. 1:21, 25

# Aralin 6
# Nakasulat na Komunikasyon

## Mga Layunin ng Aralin

Kapag natapos ang aralin, ang mag-aaral ay dapat:
(1) Kilalanin ang kahalagahan ng pagsusulat sa Kasulatan
(2) Matutuhan ang mga aral mula sa Jeremias tungkol sa pagsusulat.
(3) Maunawaan ang kahalagahan ng pagsusulat para sa mga tagapangunang Kristiyano.
(4) Matutuhan ang mga praktikal na mungkahi para sa mas mabuting pagsusulat.
(5) Sumulat ng isang debosyonal para sa ikabubuti ng iyong kapwa mananampalataya.

## Pasimula

Ilang taon na ang nakalilipas, isang lalaki mula sa Makurdi ang bumasa ng kopya ng aking librong may pamagat na *Two Models of Leadership for Kingdom Building* (*Dalawang Modelo ng Pamumuno para sa Pagtatatag ng Kaharian*). Nagpasiya siyang gamitin ang ilan sa aking mga rekomendasyon sa kanilang iglesya. Makalipas ang ilang panahon, nasorpresa siyang makakita ng tunay na pagbabago na nagaganap sa kanilang iglesya. Nagpasya siyang pumunta kay Jos upang makita ako at makakuha ng kopya ng bawat librong aking isinulat. Simula noon, dalawang beses na siyang pumunta sa aking bahay upang bumili ng mga librong ibinebenta naman niya sa kanyang mga kapwa pastor.

Dapat maging malinaw ang punto: ang aking mga isinulat ay "nangangaral" sa mga taong hindi ko pa nakikita o nakikilala. Ang ilan sa mga taong nakabasa ng aking mga isinulat ay mga tagapanguna na nakapagpasa din ng mga bagay na ito sa libong bilang ng mga tao sa ilalim ng kanilang pangangasiwa. Ito ang pagpapala ng komunikasyon sa pamamagitan ng pagsusulat.

## Pagsusulat sa Biblia

Nang makipagusap ang Diyos sa mga tao, madalas na pinipili niya ang nakasulat na komunikasyon. Ang salitang "sumulat" ay ginamit ng pitumpu't-pitong beses sa Biblia. Ang unang pagbanggit sa pagsusulat ay ang tala ng paghatol ng Diyos sa mga tao ni Amalek.

> "At nalupig ni Josue ang mga Amalecita gamit ang espada. Pagkatapos sinabi ng PANGINOON kay Moses, 'Isulat mo ang pangyayaring ito upang hindi ninyo malimutan, at sabihin mo kay Josue na lilipulin ko ang mga Amelicita.'"[79]

Ang huling pagbanggit sa pagsusulat ay ang pangako ng Diyos ng isang dakilang hinaharap para sa kanyang bayan.

[79] Exodo 17:13-14.

> "At siya na nakaupo sa trono ang nagsabi, 'Ngayon, binabago ko ang lahat ng bagay.' At sinabi niya sa akin, 'Isulat mo: Maaasahan at totoo ang mga salitang ito.'"[80]

► Basahin ng mga talatang ito na nagpapakita ng kahalagahan ng pagsusulat sa Kasulatan: Isaias 30:8; Jeremias 36:1-2; Mga Gawa 15:19-20.

Narito ang ilan sa mga bagay na iniutos ng Diyos na isulat ng kanyang mga tagapaglingkod.

- Ang batas na siyang mamamahala sa Israel (Deuteronomio 17:18; 27:3)
- Ang mga Salita ng Diyos sa mga hamba ng pinto at sa mga pintuan ng mga tahanan (Deuteronomio 6:9; 11:20)
- Mga Awit (Deuteronomio 31:19)
- Mga Salita Para sa Bayan ng Diyos (Isaias 8:1)
- Isang aklat ng mga propesiya (Jeremias 30:2; 36:2, 28)
- Ang paglalarawan sa Templo (Ezekiel 43:11)
- Mga Pahayag mula sa Diyos (Habakkuk 2:2)
- Mga Mensahe para sa mga Iglesya (Pahayag 1:11, 19; 2:1, 8, 12, 18; 31, 7, 14)

Dagdag pa dito, ang Banal na Espiritu ang pumukaw sa mga manunulat ng Biblia upang isulat ang mga Kasulatan. Ang mga salitang ito ay hindi idinikta, subali't ang Banal na Espiritu ang lumukob at nangasiwa sa mga sumulat ng Kasulatan, kaya't ang kanilang mga kaisipan ay mga Salita ng Diyos, at sila ay may proteksiyon laban sa pagkakamali.[81]

Alam ng Diyos ang lahat ng bagay.[82] Nalalaman Niya ang pinakamabuting paraan upang makipagkomunikasyon at ipreserba ang katotohanan. Iyon ang dahilan kaya't pinukaw ng Diyos ang mga tao upang isulat ang mga katotohanang nais ng Diyos na iparating sa atin. Ang sariling halimbawa ng Diyos ay demonstrasyon ng kahalagahan ng pagsusulat. Kung mahalaga ang pagsusulat para sa Diyos, dapat ding maging mahalaga ang pagsusulat para sa atin.

## Mga Aral mula kay Jeremias

Ang Jeremias 36 ay nagbibigay sa atin ng isang nakawiwiling kuwento tungkol sa mga huling araw bago ang pagbagsak ng Jerusalem. Masyadong wasak na ang Juda na ang bansa ay malapit nang maging bihag. Hinuhulaan na ni Jeremias sa loob ng ilang taon ang tungkol sa darating na paghuhukom, subali't tinanggihan ang kanyang mga mensahe. Sa isang pagkakataon, habang siya'y nagtatago, sinabi ng Diyos sa kanya na idikta (at ipasulat) kay Baruch ang lahat ng mensaheng ibinigay ng Diyos sa kanya. Pagkatapos irecord ang mga mensahe, sinabi ni Jeremias kay Baruch na pumunta sa Templo at basahin ang mga mensaheng iyon sa mga tao.

---

[80] Pahayag 21:5.
[81] 2 Timoteo 3:16; 2 Pedro 1:21.
[82] Omniscient- nangangahulugang "nalalaman-ang-lahat".

Habang ginagawa ito ni Baruch, narinig siya ni Mikaya. Sinabi niya sa mga tagapanguna sa pamahalaan ang tungkol sa kanyang narinig. Inanyayahan ng mga tagapanguna si Baruchh at ipinabasa ang isinulat ni Jeremias. Nang mabasa ito ni Baruch sa kanila, natakot sila at nagpasya na kailangang marinig din ng hari ang mensaheng ito.

Dinala ang kasulatan sa hari at binasa ito sa kanya ni Jehudi. Malamig nang panahong iyon kaya't mayroong apoy upang mainitan sa kuwarto ng hari. Habang binabasa ni Jehudi ang Kasulatan, pinuputol ng hari ang bawat bahaging nabasana at inilalagay iyon sa apoy. Hiniling ng ilang opisyal sa hari na huwag sunugin ang kasulatan, subalit hindi siya nagpakita ng anumang pagsisisi dahil sa mensahe.

Matapos sunugin ng hari ang aklat, nagsalita ang Panginoon kay Jeremias upang muling isulat ang lahat ng nauna niyang isinulat. Walang sinumang nagnanais na gawin ang parehong trabaho nang dalawang beses, subali't sumunod si Jeremias.

> "Pagkatapos, kumuha si Jeremias ng isa pang sulatan at ibinigay iyon kay Baruch, ang eskriba, anak ni Nerias, na sumulat niyon ayon sa dikta ni Jeremias ang lahat ng salita sa kasulatang sinunog ni Haring Joaquim. At maraming katulad na mga salita ang idinagdag doon na tulad ng ipinasulat niya kay Baruch."[83]

Inilalarawan ng kuwentong ito ang dalawang prinsipyong kaugnay sa pagsusulat.

**Ipinakita ni Jeremias ang Kahalagahan ng Pagsusulat**

***Nakakarating ang ating mga isinusulat sa mga lugar na hindi natin mapupuntahan.***

Sa panahon na tinanggap ni Jeremias ang tagubilin ng Diyos upang magsulat, siya ay nagtatago. Sinabi ni Jeremias kay Baruch:

> "Hindi ako pinahihintulutang pumasok sa bahay ng PANGINOON, kaya't ikaw ang pupunta doon, at sa araw ng pag-aayuno, sa naririnig ng lahat ng tao sa tahanan ng PANGIOON babasahin mo ang salita ng PANGINOON mula sa kasulatang idinikta ko sa iyo. Babasahin mo rin iyon sa mga Hudyong nanggaling sa kani-kanilang lunsod."[84]

Bagaman hindi makapapasok si Jeremias sa Templo, ang kanyang komunikasyon ay makakapangaral sa anyong nakasulat.

Ikinatutuwa ko ang pangangaral. Ang totoo, ito ang aking paboritong tungkulin. Gayunman, lalo kong natutuklasan na ang aking mga isinusulat ang nagkakaroon ng pinakamalaking epekto sa Nigeria kung saan ako nagmiministeryo. Mahabang panahon pa kahit wala na ako, ang aking mga libro ay magpapatuloy sa pangangaral. Makakarating ang aking mga libro sa mga lugar na kailanman ay hindi ko mapupuntahan. Kamakailan

---

[83] Jer. 36:32.
[84] Jer. 36:5-6.

lang, nakatanggap ako ng salin sa Spanish ng isa sa aking mga libro. Iyon ay isinalin sa Espanyol sa Bolivia, isang bansa na hindi ko nabibisita. Iyon ang kagandahan ng pagsusulat. An gating mga isinusulat ay nakararating sa mga lugar na hindi natin kailanman mararating.

***Ang ating mga isinusulat ay nakapagsasalita sa paraang hindi natin magagawa.***

Si Jeremias ay isang matapat na propeta. Nakapangaral at nakapanghula na siya nang maraming beses. Gayunman, nakakita siya ng pagkakataon upang magkipagsalitaan sa isang bago at naiibang paraan. Pansinin ang kanyang mga salita:

> Marahil ang kanilang kahilingan para sa awa ay makakarating sa harapan ng Panginoon, at ang bawat isa ay tatalikod sa kanyang masamang gawa, dahil malaki ang galit at poot ng Diyos na ipinahayag niya laban dito.[85]

Natupad ng pagbasa ang ninanais na epekto. Pakinggan ang resulta sa salita ni Jeremias:

> "Nang marinig ni Micaya, anak ni Gemarias, at apo ni Safan, ang lahat ng salita ng PANGINOON mula sa kasulatan, nagtungo siya sa palasyo, sa silid ng tagapayo ng hari. Nagkakatipon noon ang lahat ng mga opisyal: si Elisama, ang tagapayo ng hari, si Delaya, na anak ni Semaya, si Elnatan na anak ni Acbor, si Gemarias na anak ni Safan, siSedequias na anak ni Ananias, at lahat ng mga pinuno.
>
> "At sinabi ni Micaya sa kanila ang lahat ng kanyang narinig, nang basahin ni Baruch ang kasulatan na naririnig ng mga tao.
>
> "Pagkatapos, inutusan ng mga opisyal si Jehudi na anak ni Netanias, at apo ni Selenias, mula sa lipi ni Cusi, upang sabihan si Baruch na 'Dalhin mo rito ang kasulatang binasa mo at napakinggan ng mga tao.' Dumating si Baruch na dala ang kasulatan.
>
> "At sinabi nila sa kany, 'Maupo ka at basahin mo sa amin ang nasasaad sa kasulatan.' Kaya't binasa iyon ni Baruch sa kanila. Nang marinig nila ang lahat ng salita, buong pagkabahala silang nagtinginan. Sinabi nila kay Baruch, 'Ito'y kailangang ipagbigay-alam natin sa hari.'"[86]

Kilala ni Micaya at ng iba pang opisyal si Jeremias. Malamang na lahat sila ay narinig nang magsalita si Jeremias. Gayunman, nang marinig nila ang kaniyang isinulat tumugon sila sa ibang paraan kaysa sa kanilang pagtugon sa kanyang pasalitang komunikasyon.

Ang komunikasyong nakasulat ay naghahatid ng mensahe sa ibang paraan kaysa sa pasalitang komunikasyon. May mga taong mas mabuti ang tugon sa pasalitang komunikasyon. Ang iba naman ay tumutugon nang mas mabuti sa nakasulat na

---

[85] Jer. 36:7.
[86] Jer. 36:11-16.

komunikasyon. Ang nakasulat na komunikasyon ay nakaaabot sa ibang grupo ng mga tao at may epekto sa ibang paraan kaysa sa pasalitang komunikasyon.

***Ang ating mga isinulat ay magsasalita kahit wala na tayo.***

Isa sa pinakamahalagang paraan na maaari nating pangalagaan ang ating ministeryo ay sa pamamagitan ng pagsusulat. Halos 2,500 taon nang patay si Jeremias, subali't libong tao ang bumabasa sa kanyang isinulat sa kanilang pagbubulay sa umagang ito. Apat na raan at limampung taon matapos mamatay, si John Calvin ay patuloy na nangangaral. Mahigi dalawang daang taon pagkatapos mamatay, si John Wesley ay patuloy na nangangaral.

Upang maitatag ang kaharian ng Diyos, dapat nating gamitin ang lahat ng posibleng paraan. Kung sa pamamagitan ng pagsusulat ay maaabot ang mga taong hindi maaabot ng pangangaral, sagayun, dapat tayong magsulat.

Tandaan, "sa kanya na marami ang ibinigay, marami rin ang sa kanya ay inaasahan."[87] Kung biniyayaan ka ng Diyos ng kakayahang magsulat,pangalagaan mo ang mga aral na ibinigay ng Diyos sa iyo. Matagal na panahon kahit wala ka na, magpapatuloy pa rin ang iyong ministeryo. Kahit na ang iyong pangunahing ministeryo ay pangangaral, tanungin mo ang Diyos kung magagamit ka niya upang maglingkod sa kanyang kaharian sa pamamagitan ng pagsusulat.

**Nagsumikap si Jeremias sa panahon na Pinanghihinaan ng Loob**

Mahirap ang gawain ng pagsusulat. Nag-iisip ka, nagsusulat, inuulit ang isinulat, at sa huli nagagawa mo ang mensahe na eksakto ayon sa gusto mo. Isa sa pinakanakakapanghina ng loob na maaaring mangyari sa isang manunulat ay ang mawala ang isang bagay na isinulat na niya. Maaaring mamatay ang koryente bago mo pa maayos na mai-seyb ang isang dokumento sa iyong kompyuter, o kapag nasira ang mga pahina na iyong isinulat. Nakakapanghina ng loob kapag sinisikap mong muling isulat ang anumang nawala na.[88]

Nangyari ito kay Jeremias. Nagtrabaho siya upang itala ang mga mensahe na ibinigay ng Panginoon sa kanya, pagkatapos nawala lamang iyon. Marahil labis itong nakapanghina ng kanyang loob. Gayunman, nagsalita ang Panginoon sa kanya at sinabi sa kanya na muling isulat ang lahat ng mga iyon.

Marami sa atin ang maaaring matukso na magreklamo. Marami sa atin ang maaaring magtanong sa Diyos: "Bakit hindi mo iningatan ang isinulat ko?" Gayunman, hindi na

---

[87] Lucas 12:48.

[88] Magdaragdag ako ng isang pang kaisipan rito.Ang isang manunulat ay dapat magtago ng ilang kopya ng mga isinusulat nila. Ginamit ng Diyos sa kanyang pagiging makapangyarihan sa lahat upang masira ang unang dokumento ni Jeremias. Gayunman, hindi natin maaaring asahan na mangyayari rin sa atin ang gayun. Nagkaroon na ako ng ilang mag-aaral na nawalan ng kanilang mga sinaliksik para sa mga proyekto dahil sa mga magnanakaw o sunog. Matindi kong hinihikayat ang mga tao na may nakasulat na dokumento na tiyakin na ang mga ito ay mayroong kopya. Kung nagtatago ka ng mga bagay sa kompyuter, dapat mong regular na igawa ng kopya ang mga dokumentong ito at itago iyon sa ligtas na lugar.

inabala ni Jeremias ang kanyang sarili sa mga tanong na iyon. Simpleng bumalik siya sa trabaho.

> "Pagkatapos, kumuha muli si Jeremias ng isa pang sulatan at ibinigay iyon kay Baruch, ang escriba,na anak ni Nerias, na sumulat doon ng mga idinikta ni Jeremias. Ito'y ang lahat ng salita sa kasulatan na sinunog ni Haring Joaquim ng Juda. **At marami pang ibang katulad na mga salita ang idinagdag sa mga iyon**."[89]

Ang resulta sa huli ay mas mabuti kaysa sa nauna. Nakapagdagdag pa si Jeremias sa dokumento higit kaysa sa nauna. Walang nawala subali't may nadagdag pa. Ang Diyos, sa kanyang pagiging makapangyarihan ay nagpahintulot na pansamantalang mawala ang isinulat ni Jeremias. Gayunman, sa proseso ng muling pagsusulat niyon, isang mas mabuti dokumento ang naging bunga nito. Ang punto ay 'huwag nating hayaan na ang sarili natin ay masiraan ng loob". Sa lahat ng ating pakikipagkomunikasyon, nakasulat man o pasalita, dapat nating pagtiwalaan ang ultimong layunin ng Diyos. Siya ang may kontrol at siya'y mapagtitiwalaan.

## Ang Kahalagaham ng Pagsusulat

Maraming dahilan kung bakit dapat tayong magsulat. Narito ang ilang dahilan na ang pagsusulat ay mahalaga para sa mga tagapangunang Kristiyano.

**(1) Mas mapapabuti ng iyong isinusulat ang iyong pag-iisip nang higit kaysa sa iyong binabasa**.

Mas ginagamit mo ang iyong utak, mas mag-iisip ka ng mga orihinal at malikhaing mga ideya. Ang pagbabasa ay nagpapasigla ng pag-iisip, subali't ang pagsusulat ay nangangailangan ng higit na konsentrasyon. Ang pagsusulat kadalasan ay nagbubunga ng mas orihinal na mga kaisipan kaysa sa pagbabasa. Napakadali para sa ating isip na maglakbay habang tayo ay nagbabasa; mas mahirap para sa iyong isip ang maglakbay kapag ikaw ay nagsusulat. Mas marami kang isinusulat, mas lalo kang nag-iisip; mas lalo kang nag-iisip, mas lalong higit na orihinal na mga kaisipan ang maiisip mo.

**(2) Ang iyong isinusulat ay mas malinaw na maihahayag kaysa sa iyong sinasabi**.

Kung nagsasalita ang isang tao nang direDiretso at walang paghahanda, ang kaniyang komunikasyon ay agad-agad at direkta. Maliit ang pagkakataon na itama ang anumang pagkakamali sa komunikasyon. Gayunman, kapag ang isang tao ay may pagkakataon na sumulat nang mas maaga, maaari niyang masabi nang napakalinaw ang kaniyang nais sabihin.

---

[89] Jer. 36:32.

Ang panahon ay may magandang paraan ng pagtulong upang an gating komunikasyon ay maging ganap at mas mabuti. Kapag ang isang tao ay sumusulat ng sermon, magiging mas tiyak ang kanyang pagsasalita dahil nagkaroon siya ng oras upang pag-isipan anuman ang nais niyang sabihin. Mas marami kang isusulat, mas malinaw at mas direkta ang iyong magiging komunikasyon.

**(3) Ang iyong isinusulat ay mas madaling maiintindihan kaysa sa iyong sinasabi**.

Kapag ang isang tao ay nakikinig sa isang sermon o talumpati, mayroon lamang siyang isang pagkakataon upang maunawaan iyon. Kapag mayroong bumulong sa kanya o inabala siya, may bahagi ng komunikasyon na hindi na niya maririnig. Subali't kapag tayo ay nagbabasa, lagi tayong may pagkakataon na balikan kung saan tayo nagbabasa. Dagdag pa rito, kapag nasa harapan natin ang dokumento, mayroon tayong pagkakataon na magbasa ng mas mabagal at mapag-isipan ang ating binabasa. Dahil dito mas marami tayong matututuhan mula sa pagbabasa kaysa kung naririnig lamang natin.

**(4) Ang iyong isinusulat ay maaalala nang mas matagal kaysa sa iyong sinasabi**.

Ang isang sermon o talumpati ay malilimutan agad ng halos lahat nang nakarinig nito. Marahil matatandaan mo ang isa o dalawang mga bagay na binanggit ng tagapangaral sa araw ng Linggo. Gayunman, kung isinusulat ng tagapangaral ang kanyang sermon at nililimbag iyon sa isang libro, ang sermon ay patuloy pa ring mangangaral sa mahabang panahon kahit mamatay na ang tagapangaral.

## Mga Mungkahi Para sa Mas Mabuting Pagsusulat

**(1) Magsulat hangga't maaari.**

Ang pinakamabuting paraan upang matiyak na ikaw ay magiging isang mahusay na manunulat ay ang magkaroon ng maraming maraming pagsasanay. Isulat mo ang lahat ng bagay na maaari mong isulat. Ang isang mabuting simula ay ang pagsusulat ng mga talaan at obserbasyon sa iyong pagbubulay-bulay sa umaga. Magbibigay ito sa iyo ng isang matahimik at pansariling paraan upang magsanay sa pagsusulat. Maaari kang sumulat ng mga bagay na walang sinumang maaaring magkaroon ng pagkakataon na makita.

Sa pang-araw-araw na buhay, ang pagsusulat ay maaaring magsilbing paraan upang mawala o mabawasan ang bigat dulot ng mga problema at pressures. Madalas kong hinihikayat na magsulat ang mga taong may problema. Ang pagsusulat ay magsisilbing pagpapahayag ng ating mga emosyon.

Lahat tayo ay nangangailangang maipahayag ang ating nararamdaman sa isang tao. Kapag pinanatili natin ang ating mga tanong at problema sa ating sarili lamang, magiging dahilan iyon ng problema sa atin kapag nagtagal. Kung minsan hindi tayo komportable ng ibahagi sa iba ang ating mga iniisip. Kung minsan, makatutulong na isulat ang ating mga suliranin sa isang talaarawan. Isulat mo ang tungkol sa suliranin; isulat mo ang mga

posibleng solusyon; isulat ang iyong mga nararamdaman; isulat ang iyong mga tanong at mga pagpapala. Ang mga taong sumubok gawin ang panukalang ito ay madalas na nakatatagpo ng malaking kaginhawahan.

Halimbawa, pagkatapos kong hikayatin ang isa sa mga miyembro ng iglesya naming upang magsulat, ang isang babae ay nakapaglabas ng dose-dosenang pahina ng mga kaisipan, pagbubulay-bulay, tula at mga panalangin tungkol sa itinuturo ng Diyos sa kanya. Dumaraan siya noon sa isang matinding krisis sa kanyang buhay. Dagdag pa sa nakatulong sa kanya na ilagay sa mga salita ang mga usaping iyon, ang kanyang mga isinulat ay naging isang kapaki-pakinabang na instrumento sa pagtulong sa ibang taong nagdaraan sa mga katulad na mga kalagayan.

Hinihikayat ko ang mga mangangaral na isulat ang kanilang mga sermon. Kung ikaw ay isang tagapagturo sa PangLinggong Paaralan, isulat mo ang iyong aralin sa PangLinggong Paaralan. Isulat mo ang iyong mga sasabihin kapag ikaw ay maghahandog ng isang sanggol. Isulat mo ang mga luksang-parangal kapag ikaw ay nangunguna sa libing. Isulat mo ang mga presentasyon na gagawin mo sa harap ng mga komite. Maging isang taong isinusulat ang lahat ng bagay.

Mahirap na gawain ang pagsusulat. Madali tayong panghinaan ng loob. Napapagod ang mga manunulat sa pagsusulat at nawawalan ng konsentrasyon. Nahihirapan silang mag-isip ng anumang bagay na maisusulat. Ang paraan upang mapagtagumpayan ang panghihina ng loob na ito ay ang pagpapatuloy sa pagsusulat. May mga panahon na kakailanganin mong tumigil o magpahinga mula sa pagsusulat. May mga pagkakataon, kailangan mong gumawa ng ibang bagay. Gayunman, upang ikaw ay maging isang mahusay na manunulat, magpatuloy ka sa tuloy tuloy na pagsusulat hangga't maaari.

**(2) Hanggat maaari sumulat ng simple lang**.

Ang layunin ng pagsusulat ay ang magbigay-alam, hindi upang magpakitang-gilas sa ibang tao gamit ang iyong bokabularyo. Ang atensiyon ng mga tao ay unti-unting umiigsi dahil sa telebisyon at video. Samakatuwid, ang mga mabubuting manunulat ay nagtutuon sa simpleng pagsusulat sa halip na sa mga komplikadong mga pagsusulat.

- Gumamit ng mga karaniwang mga salita sa halip na mga matataas at pang-akademikong mga salita.
- Gumamit ng maiikli sa halip na mahahaba at komplikadong mga pangungusap.
- Gumamit ng maraming parirala sa halip na isang mahabang talata lamang.
- Sumulat ng maiikling libro sa halip na mahahabang libro.

Hinihikayat ko ang mga manunulat na hati-hatiin ang kanilang isinusulat sa maraming pamagat at pumapangalawang pamagat. Madali itong gawin kung ikaw ay sumusulat gamit ang isang balangkas. Ang klaseng ito ng pagsusulat ay tutulong sa mga mambabasa upang maunawaan ang iyong mga isinusulat.

Maging personal sa inyong pagsusulat. Kung inilalarawan mo ang isang bagay na nakita mo o ginawa mo, ilarawan mo iyon kung paano mo sasabihin iyon sa isang miyembro ng pamilya, gumamit ng "ako", "ko", "akin" at iba pang panghalip sa nagsasalita. Hangga't maaari sumulat ka ayon sa personal na karanasan.

**(3) Itama ang iyong isinulat**.

Hindi sapat na isulat lang ang iyong mga iniisip. Dapat mong itama ang iyong isinulat. Ang pinakamabuting paraan upang itama ang iyong isinulat ay maglagay ng kaunting panahon sa pagitan ng iba't ibang drafts ng iyong dokumento. Kapag katatapos mo pa lang gumawa ng isang dokumento, ang iyong isipan ay nag-iisip tungkol sa isinulat mo. Babasahin mo kung ano ang iniisip mo na siya mong isinulat sa halip na kung ano ang totoong isinulat mo. Kung maghihintay ka ng isa o dalawang araw, mas magiging layunin mo ang pagbasa sa dokumento. Halimbawa, kapag sumulat ka ng sermon sa araw ng Martes, iwasto mo iyon sa Huwebes.

Kapag muli mong binasa ang isinulat mo, hanapin ang mga tipograpikal na pagkakamali tulad ng maling baybay, hindi angkop na paggamit ng malaking titik, pagkakamali sa gramatiko at mga katulad na bagay. Nais mo ring makita kung ang mga argumento mo ay nabuo nang makatwiran at maingat. Nais mo ring makita kung ang mga ilustrasyong ginamit ay angkop pa rin pagkalipas ng ilang araw. Nais mong tiyakin na angkop ang konklusyon.

**(4) Magpatama sa ibang tao ang iyong isinulat**.

Maaaring hindi makakuha ang pastor ng taong babasa ng bawat sermon na kanyang isinusulat. Gayunman, anumang dokumento na ipapalimbag ay dapat isumite sa iba para sa maingat na pagtatama dito. May mga taong babasa sa dokumento upang iwasto ito. Sila ang hahanap ng mga tipograpikal na pagkakamali.

Ang higit na mahalaga ay magkaroon ng isang taong babasa sa libro para sa nilalaman nito. Isang taong maaaring makakita kung ang iyo bang mga pangangatwiran ay may natural na takbo at kung naaangkop ang iyong mga ilustrasyon. Mahirap ang trabaho ng pagtatama, at masakit. Kapag binasa ng isang mabuting editor ang iyong dokumento at ibasura iyon, maaaring sumama ang iyong loob. Gayunman, kinakailangan ang pagtatama sa mabuting pagsusulat.

**(5) Maging makatotohanan tungkol sa iyong pagsusulat**.

Huwag mong asahan na ang unang librong iyong isusulat ay tatanggapin ng unang tagapaglimbag na makakikita rito. Ang bawat matagumpay na manunulat ay dapat magsumikap. Maging ang magagaling na mga manunulat ay mayroong mga isinulat na hindi kailanman nalimbag. Hindi ka dapat panghinaan ng loob kapag ang iyong libro ay hindi tinanggap nang may malaking kagalakan. Ipagpatuloy mo ang iyong gawain. Kung tunay na tinawag ka ng Diyos upang magsulat, mayroong makakikita ng iyong talento at sa takdang panahon mabibigyan ka ng tamang pagkakataon.

May mga tao na tinitingnan ang pagsusulat bilang isang paraan upang kumita. Gayunman, dapat kilalanin ng mga baguhang manunulat na kaunti lamang ang totoong kumikita sa pamamagitan ng pagsusulat. Dapat kang magsulat dahil sa pagmamahal mo sa pagsusulat at sa pagkakataon na mapalawak ang iyong ministeryo. Hindi mo dapat maging pangunahing pagganyak sa pagsusulat ang pagkita ng pera.

## Konklusiyon

Nais kong hamunin na mas magsulat ang bawat pastor at tagapanguna sa iglesya. Kailangang isulat ng mga pastor ang kanilang mga sermon. Kailangang isulat ng mga tagapagturo ang kanilang ituturo sa pag-aaral ng Biblia. Kailangang sumulat ang mga tagapangunang Kristiyano ng mga artikulo sa mga magasin at ibang babasahin. Mayroong dapat sumulat ng mga tracts para sa pag-eebanghelyo. Marami sa atin ang kinakailangang magsulat ng mga libro.

Ano ang  kinakailangan upang maging isang mabuting manunulat? Kailangan lamang ng ilang pangunahing mga kakayahan. Kinakailangan ang pagsisikap sa mahirap na trabaho. Kinakailangan ang kaluwagan ng loob na matuto. Hindi ka kailanman magiging mabuting manunulat malibang papayag ka na ang iyong trabaho ay itama ng ibang tao na maaaring magdulot sa iyo ng sama ng loob. Nangangailangan ito ng oras. Mahirap ang Gawain ng pagsusulat, subalit napakahalaga nito para sa Kaharian ng Diyos.

► Mayroon ka bang kakayahang magsulat? Pag-isipan mo na maglaan ng oras linggo-linggo upang magsulat. Ibahagi mo ang iyong mga isinusulat sa ilang kaibigang Kristiyano. Kapag ang iyong mga isinusulat ay nagmiministeryo sa mga kaibigang ito, maaaring gamitin ng Diyos ang iyong kaloob bilang isang manunulat upang magministeryo sa mas maraming mambabasa.

## Mga Takdang Aralin

(1) Kumuha ng pagsusulit sa aralin ito.

(2) Magsanay ng simpleng takdang aralin sa pagsusulat. Pumili ng isang praktikal na paksa sa buhay Kristiyano mula sa listahan sa ibaba. Sumulat ng isang pahinang debosyonal kung saan magsasabi ka ng isang praktikal na bagay para sa iyong kapwa Kristiyano. Pagkatapos mong maingat na itama ang iyong debosyonal, ibahagi iyon sa ilang kapwa mananampalataya. Piliin ang isa sa mga sumusunod na paksa:

- Pagharap sa panghihina ng loob
- Ang kahalagahan ng araw-araw na pananalangin
- Pagpapanatili ng espiritu ng pagpupuri
- Pakikinig sa tinig ng Diyos sa iyong buhay

**Mga Tanong sa Pagsusulit sa Aralin 6**

(1) Maglista ng tatlong bagay na ipinasusulat ng Diyos sa kanyang mga lingkod.

(2) Maglista ng tatlong paraan kung saan ipinapakita ni Jeremias ang kahalagahan ng pagsusulat.

(3) Maglista ng tatlong paraan kung paanong ang pagsusulat ay mahalaga para sa mga tagapangunang Kristiyano.

(4) Maglista ng tatlong mungkahi para sa mas mabuting pagsusulat.

# Aralin 7
# Pagtuturo

## Mga Layunin ng Aralin

Kapag natapos ang araling ito, ang mag-aaral ay dapat:
(1) Nalalaman ang pinakamahalagang tungkulin ng isang tagapagturo.
(2) Unawain ang papel ng pagtuturo sa Biblia.
(3) Kilalanin ang mga katangian ng isang mabuting tagapagturo.
(4) Makilala ang apat na iba’t-ibang klase ng mag-aaral sa bawat silid aralan.
(5) Matuto ng mga aralin tungkol sa pagtuturo mula kay Hesus, ang Master Teacher.
(6) Iwasan ang mga gawaing makakahadlang sa epekto ng pagtuturo.

## Pasimula

Ang pagtuturo ang aktibong pagsasalin ng impormasyo at kaugalian mula sa isang tao patungo sa iba. Kabilang sa pagtuturo ang tagapagturo at ang mag-aaral. Ang pagtuturo ay maaaring gawin sa isang tagpuan na pormal na silid-aralan; ang pagtuturo ay maaaring gawin sa pulpit sa iglesya sa araw ng Linggo; ang pagtuturo ay maaaring gawin sa isang isa-isahang na pagtatalakayan.

Ano ang isang tagapagturo? Ang tagapagturo ay isang tao na nakauunawa ng impormasyon at ipiniprisinta iyon sa iba. Ang isang mabuting tagapagturo ay isang taong nakakakuha ng mahirap na katotohanan at naipiprisinta iyon sa simpleng paraan. Ang isang tagapagturo ay pangunahing isang komunikador. Kinukuha niya ang mga bagay na hindi alam ng iba at ginagawa itong simple upang maunawaan ng mag-aaral.

Ang pinakamahalagang tungkulin ng guro ay ang mai[abatid ang katotohanan sa iba at turuan ang iba kung paano matututo. Ang katotohanan na dapat maipabatid ng mga guro ng Diyos ay ang mensahe ng Diyos sa ating mundo.  Nangangailangan ang ating lipunan ng mga taong nakakaalam ng mga kundisyon sa ating mundo, nakauunawa ng mensahe ng Diyos sa ating mundo, at ang magpapabatid ng mga bagay na ito sa lahat sa atin.

Mayroon tayong mga negosyante na magaling sa pagbabatid ng mga katangian ng kanilang mga produkto hanggang sa puntong tayo’y magmamadaling lumabas upang bilhin iyon. Maaari kang makabili ng Coca-Cola sa halos lahat ng lugar sa mundo. May mga smartphones sa lahat ng lugar at minsa’y nasabi na sa atin na hindi ka talagang mahalaga kung wala ka nito. Pansalamantala lamang ang mga ito. Isipin mo kung gaano higit na mahalaga ang walang hanggang Salita ng Diyos para sa ating mundo. Kailangan natin ng mga gurong makapagbabatid ng katotohanan ng Diyos sa paraang mauunawaan ng mga tao sa ating mundo at sila ay tutugon dito.

## Pagtuturo sa Biblia

Ang pagtuturo mula pa sa simula ay mahalaga na sa iglesya. Si Hesus ay tinawag na "rabbi", na ang ibig sabihin ay guro. Binigyan niya ng tagubilin ang kanyang mga disipulo upang humayo sa mundo at ituro ang mga bagay na itinuro niya sa kanila. Pansinin ang ilang obserbasyon tungkol sa pagtuturo sa Bagong Tipan.

**(1) Ang pagtuturo ay isa sa mga tungkulin sa unang iglesya**.

> "At ngayon, sa iglesya sa Antioquia ay mayroong mga propeta at mga guro, si Bernabe, si Simeon na tinatawag na Maitim, si Lucio na taga-Cirene at si Manaen na kababata ni Herodes na pinuno ng Galilea, at si Saulo."[90]

Ang mga gurong ito ang tumulong sa mga bagong mananampalataya na maunawaan kung ano ang ibig sabihin ng pagiging tunay na tagasunod ni Hesus. Sumulat si Lucas matapos suriin ang katotohanan ng naituro kay Teofilo: "...at minabuti kong sumulat ng isang maayos na salaysay para sa iyo, upang lubusan ninyong matiyak ang katotohanan ng mga itinuro sa inyo."[91]

**(2) Ang pagtuturo ay isa sa mga kaloob ng espiritu**.

> "Naglagay ang Diyos sa iglesya, una, ng mga apostol; ikalawa, ng mga propeta; at ikatlo, ng mga guro. Naglagay rin siya ng mga gumagawa ng himala, mga nagpapagaling ng mga maysakit, mga tagatulong, mga tagapangasiwa, at mga nagsasalita sa iba't-ibang wika."[92]

May mga Kristiyano na pinagkalooban ng espesyal na kaloob na espirituwal para sa epektibong pagtuturo.

**(3) Ang pagtuturo ay isa sa mga pangunahing tungkulin ng pastor**.

> "At binigyan niya ang ilan ng kaloob upang maging apostol; ang iba naman ay propeta; at ang iba naman ay ebanghelista; at ang iba ay mga pastor at mga guro."[93]

Sa listahang ito, ang mga salitang "pastor" at "guro" ay magkaugnay sa isa't-isa sa paraang ang mga ito ay tumutukoy sa parehong opisina. Ang pastor ay isang guro. Napakahalaga ng pagtuturo kaya't inilista ito ni Pablo bilang isa sa mga kahilingan para sa pagiging pastor. Ang bawat pastor ay dapat may kakayahang magturo.

> "Samakatuwid, ang isang tagapangasiwa ay dapat walang kapintasan, isa lamang ang asawa, marunong magpigil sa sarili, kagalang-galang, bukas ang tahanan, at

---

[90] Mga Gawa 13:1.
[91] Lucas 1:3-4.
[92] 1 Cor. 12:28.
[93] Efeso 4:11, KJV.

> may kakayahang magturo, hindi mahilig sa alak, hindi mapusok kundi mahinahon at hindi gahaman sa salapi."[94]

Kung ang sinuman ay hindi magtuturo, hindi siya kuwalipikado upang maging pastor. Hindi lahat ng pastor ay nagtataglay ng *espirituwal na kaloob* ng pagtuturo, subali't ang bawa't pastor ay dapat pagbutihin ang kanyang kakayahang magturo sa pinakamabuti sa kanyang kakayahan.

## Mga Katangian ng Isang Mabuting Guro

Anu-ano ang mga katangian ng isang mabuting guro? Paano magiging isang mabuting guro ang isang tao? Ang mga sumusunod ay ilan sa mga katangian na kinakailangan upang maging matagumpay na guro.

### Trabahong Pinaghihirapan

Isa sa mga maling pagkaunawa tungkol sa propesyon ng pagtuturo ay ang isipin na ito ay isang madaling trabaho. Hindi mo kailangang maghukay sa lupa o kaya'y marumihan ng grasa sa pagtatrabaho sa mga makina.

Narinig ko ang tungkol sa isang kabataang lalaki na nakakuha ng kanyang Ph.D sa USA. Nang siya ay bumalik sa seminaryo kung saan dati siyang nagturo, ipinagbigay-alam niya sa kanila na hindi na siya magtatrabaho nang kasing hirap ng ginawa niya noon, ngayon na mayroon na siyang Ph.D. Plano niya na tamasahin na lamang ang mga karangalang kasama ng kanyang titulong Ph.D. Hindi tayo binibigyan ng Diyos ng edukasyon upang maging mas kaunti ang ating trabaho, kundi sa halip ay upang maging mas epektibo ang ating pagtatrabaho.

Maraming tao ang may malaking maling pagkaunawa tungkol sa trabaho. Iniisip nila na ang trabahong pinaghihirapan ay bahagi ng sumpa ng Diyos na iginawad sa tao. Hindi ito totoo. Nang likhain ng Diyos sina Adan at Eba, binigyan Niya sila ng mga tungkulin. Sinabi niya sa kanila,

> "Maging mabunga kayo at magpakarami. Punuin ninyo ang daigdig at pamahalaan ito. Binibigyan ko kayo ng kapangyarihan sa mga isda, sa mga ibon,at sa lahat ng maiilap na hayop, maging malalaki o maliliit sa lupa."[95]

Ang salitang punuin at pamahalaan ang daigdig ay nagpapahiwatig ng pagkilos, tungkulin at pagtatrabaho. Nang magkasala sina Adan at Eba, nagdusa sila ng sumpa na resulta ng kanilang pagrerebelde. Ang sumpa ay hindi ang trabaho mismo, kundi ang paghihirap at pagkabigo na kalakip na ngayon ng kanilang trabaho. Sa halip na masayang trabaho na

[94] 1 Tim. 3:2-3.
[95] Gen. 1:28.

ginagawa nila bago sila magkasala, ang kanilang trabaho ngayon ay magiging mabigat na gawain.[96]

Ang isa sa Sampung Utos ay nagsasabi na, "Anim na araw kayo'y magtatrabaho at gagawin ninyo ang lahat ninyong gawain."[97] Ang utos na ito ay ibinigay upang ipakita na ang Sabbath ay banal. Gayunman, ang isang bahagi ng kautusang ito ang nagbibigay katwiran kung ano ang lagi nang pinaniniwalaan, itinuturo, at ginagawa ng mga Kristiyano –ang gawain ay marangal. Salungat sa opinyon ng ilan, walang sumpa ang trabaho.

Kung nais mong maging isang matagumpay na tagapagturo, kailangan mong magtrabahong mabuti. Hindi ka magiging epektibong tagapagturo kung walang mabuting paghahanda. Ang ibig sabihin ng paghahanda ay babasahin mo at pag-aaralan ang sinasabi ng iba tungkol sa paksa na ituturo mo. Ibig sabihin din nito na isusulat mo ang mga bagay na iyong natutuhan at isaayos iyon sa paraang maipiprisinta mo iyon sa iyong mga mag-aaral. Kapag hindi ka naghandang mabuti, hindi ka makapagtuturo nang mabuti. Ang matagumpay na pagtuturo ay nangangailangan ng pinaghihirapang trabaho.

**Kaalaman**

Dapat mas maraming alam ang isang mabuting tagapagturo kaysa sa kanyang mga mag-aaral. Maaaring taglayin ng isang tao ang pinakamabuting pamamaraan at ang pinakamabuting personalidad, subali't kapag hindi niya nalalaman ang paksang pinag-aaralan, hindi siya magiging epektibong tagapagturo. Ang isang mabuting tagapagturo ay dapat mayroong edukasyon o anumang klase nito sa nakalipas na panahon. Ang edukasyong iyon ay maaaring pormal o hindi pormal. Ang karunungan o edukasyon ay maaaring tinanggap sa silid-aralan sa direksiyon ng mga kuwalipikadong mga tagapagturo, o kaya'y pansariling edukasyon na nakamit niya sa pamamagitan ng pagbabasa at mga karanasan sa buhay. Ang bawat isang guro ay dapat mayroong panimulang edukasyon.

Ang mabubuting mga guro ay hindi nasisiyahan na manatiling static sa kanilang edukasyon. Nagpapatuloy sila sa pag-aaral at paglago. Isa sa mga kahanga-hangang bagay tungkol sa pagtuturo ay nagkakaroon ka ng pagkakataon na matutuhan ang mga bagay bago mo iyon ituro sa iyong mga mag-aaral. Sinasabi ng aking paboritong kasabihan na, "Kadakilaan ng Diyos na balutin ng hiwaga ang lahat ng bagay, at karangalan naman ng hari na ito'y saliksikin upang ilitaw."[98] Ang unang katangian ng isang mabuting guro ay: siya ay isang mabuting mag-aaral.

Paano mo sisiguruhin na ikaw ay magpapatuloy sa pag-aaral?

- Magbasa ng mga libro
- Dumalo sa mga workshops at mga seminar

[96] Gen. 3:17.
[97] Exo. 20:9.
[98] Kawikaan 25:2.

- Tumalakay ng mga seryosong mga paksa kasama ng mga colleagues
- Magsulat

Mas lalo tayong nagtuturo, mas marami tayong natututuhan. Mas marami tayong natututuhan, mas higit nating natutuklasan ang mga bagay na hindi natin alam at mas nagiging mababang loob tayo. Habang natutuklasan natin kung ano ang hindi natin nalalaman, mas lalong dapat tayong maging masigasig na mas marami pang matutuhan. Magpatuloy kayo sa pagtuturo, at kayo ay magpapatuloy na matututo.

**Pagbabago**

Ang pagbabago ay may kalakip na pagiging malikhain at kakayahang umangkop. Ang mga kalidad na ito ay kapwa mahalaga para sa isang matagumpay na tagapagturo. Ang isang mabuting tagapagturo ay dapat may pagkamalikhain at kakayahang umangkop. Ang isang mabuting tagapagturo ay may kakayahang harapin ang mga hindi inaasahang pag-abala at may kakayahang magturo sa malikhaing pamamaraan.

Ang pinakakaraniwang paraan ng pagtuturo ay pagbibigay ng lektura. Bagaman ang pamamaraang lektura ay isang napakahalagang pamamaraan, hindi ito dapat gamitin nang walang kasamang ibang paraan. Ang isang Ingles na kawikaan ang nagsabi, "Ang pagkakaiba-iba ay ang spice ng buhay." Habang pinag-iiba-iba mo ang iyong mga paraan ng pagtuturo, mas maraming mag-aaral ang iyong maaabot.

Ang isa sa mga paraan na ang isang mabuting tagapagturo ay magko-communicate na mabuti ay ang paggamit ng isang kakaibang paraan. Ginagawa niya ang hindi pangkaraniwan sa silid-aralan. Isa sa aking mga pinakamabuting naging guro ay nagdadala ng iba't-ibang bagay sa silid-aralan tulad ng pamihit-tumilyo at parte ng kompyuter at ginagamit ang mga iyon upang ilarawan ng ilang mga katotohanan. Mas kakaiba ang isang tagapagturo, mas magiging epektibo siya sa pagko-communicate. Ang guro ay hindi dapat mag-atubili na sumubok ng mga bagong pamamaraan sa silid-aralan.

**Pagpapatawa**

Kaunting pamamaraan lamang ang mas mahalaga sa kamay ng isang tagapagturo nang higit kaysa pagpapatawa. Ang Biblia ay hindi isang nakakatawang aklat, subali't may mga pahiwatig sa buong Kasulatan na nagpapakita na ang mga tauhan sa Biblia ay mga normal na tao na natutuwa sa pagpapatawa o mga nakakatuwang mga sitwasyon. Sa aklat ng mga Gawa may isang kuwento ng pitong anak na lalaki ni Esceva na nagsisikap na magpalayas ng demonyo "sa pangalan ni Hesus na ipinapangaral ni Pablo." Nang subukin ng mga lalaking ito na palayasin ang mga demonyo sa pangalan ni Hesus, sumagot ang mga demonyo na ang sabi, "Kilala ko si Hesus, at kilalako rin si Pablo, subali't kayo, sino ba kayo?"[99] Marahil, napapangiti ang taong nagkuwento nito kay Lucas habang ikinukuwento niya ang pangyayari.

[99] Mga Gawa 19:13-15.

Maraming nagagawa ang pagpapatawa para sa isang tagapagturo:

1. **Muling ibinabalik ng pagpapatawa ang atensiyon ng mga mag-aaral**. Ang konsentrasyon ng mga mag-aaral ay limitado. Pagkatapos ng ilang minuto, kahit ang pinakamahusay na mag-aaral ay natutuksong mag-isip ng ibang bagay pa. Kapag sinimulan ang pagpapatawa, nababalik ang atensiyon ng lahat. Nababalik ang atensiyon ng buong klase.

2. **Narerelaks ng pagpapatawa ang kapaligiran ng silid-aralan**. Maaaring maging mahirap ang pagtuturo. Ang mga katotohanan, mga numero, doktrina, at mga konsepto ay maaaring makalikha ng napakaseryoso at mabagting na kapaligiran. Ang isang nakakatuwa o nakakatawang komento ay nakakapagparelaks sa bawat isa.

3. **Ang pagpapatawa ay naghahayag ng katotohanan mula sa ibang pananaw**. Kapag ang katotohanan ay ipiniprisinta mula sa ibang pananaw, maaari itong maintindihan at mas matagal na maaalala. Ang isang katotohanan na ipiprisinta sa isang nakatutuwang paraan ay makapagbibigay ng pagkakaunawa na hindi makukuha sa iba pang paraan.

4. **Pinagagaan ng pagpapatawa ang pagtutuwid**. Dapat panatilihin ng isang mabuting tagapagturo ang kaayusan sa kanyang silid-aralan. Ang pagpapanatili ng kaayusan ay nangangailangan ng pagtutuwid sa mga nakagugulo. Ang pagtutuwid ng isang mag-aaral sa marahas na pamamaraan ay makalilikha ng galit, pagkapahiya, o takot sa silid-aralan, kahit maging sa iba na hindi naman itinutuwid. Ang pagtutuwid na may pagpapatawa ay nag-aalis ng sakit at pagkapahiya.

Hindi lahat ng tao ay natural na mapagpatawa. May mga tao na kailangan pagsikapan pa ang paglalagay ng konting pagpapatawa. Gayunman, karamihan sa mga tao ay maaaring matuto kung paano gagamitin ang pagpapatawa sa kanilang pagtuturo.

**Pagiging Sensitibo**

Isa sa pinakamahalagang tuntunin sa komunikasyon ay ang pagiging sensitibo sa tao kung kanino ka nakikipagusap. Ang mga tao kung kanino ka nakikipagusap ay mga tunay na tao na may tunay na pangangailangan at tunay na inaasahan. Isa sa mga tanda ng isang mabuting tagapagturo ay kung siya ay isang mabuting tagapakinig. Madalas labis tayong nakatuon sa ating sariling mga interes na hindi na natin napapansin ang mga pangangailangan at interes ng mga nasa paligid natin.

Ang mga taga-Corinto ay nag-akala na sila'y may kaalaman, subali't halos wala silang interes sa kanilang kapwa mananampalataya. Nagbabala sa kanila si Pablo na kapag may kaalaman lamang ay "nagiging mapagmataas, subali't ang pag-ibig ay nakakapagpatatag." [100] Ang pag-ibig ang nagbibigay ng kamalayan sa atin sa mga

[100] 1 Cor. 8:1.

pangangailangan at interes ng ating mga mag-aaral. Dahil sa pag-ibig nagiging mas mabuting tagapakinig tayo.

Ang matalinong tagapagturo ay laging may kamalayan sa nangyayari sa kaniyang silid-aralan. Kapag napapagod ang mga mag-aaral, maaaring kailanganing tumigil ng ilang sandali sa pagtuturo at hayaan ang mga mag-aaral ay tumayo, mag-unat, umawit, o gumawa ng anumang bagay upang ma-relaks. Kung mayroong abala sa loob o sa labas ng silid-aralan, pinakamabuting gawin ay tumigil at hintayin mawala ang bagay na nakakaabala.

Isa sa pinakamalaking pagkagambala sa alinmang sitwasyon sa silid-aralan ay ang mga mag-aaral na sila mismo ang nag-uusap-usap. Kailanman na may dalawang mag-aaral ang nag-uusap, hindi sila nakikinig sa anumang nangyayari sa silid-aralan, at marahil ay nakagagambala rin sa mga taong malapit sa kanila. Ang isang maliit na pag-uusap ng dalawang mag-aaral ay madaling makagambala sa 20 – 30% ng iyong klase. Kapag nangyari ito, madalas na tumitigil lang ako sa pagsasalita. Ang pananahimit sa loob ng apat o limang segundo ay karaniwang makakatawag sa atensiyon ng mga mag-aaral, at sila'y titingin sa akin. Matiyaga akong maghihintay hanggang ang lahat ng mag-aaral ay nakatingin na sa akin.

Kung minsan sa mga malalaking workshap na kinabibilangan ng mga may edad na mag-aaral, nagkukuwento ako. Sasabihin ko, "Noong ako ay maliit na bata pa, itinuro sa akin ng aking ina na hindi maganda na ako'y magsasalita kapag mayroon pang ibang nagsasalita. Kaya, maghihintay ako hanggang kayong lahat ay tapos na sa inyong pag-uusap. Kapag tapos na kayo, magpapatuloy na ako." Pagkatapos, maghihintay ako. Kapag nagpapatuloy ang pag-uusap, kung minsan idinurugtong ko, "Mga ilang buwan mula ngayon, dadalawin ko ang aking ina sa Amerika. Maaari niya akong tanungin, 'Nagsasalita ka ba habang nagsasalita rin ang iba?' Ayokong magsinungaling sa kanya!"

Ito ang gusto kong linawin. Dapat tayong maging sensitibo sa ating mga mag-aaral. Pagod ba sila? Gutom? May sakit? Naaabala? Naiinip? Naguguluhan sa ating itinuturo? Upang maging epektibong tagapagturo, dapat tayong maging sensitibo sa anumang nakakahadlang sa kakayahan ng ating mga mag-aaral upang matuto.

**Pagtitiyaga**

Isa sa pinakamahalagang katangian ng isang mabuting tagapagturo ay pagiging matiyaga. Kung minsan ang mga tagapagturo ay nabibigo kapag hindi naiintindihan ng mga mag-aaral ang kanilang itinuturo. Tandaan, ang pagiging ignorante ay hindi isang kasalanan; ito ay simpleng kawalan ng kaalaman. Karaniwan hindi ito resulta ng sinasadyang pasya na iwasan ang pagkatuto. Dapat malaman ng tagapagturo na ang pagkatuto ay isang proseso. Nalalaman ng isang mabuting tagapagturo na ang mga mag-aaral ay natututo sa iba't-ibang paraan at sa iba't-ibang bilis. Samakatuwid, siya ay dapat maging matiyaga sa mga mag-aaral.

Tinulungan ako ni Robert Thompson na matutuhan ang maging matiyaga sa mga mag-aaral.[101] Ipinaliwanag niya na mayroong apat na uri ng mag-aaral sa bawa't silid-aralan.

1. **Mapanuring Teoritsa**. Sila ang mga taong natututo sa pamamagitan ng panonood at pakikinig. Mahusay sila sa pagsasaulo ng mga katotohanan. Mahusay sila sa pagtugon sa tradisyunal na istilo ng pagtuturo.
2. **Dinamikong Aktibista**. Nais ng taong ito na matuto sa pamamagitan ng pag-eeksperimento.
3. **Imahinatibong Replektor**. Ang taong ito ay mas emosyonal at nakikisangkot sa pakiramdam ng mga tao.
4. **Pragmatiko ng Sentido Komun**. Ang taong ito ay natututo sa pamamagitan ng pagsasabuhay o paggawa. Gusto ng taong ito na subukin ang mga ideya sa tunay na mundo at hindi gaanong interesado sa mga teoriya. Ito marahil ang taong hindi tutugon sa tradisyunal na anyo ng edukasyon.

Makikita natin ang bawat isa sa mga uri ng mag-aaral sa ating silid-aralan, kaya't dapat tayong gumawa ng mga presentasyon na magsasaalang-alang sa bawat istilo ng pagkatuto. Hindi nagbabago ang nilalaman, subali't gagamitin natin ang kasangkapan sa iba't-ibang paraan para sa bawat isang klase ng mag-aaral.[102]

- Nagbibigay tayo ng panayam para sa mga theorizers.
- Gumagawa tayo ng mga proyekto kung saan ang mga mag-aaral ay gagamit ng kanilang mga kamay sa iba't-ibang bagay para sa mahilig gumawa ng eksperiment.
- Nagkakaroon tayo ng pagtatalakayan sa klase, upang ng mga emosyonal na mga mag-aaral ay maaaring subukin ang mga ideya at malaman kung ano ang nararamdaman ng ibang tao tungkol sa mga ito.
- Nagbibigay tayo ng mga praktikal na mga takdang-aralin, upang ang mga teoriyang tinalakay sa klase ay maaaring subukin sa tunay na buhay.

Sa kasamaang-palad, ang tradisyunal na edukasyon ay pangunahing nakadisenyo para sa analytical theorist. Mahirap lumikha ng isang paaralan na ang konsiderasyon ay lahat ng pagkakaiba-iba sa paraan ng pagkatuto ng ating mga mag-aaral. Gayunman, ang bawat paaralan ay dapat magsikap na harapin ang usaping ito.

Dapat nating pag-aralan ang iba't-ibang paraan na natututo ang ating mga mag-aaral. Maging matiyaga sa mga taong hindi kasingdisiplina mo. Maging matiyaga sa mga taong hindi kasingsipag mo. Maging matiyaga sa mga taong hindi ginagawa ang mga bagay sa paraang gusto mong gawin nila iyon. Maging matiyaga sa mga nakababatang mga

---

[101] Robert Thompson, *The Art and Practice of Teaching* (Jos, Nigeria: Africa Christian Textbooks, 2000), 23-25.

[102] Para sa higit pang kaalaman sa mga learning styles, bisitahin ang http://www.brainboxx.co.uk/A2_LEARNSTYLES/pages/learningstyles.htm

tagapagturo na ngayon pa lamang natututo. Maging matiyaga sa mga nakatatandang tagapagturo na nananatili sa kanilang mga pamamaraan.

***Guro ng Taon***

Si Cliff Schimmels, isang professor sa Wheaton College, ay inanyayahan ng isang opisyal ng paaralan upang suriin ang dalawang tao. Ang una ay iniisip na bigyang gawad bilang "Guro ng Taon" para sa kanilang distrito. Sa kanyang silid-aralan ang tagapagturong ito ay hindi tumitigil. Kapag siya'y nakaupo, lagi siyang namimilipit at yumuyuko. Bigla siyang tatayo at palakad-lakad sa silid-aralan. Tumingin siya sa labas ng bintana; nagsulat siya sa pisara; kumaway sa mga mag-aaral sa labas ng silid-aralan; kung minsan sumisigaw siya habang nagtuturo. Punong-puno siya ng sigla. Dahil sa kanyang di-kapani-paniwalang sigla at pagiging malikhain, siya ay pinag-iisipang gawaran bilang "Guro ng Taon."

Pagkatapos, dinala ng principal si Cliff sa isa pang silid-aralan upang obserbahan ang isang "Naguguluhang Mag-aaral." Lumikha ang bata ng problema sa bawat tagapagturo sa paaralan. Walang sinumang nakaaalam kung ano ang gagawin sa kanya. Tumatalon siya sa kanyang upuan at palakad-lakad sa loob ng kuwarto. Tumingin siya sa labas ng bintana; sumulat sa pisara; kumaway sa ibang mag-aaral sa labas ng silid-aralan; kung minsan sumisigaw siya kapag sumasagot sa guro. Punong-puno siya ng sigla. Dahil sa kanyang di-kapani-paniwalang sigla at pagiging malikhain, siya ay itinuring na "naguguluhang mag-aaral." Tandaan: Ang "Naguguluhang Mag-aaral" Ngayon ay maaaring maging "Guro ng Taon" sa Kinabukasan.

**Balanse**

***Ang Kristiyanong Tagapagturo ay dapat magbalanse ng awa at katarungan*.**

May mga tao na ang tendensiya ay magpokus sa awa. Ang iba naman ay sa hustisya. Kailangan natin kapwa ang dalawang ito sa buhay. Ang maaari nating patunguhan ay maging sobra sa una, o sobra sa ikalawa. Dapat matutuhan ng mga mag-aaral ang katarungan mula sa iyo. Dapat nilang matutuhan ang disiplina ng pagsusumite ng kanilang mga proyekto sa tamang oras. Dapat nilang matutuhan na kailanman at mayroong paglabag sa batas ng paaralan, dapat magkaroon ng katarungan.

Gayunman, sa gitna ng katarungan, ang ating mga mag-aaral ay dapat ring matuto tungkol sa awa/habag. Ang Diyos ay Diyos ng awa. Samakatuwid, bilang mga kinatawan ng Diyos sa mundong ito, dapat nating matutuhan na may mga pagkakaraon na dapat maging mahahabagin at hindi lang kinakailangang ilapat ang mga nakasulat sa batas.

***Ang Kristiyanong Tagapagturo ay dapat balansehin ang paghahanda at pagkukusang loob*.**

Walang kapalit ang paghahanda. Naniniwala ako sa pinakamabuting posibleng paghahanda. Gayunman, ang pinakamabuting pagkatuto ay madalas na nagmumula sa

mga kusang mga tanong at reaksiyon. Dapat kang maglaan ng oras para sa mga kusang na tanong. Dapat mong matutuhan kung kailan ka aalis sa iyong nakahandang leksiyon at kung kailan mo susundin ang iyong plano.

***Ang Kristiyanong tagapagturo ay dapat magbalanse sa pagiging eksperto at pagiging mag-aaral***.

Gusto mong bigyan ng katiyakan ang iyong mga mag-aaral na alam mo kung ano ang iyong sinasabi. Ginagawa mo ito sa pamamagitan ng paghahanda sa iyong mga klase at pagiging handa sa kanilang mga tanong. Gayunman, gusto mo ring malaman nila na ikaw rin ay isang mag-aaral na kasama nila, at ikaw rin ay maaaring lumago at matuto katulad nila. Hindi kasalanan na sabihing, "Hindi ko alam." Dapat malaman ng ating mga mag-aaral na tayo man ay natututo at lumalagong kasama nila.

***Ang Kristiyanong tagapagturo ay dapat magbalanse ng trabaho at pahinga.***

Sa Marcos 6, isinugo ni Hesus nang dala-dalawa ang kanyang mga alagad para sa praktikal na ministeryo:

> "Kaya't sila ay humayo at nangaral sa mga tao na dapat nilang pagsisihan at talikdan ng kanilang mga kasalanan. At nagpalayas sila ng maraming demonyo sa mga inaalihan nito, at pinahiran ng langis ang maraming maysakit at pinagaling sila."[103] Pagkatapos, "ang mga apostol ay bumalik kay Hesus at iniulat ang lahat ng kanilang ginawa at itinuro."[104]

Abalang panahon ito. Nagtrabaho sila maghapon. Nag–ubos sila ng maraming pisikal at emosyonal na sigla. Nang bumalik ang mga disipulo, marami sa mga nagbalik-loob ay sumunod sa kanila. Pansinin kung ano ang kasunod na nangyari.

> "Napakaraming taong dumarating at umaalis, anupa't hindi na makuhang kumain ni Hesus at ng kanyang mga alagad. At sinabi niya sa kanila, 'Magtungo tayo sa isang ilang na dako upang malayo sa karamihan at makapagpahinga kayo nang kaunti.'"[105]

Nakita ba ninyo ang agad na ginawa ni Hesus pagkatapos ng napakamatagumpay na misyon? Kung ako iyon, marahil ang sasabihin ko, "Samantalahin natin ang ating tagumpay. Magsumikap pa tayo sa gawain, dahil darating ang gabi na walang sinumang maaaring magtrabaho." Gayunman, hindi ito ang ginawa ni Hesus. Sinabi ni Hesus, "Magtungo tayo… at magpahinga nang kaunti." Nalalaman ng isang mabuting tagapagturong Kristiyano kung kailan siya magtatrabaho, at kung kailan siya magpapahinga. Matuto kayong maging balanse.

---

[103] Marcos 6:12.
[104] Marcos 6:30.
[105] Marcos 6:31.

***Ang Kristiyanong tagapturo ay dapat balansehin ang teoriya at ang pagsasabuhay***.

Ang lahat ng pagsasabuhay ay dapat nakabatay sa mabuting teoriya; mahalaga ang teoriya. Gayunman, ang teoriyang walang praktikal na pagsasabuhay ay hindi gaanong mahalaga; mahalaga ang pagsasabuhay. Ang mabuting tagapagturo ay dapat mag-akay sa kanyang mga mag-aaral sa pag-unawa at pagppahalaga sa balance sa pagitan ng teoriya at pagsasabuhay.

## Si Hesus, ang Punong Guro

Si Hesus ay isang natatanging tagapagturo. Maraming matututuhan ang isang Kristiyanong tagapagturo sa pag-aaral ng paraan ng pagtuturo ni Hesus. Ipinapakita ni Hesus ang mga katangiang inilarawan sa itaas. Partikular kong pagtutuunan ng pansin ang ilan sa mga  pamamaraan sa pagtuturong ginamit ni Hesus.

### Nagbigay si Hesus ng mga Lektura

Ang lektura ay isahang paghahayag tungkol sa isang paksa o tema. Ito ay nakadisenyo upang magbigay ng pinakamaraming ipormasyon na maaari sa pinakamaikling panahon. Ang Pangangaral sa Bundok ay isang mabuting halimbawa ng isang lektura.[106] Nagtuturo ito tungkol sa mga katangian ng Kaharian sa Langit. Ang Pangangaral sa Bundok ng Olibo ay isa pang halimbawa ng lektura.[107]

Marahil, ang pamamaraang lektura ang pinakakaraniwang paraan ng pagtuturo. Inaasahan nito na mas maraming nalalaman ang tagapagturo kaysa sa mag-aaral. Ang tagapagturo ang nagbibigay ng materyal, at ang mag-aaral ang tatanggap sa materyal.

### Gumamit si Hesus ng Mga Tanong

Maraming itinanong kay Hesus:

- Nang makita nila ang lalaking ipinanganak na bulag, nagtanong ang mga alagad, "Guro, sino ang nagkasala, ang lalaki bang ito o ang kanyang mga magulang, kung kaya't siya'y ipinanganak na bulag?"[108]
- May mga nagtanong kay Hesus upang siya'y hulihin sa bitag. "Ang mga Fariseo ay lumapit sa kanya at sinubok siya sa pagtatanong, 'Naaayon ba sa Kautusan na hiwalayan ng asawang lalaki ang kanyang asawa sa kahit anong kadahilanan?'"[109]
- Isang dalubhasa sa batas ang nagtanong kay Hesus,"Guro, alin po ang pinakamahalagang utos sa Kautusan?"[110]

---

[106] Mateo. 5-7.
[107] Mateo. 24-25.
[108] Juan 9:2.
[109] Mateo. 19:3.
[110] Mateo. 22:36.

Maraming beses, nagtatanong si Hesus:

- Nang panahon na upang turuan ang kanyang mga disipulo tungkol sa kanyang misyon ng pagliligtas, nagsimula si Hesus sa isang tanong: “Sino raw ang Anak ng Tao, ayon sa mga tao?”[111]
- Nang sinusubok ng mga Fariseo na siluin si Hesus gamit ang mga tanong, tinanong niya sila ng mahirap na tanong: “Ano ang pagkaalam ninyo tungkol sa Mesiyas? Sino ang may anak sa kanya?”[112]

May mga pagkakataon, sinasagot ni Hesus ang isang tanong ng isa ring tanong.

- At lumapit ang mga Fariseo sa kanya at upang subukin siya ay nagtanong, “Naaayon ba sa Kasulatan na hiwalayan ng isang lalaki ang kanyang asawa?” Sinagot niya sila, “Ano ba ang iniuutos ni Moses sa inyo?"[113]
- Pagkatapos ang mga tagasunod ni Juan ay lumapit sa kanya at nagsabi, “Bakit kami at ang mga Fariseo ay nag-aayuno. Bakit po hindi nag-aayuno ang inyong mga alagad?” Sumagot siya, “Maaari bang magdalamhati ang mga panauhin sa kasalan habang kasama nila ang lalaking ikinasal?”[114]
- May isang eskribang lumapit sa kanya upang siya’y subukin, at ang sabi, “Guro, ano ang dapat kong gawin upang magkamit ng buhay na walang hanggan?” Sinabi ni Hesus sa kanya, “Ano ang nasusulat sa Kautusan? Ano ang nababasa mo roon?”[115]

Narito ang ilang praktikal na mungkahi sa paggamit ng mga tanong at mga sagot.

- Gumawa ng mga tanong sa iyong mga lektura.
- Magplano ng mga pagkakataon kung saan papayagan ang iyong mga mag-aaral na magtanong kahit walang kaugnayan sa tiyak na lektura. May mga tagapagturo na gumagamit ng estratehiyang “tanong para sa araw na ito”; sinisimulan nila ang araw sa pamamagitan ng isang ‘bukas na tanong’ sa anumang paksa.
- Simulan ang iyong klase sa pagtatanong ng isa o dalawang tanong. Pag-aralan ang mga ito at hayaang sumagot ang mga mag-aaral pagkatapos ng klase.
- Magbigay ng mga tanong sa mga mag-aaral bilang bahagi ng kanilang takdang-araling gawaing bahay.
- Hati-hatiin ang klase sa maliliit na grupo at hayaan silang talakayin ang ilang mga tanong.

---

[111] Mateo. 16:13.
[112] Mateo. 22:42.
[113] Marcos 10:2-3.
[114] Mateo. 9:14-15.
[115] Lucas 10:25-26.

- Tapusin ang klase sa pagbibilin sa iyong mga mag-aaral na pag-isipan ang isa sa mga tanong na ito hanggang sa susunod na araw ng klase.
- Itala ang lahat ng bagong mga tanong. Isulat ang mga iyon at itago sa isang file.
- Magkaroon ng paligsahan sa "mga tanong". Hayaan ang mga mag-aaral ang magpasya kung alin ang pinakamabuting tanong.
- Iwasan ang direktang pagsagot sa mga tanong. Tulad ni Hesus, tumugon sa mga tanong sa pamamagitan ng pagtatanong rin. Gabayan ang mga mag-aaral sa pagtuklas ng sagot.
- Magpasulat ng mga tanong sa mga mag-aaral para sa pagsusulit. Pumili ng isang tanong sa pagsusulit mula sa bawat mag-aaral.
- Ipasulat sa mga mag-aaral ang pinakamahalagang tanong nila tungkol sa aralin. Sa susunod na klase, ipagamit ang Biblia upang hanapin ang sagot sa kanilang mga tanong.

**Gumamit si Hesus ng mga Talakayan**

Ang talakayan ay kapag may dalawa o higit pang mga tao ang nagsasalita. Sa isang mabuting talakayan, mayroon pakikipagugnayan ang guro sa mag-aaral at mag-aaral sa mag-aaral. Sa isang talakayan, kinukuha ng tagapagturo ang mga tugon at kasagutan mula sa mga mag-aaral.

Gumamit si Hesus ng talakayan nang pumunta sa kanya ang mga lider panrelihiyon nang siya'y nasa templo.

> "At nang siya'y pumasok sa templo, ang mga punong saserdote at ang mga matatanda sa bayan ay pumunta sa kanya habang siya'y nagtuturo, at nagsabi, 'Ano ang karapatan mong gumawa ng mga bagay na ito? Sino ang nagbigay sa iyo ng karapatang ito?'
>
> "Sumagot si Hesus sa kanila, 'Tatanungin ko rin kayo, at kung sasabihin ninyo sa akin ang sagot, sasabihin ko rin sa inyo kung kaninong awtoridad ko ginagawa ang mga bagay na ito. Ang karapatang magbautismo ni Juan, saan iyon nagmula? Mula sa Diyos o mula sa tao?'
>
> "At sila ay nag-usap-usap, na nagsasabi, 'Kung sasabihin nating, "Mula sa Diyos," sasabihin niya sa atin, "Bakit hindi ninyo siya pinaniwalaan?" Subali't kung sasabihin natin, "Mula sa tao," baka naman kung ano ang gawin sa atin ng bayan, sapagkat kinikilala ng lahat na si Juan ay isang propeta.'
>
> "Kaya't sumagot sila kay Hesus, 'Hindi namin alam.'

> "Sinabi niya 'Hindi ko rin sasabihin sa inyo kung ano ang karapatan kong gumawa ng mga ginagawa ko.'"[116]

Sa ibang pagkakataon, sinimulan ni Hesus ang pag-uusap-usap sa kanyang mga disipulo upang ihanda sila sa isang mahalagang aral na nais niyang ituro sa kanila.

► Basahin ang Mateo 16:5-12. Talakayin ang mga tanong na ito:

- Ano ang sinabi ni Hesus upang simulan ang pag-uusap-usap sa mga disipulo niya?
- Ano ang unang inisip ng mga disipulo na itiuturo ni Hesus?
- Anong aral ang itinuro ni Hesus sa kanila sa pag-uusap na ito?

May dalawang paraan kung paano makapagsisimula ng talakayan ang tagapagturo:

1. Ang lahat ng mag-aaral ay maaaring lumahok sa talakayan. Ang ideal, ito ay higit pa sa tanong at sagot lamang na sesyon at may interaksiyon sa pagitan ng guro at ng mag-aaral. Sana, ang mga mag-aaral ay magkaroon ng pagkakataon na direktang sagutin ang kapwa mag-aaral.

2. Maaaring paghati-hatiin ng tagapagturo ang klase sa maliliit na grupo kung saan ang mga mag-aaral ay mapipilitang makipag-usap sa isa't-isa.

**Gumamit si Hesus ng Pagdedebate**

Ang debate ay kapag mayroon kang dalawang opinyon na ipinahahayag. Ang isang tao o grupo ay sumusuporta sa isang pananaw, at ang ibang tao o grupo ay sumusuporta naman sa kabilang pananaw. Si Hesus ay nakilahok sa ilang debate sa pagitan niya at ng iba pa. Walang malinaw na ilustrasyon ng debate na sinimulan ni Hesus sa pagitan ng kanyang mga disipulo bagaman mayroong ilang pahiwatig dito. Sa isang pagkakataon, ang mga disipulo ay nagtatalo-talo kung sino ang magiging pinakadakila sa kaharian ng Diyos. Maging ang pagtatalakayan tungkol sa kung sino si Hesus ay maaaring sabihing isang debate.

Maraming beses, gumamit din ako ng maliliit na debate sa aking mga klase.Kapag nagtuturo ako ng isang paksang kontrobersyal, madalas na inihahayag ko ang dalawang panig, pagkatapos ay binibigyan ko ng pagkakataon ang mga mag-aaral na suportahan ang alinman sa dalawang panig. Karaniwan, binibigyan ko sila ng 30 segundo upang ipahayag ang kanilang pananaw. Pagkatapos ng 30 segundo, pumupunta naman ako sa sumunod na tao sa kabilang panig. Magsasalit-salit kami sa pagsasalita hanggang sa ang magkabilang panig ay naiprisinta na nang sapat.

Kapag itinuturo ko ang Awit ni Solomon, sinasabi ko sa mga mag-aaral na pag-isipan, "Ano ang pinakamabuting paraan upang bigyang kahulugan ang aklat na ito ng Biblia? Ito ba ay isang alegorya tungkol sa pag-ibig ni Cristo para sa iglesya, o ito ba ay tula tungkol

[116] Mateo 21:23-27.

sa pag-ibig ng tao?" Karaniwan akong magbibigay ng lektura na nagpiprisinta ng mga argumento sa magkabilang panig.

Sa taong ito, gayunman, nagbigay ako ng takdang-aralin sa mga mag-aral. "Magdedebate kayo sa Awit ni Solomon. Kalahati sa inyo ay magsasabi na ito ay isang alegorya; samantalang ang kalahati ay magsasabi na ito ay isang tula tungkol sa pag-ibig ng tao. Paghahandaan ninyo ang dalawang panig ng debate. Kapag dumating kayo sa klase, itatakda kayo sa isang team."

Natuklasan ko na higit na mas maraming natutuhan ang mga mag-aaral tungkol sa Awit ni Solomon sa kanilang paghahanda para sa debateng ito kaysa sa aking mga lektura. Sa pagdedebate nila sa paksang ito, mas higit ang kanilang pag-iingat kaysa kung sila ay simpleng nakikinig lamang sa lectures. Pagkatapos ng debate, hindi ko na kinakailangang mag-luktura ng marami; natalakay na ng mga mag-aaral ang halos lahat ng mga mahahalagang puntos.

### Nagkuwento si Hesus

Si Hesus ay isang punong tagapagkuwento. Marami siyang iba't-ibang kuwento.

- Ikinuwento ni Hesus ang tungkol sa isang magsasaka na nagtanim ng mga binhi sa iba't-ibang klase ng lupa upang ilarawan ang iba't-ibang paraan ng pagtugon ng mga tao sa ebanghelyo.[117]
- Ikinuwento ni Hesus ang tungkol sa isang Samaritano upang ilarawan kung ano ang ibig sabihin ng pag-ibig sa iyong kapwa.[118]
- Ikinuwento ni Hesus ang tungkol sa isang naglayas na anak upang ilarawan ang kaligayahan sa langit dahil sa isang makasalanang nagsisisi.[119]

### Gumamit si Hesus ng mga Pakay-Aralin

Isang araw, ang mga disipulo ni Hesus ay nagsimulang magtalo-talo kung sino ang may pinakamabuting posisyon sa Kaharian ng Diyos. Maaari sanang magsermon si Hesus tungkol sa kababaang-loob; Sa halip --

> "Subali't si Hesus, dahil nalalaman ang pangangatwiran ng kanilang mga puso, ay dumampot ng bata at itinabi sa kanya, at sinabi sa kanila, 'Ang sinumang tumatanggap sa munting batang ito sa aking pangalan ay tumatanggap sa akin, at sinumang tumatanggap sa akin ay tumatanggap sa kanya na nagsugo sa akin. Dahil kung sino ang pinakaaba sa inyong lahat ay siyang pinakadakila.'"[120]

[117] Mateo 13:1-23.
[118] Lucas 10:25-37.
[119] Lucas 15:11-32.
[120] Lucas 9:47-48.

Ang mga taong nakakita sa pangyayaring ito ay hindi malilimutan si Hesus na nakaupo katabi ang isang maliit na bata at sinasabing, "Ito ang klase ng taong dapat ninyong tularan upang maging dakila sa aking kaharian."

### Gumamit si Hesus ng mga Kawikaan

Ang isang kawikaan ay isang maikling pangungusap na nagtuturo ng karunungan. Kung minsan gumagamit si Hesus ng mga pangungusap mula sa Lumang Tipan at ginagamit ang mga ito bilang kawikaan. Marahil ang pinakamalinaw na halimbawa nito ay ang bahagi na tinatawag nating "Ang Mga Pinagpala" Ito ay nakabatay sa modelo ng mga kawikaan sa Lumang Tipan.

> "Pinagpala ang mga taong walang inaasahan kundi ang Diyos, sapagkat kabilang sila sa kaharian ng langit.
>
> "Pinagpala ang mga nagdadalamhati, sapagkat aaliwin sila ng Diyos.
>
> "Pinagpala ang mga mapagpakumbaba, sapagkat mamanahin nila ang daigdig.
>
> "Pinagpala ang mga may matinding hangarin na sumunod sa kalooban ng Diyos; Sapagka't sila'y bibigyang kasiyahan ng Diyos."[121]

### Gumamit si Hesus ng Drama

Ang drama ay ang paggamit ng pisikal na pagkilos upang magkomunikasyon ng isang mensahe. Sa isang pangyayari, may isang nagdala na lalaking bingi kay Hesus. Gumamit si Hesus ng drama upang makipagugnayan sa taong ito.

> "Inilayo muna ni Hesus sa karamihan ang lalaki, at isinuot ang kanyang mga daliri sa mga tainga nito. Pagkatapos, dumura si Hesus at ipinahid ito sa dila ng pipi. Tumingala si Hesus sa langit, nagbuntong-hininga at sinabi sa lalaki, 'Effata,' na ang ibig sabihin ay 'Mabuksan!' Noon di'y nakarinig ang lalaki at nakapagsalita na nang maayos."[122]

Dinala ng mga Pariseo kay Hesus ang isang babaeng nahuling nangangalunya at tinanong si Hesus kung ano ang kanyang gagawin. Yumuko si Hesus at sumulat sa lupa gamit ang kanyang daliri. Hindi natin alam Kung ano ang kanyang isinulat, subali't ang mga nag-aakusa sa babae ay isa-isang nagsialis.[123] Ang pagtalungko at pagsulat sa lupa ay isang dramatikong paraan ng paglalahad ng isang punto.

### Gumamit si Hesus ng mga Pagbubuod

Isa sa mga marka ng isang mabuting tagapagturo ay ang kanyang kakayahang magbigay ng buod sa mga komplikadong mga katotohanan sa mga simpleng mga pamamaraan. Si

[121] Mateo 5:3-6.
[122] Marcos 7:33-35.
[123] Juan 8:1-11.

Hesus ay isang dalubhasa sa pagbubuod ng mga katotohanan. Halimbawa, ang *Beatitudes* ay nagbibigay ng buod ng pinakamahahalagang prinsipyo ng kaharian ng Diyos sa napakasimpleng  paraan.

Marami sa mga pangungusap ni Hesus ay buod ng mas malalaking doktrina. Nang tanungin ng isang tao kung ano ang dapat niyang gawin upang makatanggap ng buhay na walang hanggan, naibuod ni Jesus ang Batas sa dalawang utos: Mahalin mo ang Diyos at mahalin ang iyong kapwa.[124]

Ang  "pamamaraang pabuod" ay isang mabuting pamamaraan para sa pagtuturo. Mayroong dalawang paggamit.

1. Ang mabubuting tagapagturo ay nagbibigay ng buod ng kanilang mga itinuturo sa ilang pangungusap lamang. Ito ang pinakakaraniwang pamamaraan ng paggamit ng pamamaraang pabuod.
2. Ang mabubuting tagapagturo ay nag-uutos sa kanilang mga mag-aaral na bigyang-buod ang kanilang pagtuturo. Isang pansukat kung nauunawaan o hindi ng isang mag-aaral ang aralin ay kung gaano niya mabibigyang-buod ang aralin.

Kung minsan hinihiling ko sa aking mga mag-aaral na magbigay-buod ng kuwento o katotohanan sa 25 salita o mas kaunti pa sa roon. Kapag nagsimula silang mg-usap, magsisimula ako sa pagbilang  ng mga salita.  Kapag napagtanto nila na tunay ngang nagbibilang ako ng mga salita, karaniwan silang tumitigil at nagiging mas maingat sa kanilang mga salita. Ito ay isang dakilang pamamaraan na pumipilit sa mga mag-aaral upang mag-isip at hindi lamang ang ulitin ang isang isinaulong sagot.

**Ipinamuhay ni Hesus Ang Kanyang Mga Itiuro**

Gaano man kagaling ang iyong pagtuturo, kung hindi mo ipinamumuhay ang iyong itinuturo, hindi ka epektibong tagapagturo. Ipinamuhay ni Hesus ang kanyang itinuro.

> "Dahil para dito kayo tinawag, dahil naghirap din si Hesus para sa inyo,at nag-iwan sa inyo ng halimbawa, upang kayo'y sumunod sa kanyang mga hakbang. Hindi siya nagkasala, o nagsinungaling kailanman."[125]

Sinasabi ng isang lumang kawikaan,

> "Nagtuturo tayo sa ilan sa pamamagitan ng ating sinasabi;
> Nagtuturo tayo sa mas marami sa pamamagitan ng ating ginagawa;
> Pinakamarami tayong natuturuan sa pamamagitan ng ating katauhan."

Ito ay isang mahalagang katotohanan. Napakarami na sa mundo ang mapagpaimbabaw—nagtuturo ng isang bagay at ginagawa ang kasalungat nito. Ang isang taong hindi isinasabuhay ang kanyang itinuturo ay hindi tunay na epektibong tagapagturo.

---

[124] Lucas 10:25-28.
[125] 1 Pedro 2:21-22.

Ang ating mga ikinikilos ay nagtuturo kapwa ng positibo at negatibo. Tingnan ang epekto ng negatibong pagtuturo:

- Nagsabi si Abraham ng kalahating-katotohanan, "Kapatid ko si Sarah." Ito ay kalahating totoo.
- Si Isaac na anak ni Abraham ay nagsabi, "Kapatid ko si Rebecca." Ito ay lubos na kasinungalingan.
- Si Jacob na anak ni Isaac ay nagsabi ng maraming kasinungalingan.
- Ibinenta ng mga anak ni Jacob si Jose upang maging alipin at pagkatapos ay nagsinungaling sa kanilang ama tungkol dito.

Saan natututuhan ng mga taong ito ang pagsisinungaling? Mula sa halimbawa ng kanilang mga ama. Ang bawat henerasyon ay natuto mula sa naunang henerasyon. Pinakamarami tayong itinuturo sa kung ano tayo.

Hindi ka maaaring maging halimbawa nang hindi nag-uukol ng panahon kasama ng mga tao. Hinihikayat ko kayo na lumikha ng mga relasyon ng pagtuturo. Dapat tulungan ng mga nakatatandang tagapagturo ang mga nakababatang tagapagturo. Kapag ang matandang tagapagturo ay hindi magkukusa, dapat silang hanapin ng mga nakababatang mga tagapagturo. Laging mayroong isang mas nakababata sa iyo na maaari mong tulungan upang matuto. Ang isang Kristiyanong tagapagturo ay dapat maging isang mabuting modelo.

### Ipinahayag ni Hesus ang Kanyang Plano sa Hinaharap

Ang pinakamahalagang bagay na naipabatid ni Hesus ay hindi lamang impormasyon kundi pangitain. Nagawang tipunin ni Hesus ang labindalawang ordinaryong mga tao at nabigyan sila ng pangitaing nakakakabago-sa-mundo sa loob lamang ng tatlong taon.

Maraming natutuhan ang mga disipulo mula kay Hesus, subali't ang pinakamahalagang bagay na kanyang itinuro ay ang kanyang pangitain para sa mundo. Nakuha ng mga tagasunod ni Hesus ang pangitain ng paghayo sa lahat ng mundo at gawing tagasunod ang lahat ng tao. Ang paglaganap ng unang iglesya ay nagpapakita kung gaano katagumpay naipabatid ni Hesus ang kanyang pangitain.

Marahil ang pinakamahalagang bagay na naipabatid ng isang tagapanguna ay ang kanyang pangitain. Dapat niyang maipaalam sa kanyang mga tagasunod kung saan sila patungo at kung ano ang dapat nilang ginagawa.

## Mga Bagay na Dapat Iwasan Bilang Tagapagturo

May mga bagay na maaaring makaabala sa iyong pagtuturo o makakahadlang sa epekto ng iyong pagtuturo. Sikaping iwasan ang masasamang gawaing ito.

**(1) Huwag hayaan ang masasamang ugali sa pagsasalita na makagambala sa iyong mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto**.

Ang mga tagapagsalita ay karaniwang nagkakaroon ng pangit o maling ugali na nakikita ng lahat bukod sa kanyang sarili. May kilala akong isang tagapangaral na gumagamit ng salitang "kahanga-hanga" sa halos lahat ng kanyang mga pangungusap. Mayroon akong naging isang lektor na nagsasabi ng "uh" sa halos lahat ng pangungusap. Ang mga maling ugali na ito ay nakaka-distract sa mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto. Tanungin mo ang iyong asawang babae o sinumang maaaring maging matapat sa iyo upang ituro ang mga ugali na nakakahadlang sa iyong komunikasyon.

**(2) Huwag mong ipapahiya ang iyong mga mag-aaral**.

Kapag hindi nakasagot nang tama ang isang mag-aaral, huwag mong sabihin, "Maling mali iyan!" Humanap ka ng anumang positibo sa kanyang sagot, kung iyon ay possible. Maaari mong sabihin, "Mabuting simula iyan, subalit sa palagay ko mayroon pang ibang maidaragdag diyan."

Bihira nating malaman kung bakit dumarating na hindi handa o nahuhuli sa klase an gating mga mag-aaral. Kung ipapahiya natin sila at pagkatapos ay matutuklasan natin na mayroon pala silang lehitimong dahilan para sa kanilang pagkukulang na tumupad, masasaktan ang ating kredibilidad bilang isang tagapagturo. Huwag ninyong ipapahiya ang inyong mga mag-aaral.

**(3) Huwag kayong matakot na aminin ang hindi ninyo alam**.

Karamihan sa mga tao ay nahihirapang aminin kapag hindi nila alam ang isang bagay. Walang dapat ikahiya kapag hindi mo alam. Nagbibigay ako noon ng panauhing pangangaral sa Port Harcourt. May nagtanong sa akin at sinagot ko siya at sinabing hindi ko alam ang sagot. Pagkatapos noon, isang mag-aaral ang nagtanong, "Bakit mo sinabing hindi mo alam ang sagot sa tanong na iyon?" Sinabi ko na "Dahil hindi ko alam ang sagot!"

Habang dumarami ang iyong natututuhan, mas lalo mong nalalaman kung gaano karami ang hindi mo alam at mas magagawa mong aminin ang iyong kawalang-kaalaman. Bilang pangkalahatang tuntunin, igagalang ka ng iyong mga mag-aaral kapag tapat ka sa pag-amin na hindi mo alam ang isang bagay.

## Konklusyon

Ang pagtuturo ay isang mahalagang aspeto ng ministeryo at pangugunang Kristiyano. Sinabi ni Hesus sa kanyang mga disipulo na humayo sa mundo at gumawa ng mga disipulo. Paano nila tutuparin ang misyong ito?

> "Kaya, humayo kayo at gawin ninyong alagad ang lahat ng bansa, bautismuhan sila sa pangalan ng Ama, at ng Anak at ng Banal na Espiritu. Turuan ninyo silang

> sundin ang lahat ng iniutos ko sa inyo. At tandaan ninyo, ako'y laging kasama ninyo, maging hanggang sa dulo ng panahon."[126]

Bilang isang tagapagturo, mayroon kang mahalagang tungkulin sa pagtupad sa Dakilang Tagubilin ni Hesus. Tumutulong ka sa paggawa ng mga disipulo. Anong laking pribilehiyo ang magturo!

## Mga Takdang Aralin

(1) Kumuha ng pagsusulit sa aralin ito.

(2) Maghanda ng isang aralin mula sa Biblia para ituro sa ibang miyembro ng klase. Tandaan, ito ay isang aralin sa Biblia, hindi sermon. Gumamit ng iba't-ibang paraan ng pagtuturo para sa aralin.

## Mga Tanong sa Pagsusulit sa Aralin 7

(1) Ang pagtuturo ay ang ___________________________ mula sa isang tao patungo sa isa pa.

(2) Ano ang dalawang pinakamahalagang tungkulin ng isang tagapagturo?

(3) Maglista ng tatlong katangian ng isang mabuting tagapagturo.

(4) Maglista ng apat na uri ng mag-aaral na tinukoy ni Robert Thompson.

(5) Maglista ng tatlo sa pamamaraan ng pagtuturo ni Hesus.

(6) Bakit hinihingi ng mabuting tagapagturo sa kanyang mag-aaral na ibuod ang kanilang pagtuturo?

(7) Tinuturuan natin ang ilan sa pamamagitan ng ating _________; mas marami tayong natuturuan sa pamamagitan ng ating _________; pinakamarami tayong natuturuan sa pamamagitan ng ating ____________.

(8) Maglista ng tatlong paraan upang maiwasan ang mga nakakaabala bilang isang tagapagturo.

---

[126] Mateo 28:19-20.

# Aralin 8
# Mga Relasyong Pantao

## Mga Layunin ng Aralin

Pagkatapos ng aralin, ang mag-aaral ay dapat:
(1) Matuto ng mga aralin mula sa positibo at negatibong mga halimbawa ng relasyong pantao sa Biblia.
(2) Kilalanin ang mga praktikal na prinsipyo para sa mga relasyong pantao.
(3) Kilalanin ang mga panganib na dapat iwasan sa mga relasyong pantao.
(4) Kilalanin at pasalamatan ang kahalagahan ng relasyon ng tao para sa mga ministro at mga tagapanguna.

## Pasimula

Ang mga relasyong pantao o relasyong pampubliko ay mahalaga sa paggawa ng anumang uri ng proyekto. Nakakita na ako ng mga taong sumisira sa kanilang reputasyon at seryosong nakakahadlang sa ministeryo dahil sa di magandang relasyon ng mga tao. Nakapagtrabaho na ako kasama ng mabubuting mga tao na may mabuting motibo ngunit nabigo sa mahahalagang pagkakataon sa minsteryo dahil sa kanilang di mabuting kakayahan sa pakikipaguganyan.

Ang mga pakikipagugnayan ay ang sining ng pagtatrabaho kasama ng ibang tao upang matupad ang isang gawain. Ang mabubuting relasyon ay nagbibigay ng magandang pakiramdam at sila'y nagiging bukas ang loob sa mga proyekto.

Ang mabubuting pakikipagugnayan ay isang mahalagang bahagi ng gawain ng isang pastor o Kristiyanong lider. Sa iyong pagbuo ng mabubuting pakikipagugnayan sa komunidad, nagbubukas ka ng mga pinto para sa ebanghelyo. Sa iyong pagbuo ng mga pakikipagugnayan sa iglesya at sa iba pang mananampalataya, nagkakaroon ka ng mga proyekto para sa ministeryo. Ang isang mahalagang bahagi ng komunikasyon ay ang kakayahang makipagusap sa paraang nakukuha mo ang pakiki-isa ng ibang tao. Ito ay nagpapalawak sa gawain ng Diyos.

## Mga Relasyong Pantao sa Biblia

Ipinapakita ng Kawikaan ang kahalagahan ng positibong mga relasyon. "Mas mabuting piliin ang isang malinis na pangalan kaysa sa malaking kayamanan, o maging pilak o ginto man."[127]

Ano ang malinis na pangalan? Ito ang reputasyon ng matuwid na pakikisama sa mga tao. Ito ang pagtingin ng mga tao sa iyo. Maaari mong tratuhin ang bawat isa nang

[127] Kawikaan 22:1.

makatarungan, subali't kung may magsasabi na ikaw ay hindi makatarungan, ikaw ay hahatulang di makatarungan. Kung minsan sinasabi nating, "Kung ano ang ating pagtanaw, iyon ang katotohanan." Kung ano ang pinaniniwalaan ng tao tungkol sa iyo ay mahalaga; nakakaapekto iyon sa kanilang kagustuhan na makipagtulungan sa iyo. Ito ang relasyon ng tao: pagtatrabaho ayon sa pagtanaw. Ang pagkakaroon ng malinis na pangalan ay ang pananaw ng pagiging patas at kabutihan.

### Si Rehoboam: Isang Halimbawa ng Masasamang Relasyon

Ang kuwento ni Rehoboam ay naglalarawan ng kahalagahan ng mabuting relasyon. Pagkamatay ni Solomon, ginawang hari si Rehoboam.[128] Taglay ni Rehoboam ang lahat ng kanyang kailangan upang mamuno. Nasa kanya ang posisyon ng pagiging hari. Malinaw ng taglay niya ang basbas ng kanyang amang si Solomon. Ang kanyang kapatid na si Jeroboam at lahat ng kongregasyon ng Israel ay nangangako ng pakikipagtulungan sa kanya kung magiging mabait lamang siya sa mga tao. Ang buong hinaharap ng kanyang kaharian ay nakadepende sa kanyang kakayahang makipagrelasyon sa mga tao.

Sa isang maling pasya, tinanggihan ni Rehoboam ang matalinong payo ng mga nakakatandang lalaki at sa halip ay pinakinggan ang payo ng kanyang walang karanasang mga kabataang kaibigan. Bilang resulta ng pasya ni Rehoboam, ang bansa ay nahati, at ang Israel ay hindi na kailanman magiging iisang kaharian. Ang buong kasaysayan ng Israel ay nagdusa bilang resulta ng hangal na pasya ni Rehoboam.

Ano ang ilan sa mga pagkakamali sa mga pakikipagugnayan ni Rehoboam?

- Hindi niya binigyang pansin ang mabuting payo ng matatalinong tao.
- Hindi niya binigyang pansin ang pakiramdam at emosyon ng ibang tao.
- Hindi niya binigyang pansin ang epekto sa ibang tao ng kanyang mga ginagawa.

Dapat mapagtanto ng mga Kristiyanong tagapanguna na hindi matatapos nang matagumpay ang isang proyekto kung walang tulong ng ibang tao. Hindi makapagtatrabaho ang sinuman kasama ng ibang tao kung wala siyang mabuting relasyon. Nagpakita si Rehoboam ng negatibong halimbawa ng mga relasyon. Mayroon ding mga positibong halimbawa sa Biblia na ating tatalakayin.

### Si Pablo: Isang Halimbawa ng Mabuting Relasyon ng mga Tao

► Basahin ang 1 Corinto 9:15-23. Gumawa ng listahan ng mga prinsipyong kaugnay ng mga relasyon ng mga tao.

Nalalaman ni Pablo na mahalaga na maging sensitibo sa nararamdaman ng iba. Ang sulat ni Pablo sa mga mananampalataya sa Corinto ay nagpapakita ng mga prinsipyo ng mabuting mga relasyon.

---

[128] Basahin ang kuwentong ito sa 1 Mga Hari 12:1-20.

***Katuruan ni Pablo: Ang Relasyon ng mga Tao ay Nangangailangan ng Pagsusuko ng Sariling Personal na Karapatan.***

Ang isang taong mabuti sa relasyong pantao ay handang isuko ang kanyang sariling karapatan. Sinabi ni Pablo na iniwan niya ang kanyang mga karapatan upang paglingkuran ang mga pangangailangan ng mga taga-Corinto.

Sa isang pagkakataon habang tumatakas mula sa kanyang mga kaaway, sinabi ni David na talagang nais niyang makainom ng tubig mula sa balon malapit sa kanyang tahanan sa Bethlehem. Marahil hindi niya iniisip na mayroong sinumang tutugon sa kanyang binanggit, subali't tatlo sa kanyang pinakamahuhusay na sundalo ang dumaan sa hanay ng mga kaaway upang maikuha lamang siya ng tubig na iyon. Nang ibigay ang tubig kay David, ibinuhos niya iyon sa lupa.[129] Iyon ay isang tugon tungkol sa relasyon ng mga tao; tinalikuran ni David ang kanyang karapatan na tratuhin nang naiiba kaysa sa ordinaryong tao. Dahil sa espiritung ito kaya't naging napakataas ng respeto ng mga tao kay David.

Sa panahon ng isang krusadang pang-ebangheliko sa Jos, Nigeria, nasaksihan ko ang isang halimbawa ng ganitong uri ng relasyon sa mga tao. Sa panahon ng unang serbisyo, umulan nang napakalakas. Karamihan sa mga tao ay nakatayo sa ulan. Ang koro at lahat ng "malalaking tao" ay nasa entablado. Hindi pa oras upang mangaral; walang sasama ang loob kung ang tagapangaral at ang kanyang mga katulong ay umalis sa entablado at sumilong mula sa ulan. Sa halip, ang tagapangaral at ang kanyang buong grupo ay nanatili sa entablado at nagpatuloy sa pagsamba sa Panginoon sa kabila ng ulan. Ito ang nagbigay sa kanya ng tunay na advantage nang siya'y mangaral sa kongregasyon. Sa pagtalikod sa kanyang kaginhawahan, nagkaroon siya ng karapatang mapakinggan.

Ang Roma 14 ay nagbibigay ng isang nakakaakit na pag-aaral sa mga relasyong pantao.[130] Upang maunawaan ang kabanatang ito, dapat maunawaan kung ano ang ibig sabihin ni Pablo sa "ang malakas" at ang "mahina". Ang "malakas" ay yaong may malakas na konsiyensiya. Ang kanilang espirituwal na paggulang at pagkaunawa sa Salita ng Diyos ay nagpakita sa kanila na ang ilan sa mga usapin ay batay sa personal na kagustuhan, hindi ayon sa katuruan pamBiblia. Ang "mahihina" ay yaong may mahinang budhi. Hindi pa sapat ang kanilang gulang sa pag-unawa sa Salita ng Diyos. Madaling masaktan ang kanilang budhi.

Maraming Hudyo ang may "mahihinang budhi"; sila ay natatakot na sumira sa mga tradisyon. Ang mga Hentil, sa kabilang dako, ay hindi nagtataglay ng ganitong mga tradisyon. Magagawa nila ang mga bagay na hindi magagawa ng mga Hudyo; makakain nila ang ilang klase ng pagkain na hindi ipinahihintulot sa mga Hudyo. Mahalagang tandaan na sa talatang ito na ang "mahina" at "malakas" ay hindi naglalarawan ng antas ng pagtatalaga ng sarili. Ang mga salitang ito ay patungkol lamang sa pagiging sensitibo ng budhi ng tao.

[129] 2 Sam. 23:14-17.
[130] Basahin ang Roma 14.

Kapag binabasa natin ang Roma 14, nakikita natin na talagang mahalaga kay Pablo na huwag makasakit sa iba. Hinikayat niya ang mga mananampalatayang Kristiyano na maging maingat sa kanilang mga ikinikilos. Ang kabanata ay isang magandang paglalarawan ng nga prinsipyo ng mabuting relasyon ng mga tao.

- Ang mabuting relasyon sa mga tao ay nangangahulugan na uunahin ang iba.
- Ang mabuting relasyon sa mga tao ay nangangahulugan na magtuon ng pansin sa mga pang-unawa.
- Ang mabuting relasyon sa mga tao ay nangangahulugan na tatalikuran mo ang iyong sariling mga karapatan.
- Ang mabuting relasyon sa mga tao ay nangangahulugan na magiging sensitibo ka sa pakiramdam ng iba.
- Ang mabuting relasyon sa mga tao ay nangangahulugan na hindi mo hahayaan ang maliliit na mga bagay na makalikha ng mga suliranin.

***Ang Halimbawa ni Pablo: Bukal sa Loob na Pagsusuko ng Sariling mga Kagustuhan***

Ang nakababatang katuwang ni Pablo na si Timoteo ay may inang Hudyo, subali't hindi pa siya tinutuli. Alam ni Pablo na hindi na kinakailangan ang pagtutuli para sa bayan ng Diyos. Sumulat na si Pablo ng isang mabigat na sulat tungkol sa pagtutuli (Galacia) at nakilahok sa Konseho ng Jerusalem na nagsabing hindi kinakailangan ang pagtutuli para sa mga Kristiyano.

Gayunman, hinikayat ni Pablo si Timoteo na magpatuli. Bakit? Upang gawing mas epektibo sa ministeryo si Timoteo. Alam ni Pablo na si Timoteo ay papasok sa mga sinagoga at magmiministeryo sa mga tagapakinig na Hudyo. Upang maiwasan ang mga katanungan tungkol sa isang taong hindi tuli na pumapasok sa sinagoga, mas mabuti para kay Timoteo na magpatuli.[131]

Sa isa pang pagkakataon sumang-ayon si Pablo na makibahagi sa sakripisyo ng paglilinis ng mga Hudyo.[132] Naniniwala ba siya na kinakailangang gawin ito upang malugod ang Diyos? Hindi. Sumasang-ayon siya na gawin ito upang makahikayat ng mga kapatid na Hudyo para sa gawain ng Diyos. Hindi niya sinisikap na mahikayat sila dahil sa pagmamalaki o kaluwalhatian ng sarili. Nais niyang makasama sila upang sama-sama silang magtrabaho sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos. Bukal sa loob ni Pablo na isa-isantabi ang kanyang pansariling mga kagustuhan upang maisulong ang gawain ng Diyos.

[131] Mga Gawa 16:3.
[132] Mga Gawa 21:18-26.

Sa kabilang panig, tumanggi si Pablo na magkompromiso sa mga tungkol sa prinsipyo. Nang ang mga nagbalik-loob na Gentil sa Galacia ay hinigpitan na muling bumalik sa gawain ng pagtutuli, matibay ang kanyang commitment sa prinsipyo ng pagpapawalang-sala sa pamamagitan lamang ng pananampalataya.[133] Sa parehong dahilan, tinanggihan niyang pilitin ang isang Gentil na pastor, si Tito, upang magpatuli.[134] Kapag mayroong usapin tungkol sa prinsipyo, hindi makikipagkasundo si Pablo.

### *Ang Halimbawa ni Pablo: Paggamit ng mga Pamuri*

Pansinin ang paraan nang pagsisimula ni Pablo sa kanyang mga sulat. Pagkatapos ng pagbati karaniwan niyang pinupuri ang kanyang mga mambabasa.[135] Kapag kailangan niyang sawayin ang mga tao sa iglesya, karaniwan siyang nagsasabi ng mga positibong mga bagay sa simula upang malaman ng mga tao na hindi siya laban sa kanila. Ito ay mabuting relasyon sa mga tao. Maging malaya sa mga pamuri. Ito ay mabuting relasyon sa mga tao. Kapag nakikiharap sa ibang tao, dapat lagi mong sikapin na mging positibo. Maging isang tao na nagpapatatag ng iba, hindi taong nakakasira ng iba.

### *Ang Halimbawa ni Pablo: Kakayahang Makipagkaisa sa mga Tao*

Nalalaman ni Pablo kung paano makikipag-usap nang magalang sa mga tao at sa paraang sensitibo sa kultura. Nang magsalita siya sa harap ni Felix, sinabi ni Pablo:

> "Nalalaman ko pong kayo'y matagal nang hukom sa bansang ito, kaya't ikinagagalak kong ipagtanggol ang aking sarili sa harapan ninyo."[136]

Nang makipag-usap si Pablo kay Agrippa, sinabi niya:

> "Itinuturing kopong isang malaking kapalaran na marinig ninyo ang pagtatanggol ko sa sarili laban sa mga sumbong ng mga Hudyo sapagkat lubos ninyong nababatid ang kaugalian at sigalutan ng mga Hudyo. Kaya't hinihiling kong pagtiyagaan ninyong pakinggan ako."[137]

Iginagalang ni Pablo ang mga posisyon ng mga awtoridad at hinarap sila nang may paggalang. May mga Kristiyano na nalimutan na ang kahalagahan ng pagiging magalang. Ang isang taong hindi gaanong magalang ay maaaring magsabi kay Felix, "Nalalaman kong ikaw ay hukom sa bansang ito, subali't sumasagot lamang ako sa Diyos. Hindi mahalaga ang iyong opinyon!" Kung ito ang naging tugon ni Pablo, maaaring nawala sa kanya ang pagkakataon na ibahagi ang ebanghelyo sa opisyal na ito ng gobyerno. Bilang resulta ng paggalang ni Pablo, nakausap niya si Felix "tungkol sa pananampalataya kay Kristo Hesus" sa loob ng dalawang taon.[138]

---

[133] Galacia 1-2, 5.
[134] Galacia 2:1-5.
[135] Tingnan ang Rom. 1:8; 1 Cor. 1:4; 2 Cor. 1:3; Felipos 1:3; Col. 1:3; 1 Tesalonica 1:2; 2 Tesalonica 1:3.
[136] Mga Gawa 24:10.
[137] Mga Gawa 26:2-3.
[138] Mga Gawa 24:24-27.

Pinag-aralan ni Pablo ang mga lugar kung saan siya magmiministeryo at nakatagpo ng mga paraan upang makipag-isa sa mga tao. Habang nangangaral sa Athens, binanggit ni Pablo ang isa sa mga paganong manunulat na popular sa mga Griego.[139] Sensitibo siya sa kanyang mga tgapakinig.

Kung minsan, ang mga suliranin sa relasyon ay nalilikha ng mabubuting mga tao na tumitingin sa mga bagay-bagay mula sa kanilang sariling mga pananaw lamang.Nabibigo silang unawain kung ano ang pagtingin ng iba sa kanilang mga aksiyon. Sa halip na matupad ang isang mabuting layunin, ito'y lumilikha ng kasalungat na tugon. Ang mabuting relasyon ay humihingi sa atin na makiisa sa ibang tao at isa-alang-alang ang kanilang pananaw.

## Mga Praktikal na Mungkahi para sa Mga Relasyong Pantao

Ako ay taong mahilig sa proyekto. Maraming bagay ang natutuhan ko tungkol sa mga proyekto. Gayunman, ang isa sa pinakamahalagang bagay na natutuhan ko tungkol sa mga proyekto ay ang kahalagahan ng paglikha ng maayos ng pakikipag-ugnayan sa iba. Karamihan sa mga suliraning naranasan ko sa mga proyekto ay naka-ugnay sa di-mabuting mga relasyon.  Ang mga sumusunod ay ilan sa mga obserbasyon tungkol sa mga relasyong pantao.

**(1) Magsimula ka sa itaas**.

Mas madali na magsimula ka sa itaas ng organisasyon at unti-unting kumilos pababa kaysa sa magsimula mula sa ilalim at unti-unting kumilos paakyat sa taong kinakailangang gumawa ng desisyon. Ang impormasyon ay bumababa sa hagdan ng awtoridad nang mas mabuti kaysa sa paraang pataas.

Ang Africa ay isang lipunang awtoritarian. Malaking paggalang ang iniuukol sa taong nasa kapangyarihan. Ang mga tao sa ilalim ng awtoridad ay bihirang makagagawa ng anumang bagay nang walang pag-sang-ayon ng tao sa itaas. Ikinatatakot din ng mga tao ang pagiging malikhain at magmungkahi ng mga gagawin sa taong ito. Upang makaiwas sa kaguluhan, mabuti na dumiretso na sa kanya. Sa oras na makuha mo na ang permiso ng taong nasa posisyon, mas magiging kakaunti ang iyong mga suliranin sa pagtatrabaho sa mga mas mababang posisyon. Kapag nagawa mo nang makuha ang pabor ng taong nasa itaas, malayo na ang narating mo sa paglutas ng mga suliranin. Ang iba pang mga manggagawa sa departamento na iyon ay magsisikap din upang matupad ang iyong proyekto.

Ang pinakamabuti mong magagawa para sa layunin ng mga relasyong pantao ay hindi lamang ang pagkuha ng **pahintulot** ng tao sa itaas kundi ang makuha rin ang kanilang **pakikilahok**. Subukin ding makuha sila upang maging kapwa isponsor sa iyong proyekto

[139] Mga Gawa 17:28.

Kami ay malapitang nakapagtrabaho kasama ng labing-apat na estadong Nigerian sa pagbuo ng *Professional Certificate in Christian Education.* Hindi lamang sinisikap naming makuha ang pag-sang-ayon ng mga *state ministries of Education,* kinukuha natin sila upang maging kapwa isponsor ng ating proyekto. Pagkatapos kapag isinulong namin ang programa, hindi lamang ito programa ng *International Institute of Christian Studies;* ito ay isang proyekto ng *Plateau State government*. Ito ay isang napakalaking pagsusulong sa pagsisikap para sa mga relasyon ng tao.

**(2) "Umayon ka sa takbo ng agos."**

Ang pinakamabuting paraan upang matapos ang isang bagay ay humanap ng isang tao na nag-iisip na tungkol sa isang problema, o kaya'y interesado sa isang proyekto. Pagkatapos, humanap ka ng paraan upang tulungan silang lutasin ang problema, o palakihin ang proyekto. Mas madaling bentahan ng kompyuter ang isang tao na naghahanap ng mabibiling kompyuter kaysa sa isang tao na ni hindi alam na kailangan niya ito. Kung ikaw ay nagtatrabaho upng tuparin ang mga layunin ng isang tao, ang iyong proyekto ay nagiging kanila ring proyekto. Mas nagiging sa kanila rin ang proyekto, mas nagiging mabuti ang pakikipagtulungan.

Ang AIDS ay isa sa pinakamalaking suliraning kinakaharap ng Africa. Nakalikha kami ng isang proyekto na tutulong sa pamahalaang Nigeria upang matupad ang kanilang layunin ng pagsugpo ng AIDS. Gayunman, ginagawa naming iyon gamit ang Biblia. Nakatagpo kami ng paraan upang tulungan ang pamahalaan ng labanan ang AIDS habang ibinabahagi ang mensahe ng Biblia kasabay nito.

**(3) Isama mo ang bawat isa sa iyo**.

Laging maraming taong kasangkot sa isang matagumpay na proyekto. Dapat mong ipadama sa lahat ng kasama na sila ay bahagi ng proyekto. Ito ay isang napakahalagang prinsipyo. Upang makuha mo ang pinakamaraming suporta para sa anumang proyekto, kailangan mong maisali ang lahat ng posibleng makilahok dito.

May isang organisasyon sa US na pumunta sa Nigeria upang magdaos ng isang ebenghelistikong pagtulong. Sila ay mabubuting mga tao at naging matagumpay na sa ilang mabuting gawain. Gayunman, hindi nila naabot ang kanilang lubos na maaaring maabot. Ang ilang bahagi ng kanilang mga relasyon sa tao ay hindi epektibo. Halimbawa:

- Wala silang sinumang lokal na tao sa entablado maliban sa tagapagsalin ng salita. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng lokal na tagapangunang Kristiyano sa entablado, maaari sana nilang natanggap ang pagpapala at respeto ng mga lokal na iglesya.
- Hindi sila nakipagkaisa sa mga lokal na iglesya. Maaari sana itong nakalikha ng mas higit na pakikisalamuha sa mga lokal na mamamayan.

- Dumating sila at ginawa nila ang karamihan sa gawain nang sila lamang. Binigyan nila ng pondo ang buong proyekto. Kaya't nagtila hindi sa kanila ang proyekto. Dahil dito, nabigo silang maisama ang lahat.

**(4) Kilalanin ang ibang tao.**

Mahalaga na kilalanin ang kakayahan ng iba, kahit na hindi iyon nakahihigit sa iyo. Kapag ginawa mo iyon, nagpapakita iyon ng kababaang-loob, at ang kababaang-loob ay mabuti sa mga relasyon sa tao. Tulad ng nabanggit na sa una, malayang nagbigay ng mga pamuri si Pablo sa mga taga-Tesalonica at iba pang mambabasa ng kaniyang mga sulat. Lagi siyang humahanap ng anumang bagay na maaari niyang matapat na bigyan ng pamuri sa iba.

Kailangan nating maging sensitibo sa mga tao sa lahat ng antas. Humanap ng paraan upang makilala ang mga drayber sa kanilang pagmamaneho. Kapag nagpaayos ka ng iyong sasakyan, bigyang puri mo ang mekaniko. Batiin mo ang sekretaryang nakaupo sa harapan ng kompyuter at humanap ng paraan upang mapuri sila sa kanilang kakayahan sa kompyuter. Mas lalo mong ipinadarama sa iba na magaling sila sa kanilang kakayahan, mas bubuti ang iyong relasyon sa kanila.

Sa pakikisosyo, magtuon ng atensiyon sa kabilang panig. Gawin mong masaya ang kasosyo mo. Tulungan mo siyang maunawaan na ang kaniyang bahagi ay isang mahalagang bahagi ng nasabing proyekto. Ipadama mo sa kasosyo mo na responsible siya. Kung hindi niya nadarama ang pananagutan niya, kaunti lang ang kanyang gagawin. Kapag nagtatrabaho ka kasama ng ibang tao o organisasyon, ilagay mo ang pangalan ng taong iyon o ng organisasyon sa prominenteng lugar. Nakakatulong ito upang matupad ang gawain.

Tandaan na ang trabaho ang mahalaga, hindi kung sino ang gumawa. Kapag natapos ang gawin, at ibang tao ang tumanggap ng credito, okay lang. Ang mahalaga ay natapos ang proyekto.

**(5) Maghanda ng mga kasulatang nakasulat mula sa mga propesyonal**.

Bagaman ang mga taong abala ang pagbasa ng mahahabang mga report, gusto rin nilang nakita ang mga detalye. Ang isang detalyadong mungkahi para sa isang proyekto na maraming mga pumapangalawang puntos ay magbibigay ng larawang mukha ka ring propersyonal. Mas mukha kang propesyonal, mas malaki ang posibilidad ng pagtatagumpay.

Kapag nagpakita ka ng isang dokumento na puno ng mga detalye, nagpapakita iyon na alam mo kung ano ang iyong ginawawa. Kung sinisikap mong makuha ang permiso ng isang tao upang gawin ang isang proyekto, nais mong lumikha ng magandang impresyon. Isang paraan upang makapagpakita ng mabuting impresyon ay ang paghahanda ng mga dokumentong may kalidad. Mas propesyonal mong maipapakita ang iyong mga dokumento, mas magiging seryoso ang pakiharap ng mga tao sa iyo.

Kamakailan lamang nakipagkita ako sa Federal Ministry of Education. Naiwala na nila ang ilan sa aming mga dokumento at nais nilang bigyan ko sila ng kopya. Bumalik ako at gumawa ng listahan ng lahat ng aming mga komunikasyon. Kinopya ko ang mga ito sa magandang pamamaraan at pinagsama-sama ko ang mga ito sa isang polder. Namangha sila sa pagiging propesyonal ng presentasyon. Lumikha ito ng mgapagkakataon na sama-samang magtrabaho para sa Kaharian ng Diyos.

**(6) Kilalanin na ang mabubuting mga relasyon ay kasinghalaga ng mabubuting mga kaisipan**.

Walang proyekto ang lumalampas sa "salik ng tao." Kung walang mabubuting mga relasyon, maging ang pinakamabuting proyekto ay babagsak. Hindi lamang kailangan mong magtrabaho sa iyong mga panukala, kailangan mo ring pagtrabahuhan ang pagpiprisinta ng panukala na iyon at ang paraan kung paano ka nakikiharap sa ibang tao. Maraming nagtitinda ang nakakukuha ng kontrata hindi dahil taglay nila ang pinakabuting produkto, kundi dahil sila ang may pinakamabuting personalidad. Para sa kapakanan ng Kaharian ng Diyos, pagsikapan ninyong makalikha ng malalakas na relasyon sa ibang tao.

Sa positibong dahilan, dapat nating malaman kung sa anong bagay interesado ang ibang mga tao. Maging interesado ka sa kanilang mga interes. Sa negatibong dahilan, dapat nating malaman ang mga salita at parirala at mga gawaing nagtataglay ng negatibong kahulugan. Dapat nating natutuhan ang pakikinig sa ating mga sinasabi sa pamamagitan ng tenga ng ibang tao. Ito ang dahilan kung bakit hinilingan ni Pablo si Timoteo na magpatuli; kung hindi tuli si Timoteo, malilimitahan ang kanilang ministeryo sa mga sinagoga.

Mayroon akong kaibigan sa Abuja, na napakahusay sa mga relasyong pantao. Lagi niyang sinasabi ang tamang tamang salita upang mapahinahon ang ibang tao at magkaroon ng mabuting pakiramdam tungkol sa kanyang gawain.

Sa isang pagkakataon, pumasok kami sa opisina ng Kagalang-galang na Ministro ng Edukasyon, at sinabi niya sa sekretarya, "Bago mo kami bigyan ng tatlong dahilan kung bakit hindi namin siya maaaring nakita ngayon, bigyan mo ako ng isang dahilan kung bakit dapat naming siyang makita." Hindi ang sinabi niya ang mahalaga; ang pag-iisip ng bago at malikhain paraan upang tulungan ang sekretarya na huminahon at tratuhin siya sa ibang paraan. Sa paraan kung paano nito tinatrato ang ibang taong pumapasok sa opisinang iyon. Nagtuon siya ng atensiyon sa sekretarya at kinilala ang kapangyarihan nito na mapapasok siya o mapaalis sa opisina ng Ministro ng Edukasyon. Nag-ukol siya ng oras upang kilalanin ang kanyang halaga; ito'y nagtatag ng relasyon.

**(7) Maging handang matuto**.

Ang kagustuhan o kahandaang matuto ay isang magandang paraan upang magkaroon ng respeto. Kalikasan ng tao na laging hayaan ang isang tao na handing matuto. Ang pag-amin na ikaw ay isa ring mag-aaral at hindi isang eksperto ay mabuting relasyong pantao.

**(8) Maging tapat**.

Nang sumulat si Pablo kay Filemon para kay Onesimo, nagsimula siya sa pagpuri.

> "Lagi akong nagpapasalamat sa Diyos kapag naaalala kita sa aking mga panalangin, dahil nabalitaan ko ang iyong pag-ibig para sa lahat ng mga banal at sa iyong pananampalataya sa Panginoong Hesus. Idinadalangin ko na ang pagkakabuklod natin sa iisang pananampalataya ay magbunga ng malalim na pagkaunawa sa mga kabutihang dulot ng ating pakikipag-kaisa kay Crist. Aking kapatid, ang pagmamahal mo ay nagdulot sa akin ng malaking katuwaan at kaaliwan sapagkat dahil sa iyo ay sumigla ang kalooban ng mga hinirang ng Diyos."[140]

Pagkatapos ng kanyang papuri, humiling si Pablo: "Nakikiusap ako sa iyo para kay Onesimo na aking anak sa pananampalataya. Ako'y naging ama sa kanya habang ako'y nakabilanggo." Taos-puso ang mga papuri. Tunay na naging pagpapala si Filemon kay Pablo at sa iba pang banal. Ang mga huwad na papuri ay walang kabuluhan. Maging tapat sa iyong mga relasyon sa ibang tao.

**Mga Pagkakamaling Dapat Iwasan**

Karamihan sa mga bagay sa araling ito ay isinulat mula sa positibong pananaw. Gayunman, may mga bagay na dapat nating pagsikapang iwasan. Ang mga bagay na ito ay nakakasira sa ating mga relasyon.

**(1) Huwag mag-sentro sa sarili**.

Ito ay napaka-basic na ideyang Kristiyano. Kung interesado lamang tayo sa ating sarili, ito ay madaling makita ng ibang tao. Sa wakas masasaktan ang ating proyekto. Mayroon akong kaibigan na masipag at gumagawa ng maraming kabutihan. Gayunman, siya ay madalas maakusahan ng paggamit ng mga tao. Magtatrabaho siya kasama ng isang tao hangga't ang taong ito ay makakatulong sa kanya sa paggawa ng kanyang trabaho. Kapag ang taong ito ay hindi na kapaki-pakinabang sa kanya, iiwan na niya ito at kukuha ng bagong kasama. Dapat tayong magsikap na mabuti upang maiwasan ang ganung pagtingin ng ibang tao. Hindi iyon ang klase ng pagtingin na nais nating iwan sa kanila.

Kapag nagsasalita, iwasan ang labis na paggamit ng "ako," "ko," o "akin". May mgapagkakataon na maaari kang magkuwento gamit nang epektibo ang mga pantukoy sa sarili. Gayunman, tandaan na ikaw ay bahagi ng isang team. Ang "tayo" ay mas masarap pakinggan kaysa sa "ako".

[140] Filemon 1:4-7.

**(2) Huwag mong tuparin ang iyong ministeryo kung isasakripisyo mo naman ang ministeryo ng iba**.

Kung minsan tayo ay sobrang nakatuon sa ating sariling ministeryo, at di pinapansin ang ministeryo ng iba. Isa sa mga unang batas ng medisina ay "huwag kang magdulot ng kapahamakan." Dapat ding ito ang isa sa pngunahing batas ng ministeryo.

**(3) Huwag ninyong di-pansinin ang wastong panuntunan**.

Ang wastong panuntunan ay napakahalaga sa maraming bansa. Mas mabuting magkamali sa panig panunutunan kaysa sa kabilang panig nito. Ang mga Amerikano ay hindi masyadong mahigpit sa mga panuntunan, at sila ay nahihirapang sundin ang wastong panuntunan sa ibang mga bansa. Gayunman, natutuhan kong kailangan mong magbigay galang sa dapat igalang kung nais mong makapagtatag ng mga relasyon.

**(4) Huwag mong madaliin ang mga bagay**.

Ang isa sa pinakamalaking pagkakamali natin sa pagsasagawa ng anumang proyekto ay ang pagsisikap nating madaliin ang mga bagay-bagay. Mabuting relasyon kapag naglaan ka ng oras –isama mo ang lahat at maglagay ng mabuting pundasyon para sa iyong mga ginagawa. Kapag isinulong mo ang mga bagay nang masyadong mabilis, malamang na makasakit ka ng ibang tao. Maglaan ka ng sapat na oras kapag mayroon kang proyekto.

**(5) Huwag ninyong ikompromiso ang prinsipyo**.

Tulad ng totoo sa lahat ng bagay, dapat magkaroon ng balanse sa mga relasyon. Kapag sobra tayong nagtuon sa mga relasyon ay makapagsisimula sa pagkokompromiso ng prinsipyo. Hindi kasalanan ang magkompromiso kapag hindi mo ikinokompromiso ang prinsipyo. Gayunman, dapat tayong magbatay laban sa pagkokompromiso ng mga prinsipyo. Tulad ng nakita natin sa itaas, hindi ikokompromiso ni Pablo ang mga prinsipyong Biblikal para sa kapakanan ng mga relasyon ng tao.

## Konklusyon

Ang mabubuting relasyon ng mga tao ay isang mahalagang aspeto ng mabuting komunikasyon. Kung walang mabuting relasyon ng mga tao, ang lahat ng ating ibang komunikasyon ay mahahadlangan.

Marahil mararamdaman ninyo na ang paksang ito ay hindi mahalaga para sa inyo. Marahil iisipin ninyo, "Maliit lamang ang iglesyang pinagpapasturan ko. Hindi ko kailangang makipagugnayan sa mga opisyal ng pamahalaan. Bakit ko kinakailangang pag-aralan ang tungkol sa mga relasyong pantao." Gayunman, ang bawat pastor ay nangangailangan ng relasyong pantao. Kahit pa malaki man o maliit ang inyong iglesya, ikaw ang kinatawan ng iyong iglesya (at ng Kaharian ng Diyos) sa inyong pamayanan. Humanap ng mga oportunidad na magamit ang iyong presensiya sa komunidad upang maging kinatawan ng ebanghelyo. Humanap ng mga pagkakataon upang makipag-isa sa ibang ministeryo at organisasyon upang maglingkod sa Kaharian ng Diyos.

► Humahanap ka ba ng mga oportunidad upang magministeryo sa inyong komunidad? Available ka ba para sa mga gawaing pampubliko kung saan maaari mong katawanin ang iglesya at ang Kaharian ng Diyos?

## Mga Takdang Aralin

(1) Kumuha ng pagsusulit sa araling ito.

(2) Mula sa isang diyaryo, magasin o mga mapagkukunan sa internet, humanap ng dalawang artikulo na:

- Isang artikulo kung saan ang isang lider ay nagpakita ng mabuting pakikipag-uagnayan. Pansinin kung ano ang ginawa nyang mabuti sa pakikipag-ugnayan sa publiko.
- Isang artikulo kung saan ang isang tagapanguna ay nagpakita ng hindi mabuting relasyon. Ano-ano ang mga resulta ng kanyang kabiguan? Sa paanong paraan sana mas epektibong paraan naisagawa ng tagapanguna ang sitwasyon? Anong aral ang matututuhan ninyo mula sa sitwasyong ito?

## Mga Tanong sa Pagsusulit sa Aralin 8

(1) Ang mga relasyong pantao ay ang sining ng _________________.

(2) Ilista ang tatlo sa mga pagkakamali ni Rehoboam sa relasyong pantao.

(3) Anong mahalagang leksiyon tungkol sa relasyong pantao ang itinuturo ni Pablo sa Roma 14?

(4) Anong mahalagang aral tungkol sa relasyong pantao ang itinuro ni Pablo sa kanyang halimbawa ng paghikayat kay Timoteo na magpatuli?

(5) Anong mahalagang aral tungkol sa relasyon sa mga tao ang itinuro ni Pablo sa kanyang pagtatanggol kay Felix at sa kanyang mensahe sa Athenas?

(6) Maglista ng apat na praktikal na mungkahi para sa relasyong pantao na ibinigay sa araling ito.

(7) Maglista ng apat na pagkakamali sa relasyon sa mga tao na dapat iwasan.

# Aralin 9
# Komunikasyon sa Magkaibang Kultura sa Biblia

## Mga Layunin ng Aralin

Pagkatapos ng aralin, ang mag-aaral ay dapat:
(1) Pahalagahan at pasalamatan ang mga halimbawa ng komunikasyon ng mga magkakaibang kultura sa Biblia.
(2) Matututo ng mga praktikal na aral para sa komunikasyon sa magkakaibang kultura.
(3) Kilalanin ang kahalagahan ng pag-ibig at respeto sa mga relasyon ng magkakaibang kultura.
(4) Matutuhan ang mga praktikal na pamamaraan kung paano magiging mas mabuting tagapakinig.

## Pasimula

Sa iyong ministeryo, matutuklasan mo na kailangan mong makipagusap sa mga taong hindi pareho sa iyong kulturang pinagmulan. Maaaring ito'y isang taong nagmula sa ibang bansa, o isang nagmula sa ibang rehiyon, subali't magkakaroon ng pagkakaiba sa pag-unawa at komunikasyon.

Ang kakayahang pagdugtungin ang mga pagkakaibang ito ay magiging daan upang ikaw ay maging mas epektibo bilang isang lingkod ng Kaharian ng Diyos. Sa maikling aralin na ito, pag-aaralan natin ang ilang basic na prinsipyo ng komunikasyong cross-cultural.

► Talakayin ang isang pagkakataon na ikaw ay nakipag-usap sa isang taong nagmula sa ibang kultura. Ano ang mga kahirapang inyong hinarap? Naging matagumpay ka ba sa iyong pakikipagugnay sa kabila ng inyong mga pagkakaiba?

## Komunikasyon ng Magkakaibang Kultura sa Biblia

### Mga Halimbawa ng Komunikasyon ng Magkakaibang Kultura sa Lumang Tipan

Ang tipan ng Diyos kay Abraham ay nagpakita na ang ebanghelyo ay lalaganap sa buong mundo. "Ang lahat ng tao sa mundo" ay pagpapalain sa pamamagitan ng binhi ni Abraham.[141] Ito ay pagtanaw sa hinaharap kung saan ang komunikasyon ng magkakaibang kultura ay magiging mahalaga.

Kabilang sa mga halimbawa ng pakikipagugnayan ng bayan ng Diyos sa ibang kultura ay:

- Nakamit ni Abraham at ni Jose ang respeto ng Ehiptiong Faraon.

[141] Genesis 12:1-3.

- Masayang tinanggap ni Solomon ang mga banyagang panauhin mula sa sinaunang mundo. Maraming mga iskolar ang nakakita ng pagkakatulad sa pagitan ng Kawikaan 22:17-24:22 at ng isang koleksyon ng mga kawikaan sa Ehipto na may pamagat na *The Instruction of Amenemope.* Ito ay nagpapahiwatig na si Solomon ay pamilyar sa kultura ng mga taga-Ehipto.
- Si Daniel ay naging iginagalang na tagapayo sa mga tagapangunang taga Babilonia at Persia. Ipinapakita ng Daniel 1 na si Daniel ay isang kabataang lalaki na may malakas na pagpapasiya ("At ipinasiya ni Daniel na hindi nya dudumihan ang kanyang sarili sa pagkain ng hari, o uminom ng alak na kanyang iniinom"); subali't iginalang pa rin niya ang mga tagapangunang taga-Babilonia ("humingi siya ng pahintulot sa tagapanguna ng mga eunoko na hayaan siyang huwag dumihan ang sarili"). [142]
- Ang isang kabataang babaeng Hudyo, si Ester, ay naging reyna ni Haring Asuero. Sa kaniyang kakayahan na pagsamahin ang lakas ng loob na lumapit sa hari ("…kung ako'y mamamatay, ako'y mamamatay") at ang kahilingan ayon para sa kulturang Persiano (pag-aanyaya sa hari sa hapunan sa halip na ihayag ang kanyang kahilingan nang walang paghahanda), ginamit siya ng Diyos upang iligtas ang kanyang mga kababayan.[143]

**Mga Halimbawa ng Komunikasyon nng Magkakaibang Kultura sa Bagong Tipan**

Naging mas mahalaga ang komunikasyong cross-cultural dahil sa Dakilang Pagsusugo ni Hesus

> "Kaya't humayo kayo at gawin ninyong mga alagad ko ang lahat ng mga bansa, bautismuhan sila sa pangalan ng Ama, at ng Anak at ng Banal na Espiritu, at turuan silang tuparin ang lahat ng iniuutos ko."[144]

Sinabi ni Hesus na ang mga alagad ay "magiging mga saksi ko sa Jerusalem at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa dulo ng mundo."[145] Ang paghayong ito ay hindi matutupad malibang tayo'y handa at may kakayahang makipag-usap sa mga taong hindi natin katulad sa kulturang pinagmulan.

Si Hesus ay nagbigay ng modelo ng komunikasyon ng magkakaibang kultura. Siya ay sang-ayon at may kakayahang magministeryo. Payag siyang magministeryo sa mga Hentil. Habang ang ibang tagapagturo ay umiiwas sa mga rehiyon ng mga Hentil, si Hesus ay kusang-loob na naglakbay sa Decapolis. Habang ang iba'y umiiwas sa Samaria, kusang-loob na kinatagpo niya ang babaeng Samaritana.[146]

---

[142] Daniel 1:8.
[143] Ester 4:16.
[144] Mateo 28:19-20.
[145] Mga Gawa 1:8.
[146] Juan 4.

Si Apostol Pablo ay nagbigay din ng isang magandang halimbawa ng komunikasyon ng magkakaibang kultura. Nang magsalita siya sa isang opisyal na Romano, inangkin niya ang karapatan ng pagkamamamamayang Romano.[147] Habang nangangaral sa Athenas, ginamit niya ang wika ng pangangatwiran kung saan kilala ang mga Griegong palaisip na ito.[148]

Pinagsumikapang mabuti ni Pablo na maibahagi ang ebanghelyo sa lahat ng tao. Mahalaga kay Pablo ang komunikasyon ng magkakaibang kultura dahil ang ebanghelyo ay mahalaga kay Pablo.

> "Ako'y nakibagay sa lahat ng tao upang ang ilan man lamang ay mailigtas ko, kahit sa anong paraan. Ginagawa ko ang lahat ng ito alang-alang sa Mabuting Balitam upang makabahagi ako sa mga pagpapala nito."[149]

## Mga Praktikal na Pagsasa-alang-alang sa Komunikasyon sa Magkaibang Kultura

### Makinig Bago Magsalita

Isinulat ni Santiago na tayo'y dapat "mabilis sa pakikinig, mabagal sa pagsasalita."[150] Sumusulat ang apostol tungkol sa pagkagalit, at sa dila, subali't ang kanyang payo ay mabuti sa komunikasyon sa magkaibang kultura. Mas lalo tayong nakikinig, mas lalo tayong natututo.

Tila simple lamang itong pakinggan, subali't dahil kailangan nating makinig nang matagal, ang mtagumpay na komunikasyon sa magkaibang kultura ay nangangailangan din ng matagal na oras. Walang maipapalit sa oras. Ang pinakamabubuting cross-cultural na tagapagugnay ay iyong mga nag-uukol ng mahabang oras sa ibang kultura.

Ang ating mundo ngayon ay "pangmadalihang pagkain" na mundo. Gumagamit tayo ng de kuryenteng lutuan upang mabilis na makapagluto. Bumubuli tayo sa McDonalds at nagrereklamo kapag mabagal ang kanilang serbisyo. Sa maraming lugar, maaari nating itawag ang ating gusting kainin na pizza at ihahatid iyon sa iyong pintuan sa loob lamang ng 30 minuto! Nagpapadala tayo ng e-mail sa kabilang panig ng mundo sa loob lamang ng ilang segundo. Hindi tayo nasanay sa paghihintay! Ang komunikasyon sa magkakaibang kultura ay nangangailangan ng mahabang oras; kinakailangan mong huminto at makinig sa iba.

Maraming pagkakataon, tayo ay mabagal sa pakikinig at mabilis sa pagsasalita. Sobra tayong magsalita at kaunti lamang ang pagmamasid sa iba. Kung nais nating maunawaan ang iba, dapat tayong makinig. Ito ay totoo maging tayo'y naglalakbay sa ibang bansa, nag-eebanghelyo sa katabing pamayanan, nagtuturo sa ibang grupo o edad, o kahit ang

[147] Mga Gawa 25:10-11.
[148] Mga Gawa 17:16-34.
[149] 1 Cor. 9:22-23.
[150] Santiago 1:19.

pagbisita sa loob ng ating sariling mga pamilya. Talagang madalas, nabibigo tayong makinig bago tayo magsalita.

Si Duane Elmer, isang misyonero at propesor ng pag-aaral sa magkakaibang kultura ang nagsabi, "Hindi ka maaaring magsilbi sa isang tao na hindi mo naiintindihan. Kapag nagsikap kang maglingkod sa mga tao nang hindi sila nauunawaan, malamang sa ikaw ay tingnan bilang isang matulunging manlulupig."[151] Ang ibig sabihin, maging ang iyong pagsisikap na tumulong ay maaaring magkaroon ng masamang epekto at hindi nila maauunawaan. Sa pagnanais mong makatulong, makakasama ka pa! Bakit? Dahil nabigo kang mag-ukol ng oras upang unawain muna ang taong nais mong tulungan.

Noong si John Seamands ay isang misyonerong ebanghelista sa India, matutuhan niya ang kahalagahan ng pakikinig. Kapag siya'y bumisita sa isang pamayanan at magsimulang mangaral, bahagya lamang makikinig ang mga tao at magtataka, "Sino ba ang dayuhang ito? Bakit siya nagsasalita sa atin?"

Subali't, kung mag-uukol si Rev. Seamands ng kahit isang araw sa pagbisita sa mga tagapanguna sa pamayanan, bumibisita sa mga local na paaralan, at nagtatanong, higit na naiiba ang naging pagtanggap sa kanya. Ngayon hindi na siya isang dayuhan; siya ay isang bisita. Ngayon nalalaman na niya ang kanilang mga pangangailangan at mga katanungan.[152]

### Maging Maingat sa Pagpapatawa

Mahirap ang pagpapatawa sa magkakaibang kultura. Mahalaga ang pagpapatawa sa mga tagapagsalita, subali't maraming mga biro ang nakadipende sa kultura. Ang isang bagay na nakakatawa sa Tsina ay hindi nakakatawa sa Florida. Ang nakakatawa sa Indiana ay seryosong bagay sa India. Kapag gumagamit ka ng pagpapatawa, ipagtanong mo kung ang kwentong ginagamit mo ay angkop sa bagong kultura. Maraming mga pulitiko ang nakasakit ng damdamin ng kanilang tagapanood sa paggamit ng katatawanan na hindi naaangkop sa ibang kultura.

### Magkuwento

Maraming mga kuwento ang tumatawid sa kultural na mga hadlang. Ang mga kuwentong naglalarawan ng mga kilos at damdamin ng mga tao ay mabuting gamitin sa magkakaibang kultura. Gayunman, kapag ang kuwento ay naglalaman ng sobrang daming kultural na sangkap, hindi ito masyadong magiging katanggap-tanggap. Muli, makatutulong ng malaki kung makikipag-usap ka muna sa isang taong nagmula sa kulturang nais mo. Itanong mo, "Ano ang ibig sabihin ng kuwentong ito kapag narinig mo?"

---

[151] Duane Elmer, *Cross-Cultural Servanthood: Serving the World in Christlike Humility* (IL: Intervarsity Books, 2009), Kindle location 148.

[152] John T. Seamands, *Tell It Well: Communicating the Gospel Across Cultures* (Kansas City: Beacon Hill Press, 1981), 97.

Nagtuturo ako ng isang kurso sa kolehiyo sa Kasaysayan ng Musika. Sa kursong iyon, madalas kong ginagamit na halimbawa si Beethoven. Bagaman si Beethoven ay isang dakilang manunulat ng musika, hindi siya isang dakilang tao. Siya ay magagalitin at madalas na nakakasakit ng damdamin ng maraming tao. Tinatawag siya ng kaniyang mga kaibigan ng "ang Dragon" dahil napakahirap niyang pakisamahan. Para sa isang galing sa Kanluran, ang isang dragon ay "isang halimaw na bumubuga ng apoy."

Minsan, nagturo ako tungkol kay Beethoven sa Tsina. Nang tawagin ko si Beethoven na "ang Dragon", naguluhan ang aking mga mag-aaral. Sa Tsina, ang dragon ay isang simbolo ng mabuting kapalaran. Nagtaka sila, "Bakit ang taong ito na sobrang magagalitin ay binigyan ng ganoon kadakilang pangalan?" Kinailangan kong baguhin ang aking kuwento upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral na taga-Silangan ang aking mensahe.

**Maging Sensitibo sa Kultura**

Ang mabubuting komunikador ay gumagamit ng maraming paglalarawan at mga tayutay sa kanilang komunikasyon. Gayunman, ang mga paglalalrawang ito ay dapat naaangkop sa kultura. Walang kabuluhan kung gagamit ka ng isang paglalarawan tungkol sa mga kompyuter sa grupo ng mga taong ni hindi pa nakakikita ng kompyuter.

Si Dating Presidente Bill Clinton ay magaling sa komunikasyon sa magkakaibang kultura. Minsan ikinuwento niya ang Mabuting Samaritano sa isang grupo ng mga Kristiyano at mga Muslim. Sinabi niya, "May isang lalaking nahulog sa kamay ng mga nasasandatang magnanakaw. Dumating ang isang pari. Siya ay isang tagapanguna sa relihiyon. Sumunod na dumating ang isang lalaking galing sa isang kilalang tribo. Sa huli, isang lalaki mula sa kaaway na tribo ang dumating at nakita ang sugatang biktima." Ipinapaliwanag ni Presidente Clinton ang kuwento sa paraang nauunawaan at naaangkop sa kultura.

Dapat mong maunawaan na may mga salitang Ingles na mayroong ibang kahulugan sa ibang bahagi ng mundo. Kung naglalakbay ka mula sa Amerika patungo sa Ingglatera at hanapin mo ang "restroom", dadalhin ka nila sa tinatawag ng mga Amerikano na "breakroom" (isang lugar kung saan nagpapahinga ang mga manggagawa mula sa trabaho). Subali't, kung ang isang taga-Ingglatera ay bibisita sa Estados Unidos at nagnanais ng sandaling pahinga, hahanapin niya, "Saan ang restroom?" Tunay na magugulat siya kung ihahatid siya sa toilet (banyo)!

Mahalaga rin ang galaw ng katawan. Sa Amerika, maaari kang kumaway gamit ang nakabukas na palad upang ipakita ang pakikipagkaibigan; sa Nigeria ang gayung kilos ay isang sumpa para sa kanila. Sa Amerika, maaari kang gumamit ng isang daliri upang palapitin ang isang tao; sa Tsina, ang kilos na iyon ay sa aso lamang ginagamit.

Ang distansiya sa pagitan ng mga tao ay nagkakaiba-iba sa iba't-ibang kultura. Mayroong gusto ay maging malapit; ang iba naman ay magkaroon ng kaunting pagitan. Maging ang

lakas ng boses ay mahalaga. Ang mga Amerikano ay madalas malalakas ang boses at maiingay. Ang ganoong paraan ng pagsasalita ay inaaring bastos sa ibang kultura.

Madaling sabihin na, "Hindi mahalaga ang mga bagay na iyon; mga pangkulturang kaugalian lamang ang mga iyon." Gayunman, dapat nating iwasan ang anumang magpapahirap sa atin upang maibahagi ang ebanghelyo. Ito ang dahilan kung bakit mahalaga na matutuhan natin ang mga kaugaliang pangkultura ng mga taong nais nating pagministeryuhan.

### *Isang Aral Mula sa Unggoy*

Nakita ng isang unggoy ang isang isda na lumalangoy sa ilog. Naisip ng unggoy, "Kawawa naman ang isdang iyon. Kailangan niya ng aking tulong! Komportable ako dito at ligtas sa tuyong lupa, samantalang siya'y nananatili sa tubig! Ako'y isang mabait na unggoy; tutulungan ko ang isda."

Ang unggoy ay umakyat sa isang puno na nakayunggong sa may ilog. Kumapit siya sa isang sanga, bagaman ito'y mapanganib para sa kanya. Dumukwang siya sa tubig at hinango ang isda mula sa tubig. Bumaba ang unggoy mula sa puno at maingat na inilagay ang isda sa tuyong lupa. Sa loob ng ilang minuto, tila masiglang pumupusag ang isda, subali't makalipas ang ilang sandali tumahimik na ito. Masayang umalis ang unggoy; sa isip niya nakatulong siya sa iba.

Nais ng unggoy na tumulong, subali't sa halip ay napatay niya ang isda. Bakit? Dahil hindi niya nauunawaan ang kultura ng isda. Ginawa niya kung ano ang nasa isip niya na mabuting gawin. Hindi sapat ang mabuting intensiyon lamang; dapat tayong makinig sa mga pinaglilingkuran natin.[153]

### Maging Mapagmahal at Magalang sa Iba

Marahil ang pinakamahalagang payo na matututuhan natin para sa komunikasyon sa magkakaibang kultura ay ibinigay 2,000 taon na ang nakalilipas: "Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili."[154] Upang ilapat ang prinsipyong iyon sa praktikal na paraan, sinabi ni Hesus, "Kaya't gawin ninyo sa inyong kapwa ang ibig ninyong gawin nila sa inyo. Ito ang kahulugan ng Kautusan ni Moises at ng turo ng mga Propeta."[155]

Isa sa pinakasimpleng prinsipyo para sa komunikasyon ay ang pagtatanong ng, "Ano ang gusto kong sabihin ng taong ito sa akin? Gusto ko bang magbiro sila ng ganoon tungkol sa akin? Gusto ko bang ganito ang tono ng boses nila kapag nakikipag-usap sa akin? Nagpapakita ba ako ng pagmamahal sa aking kapwa?"

---

[153] Hinango kay Duane Elmer, *Cross-Cultural Servanthood: Serving the World in Christlike Humility (*IL: Intervarsity Books, 2009), Kindle edition location 214.
[154] Mateo 22:39.
[155] Mateo 7:12.

Madalas nagkakamali tayo sa pag-iisip na ang ating kultura ay mas mabuti kaysa sa kultura ng ibang tao. Dapat nating matutuhan na ang ating kultura ay hindi "mas mabuti"; ito ay "naiiba." Kapag natutuhan nating igalang ang iba, malaki ang maitutulong nito upang mapabuti ang inyong kakayahang makipagkomunikasyon.

Sa edad na 60, si JR ay nahilingang magpastor sa isang iglesya sa Taiwan. Hindi pa siya kailanman nakakalabas sa U.S. Sa loob ng 40 taon, nagpastor siya sa maliliit na iglesya sa mga rural na komunidad sa Amerika; ang Kaohsiung ay isang pangunahing lunsod. Hindi nakapagsasalita si JR ng ibang wika; ang iglesya ay nagsasalita ng Mandarin. Sa pamantayan ng layuninn, mabibigo si JR sa komunikasyon sa magkakaibang kultura.

Mayroon lamang isang positibong puntos si JR sa kanyang komunikasyon sa magkakaibang kultura; mahal niya ang mga tao! Nanatili si JR sa Kaohsiung sa loob ng dalawang taon. Hindi siya natuto ng Mandarin, subali't gumugol siya ng maraming oras kasama ng mga tagapagsalin sa wika upang tiyakin na ang kanyang mensahe ay malinaw na nakakarating sa kabila ng pagkakaiba sa kultura. Pumupunta ang mga tao sa kanilang iglesya hindi dahil isang malakas at mahusay na tagapagsalita si JR, kundi dahil sinasalubong sila ni JR sa daan, ngumingiti, at nakikinig habang sila'y nagsisipag-usap.

Makalipas ang dalawang taon, bumisita ako sa Kaohsiung. Habang naglalakad ako sa komunidad, isang may-ari ng tindahan ang kumaway sa akin. Sa Chinese, sinabi niya, "Kilala mo ba si Pastor JR?" "Opo. Bakit po ninyo itinatanong?" "Mahal ko si Pastor JR." "Kristiyano ka ba?" "Hindi, ako ay isang Buddhist. Subali't kung ako'y magiging isang Kristiyano, pupunta ako sa sambahan ni Pastor JR." "Bakit" "Minahal niya ako! Araw-araw pumupunta siya rito at dinadalaw ang aking tindahan. Maraming oras kaming nag-usap tungkol sa maraming bagay." Umalis ako sa tindahang iyon nang may pagkamangha. Hindi maaaring "makipag-usap ng maraming oras" si JR sa isang taong hindi marunong ng Igles. Subali't nagpakita siya ng pagmamahal sa isang Buddhist na may-ari ng tindahan.

Hindi ibig sabihin ng kuwentong ito na hindi mahalaga na mag-aral ng ibang wika. Hindi nito inaalis ang pronsipyong itinuro sa araling ito. Ang kwentong ito ay simpleng nangangahulugan na "Mahalin ninyo ang inyong kapwa." Magagamit ng Diyos ang ating limitadong mga kakayahan para sa kanyang kaluwalhatian.

## Isang Modelo para sa Komunikasyon sa Magkakaibang Kultura at Paglilingkod[156]


Isinulat ni Duane Elmer na ang paglilingkod sa iba ay nangangailangan ng pag-unawas, pagkatuto, pagtitiwala, pagtanggap, at pagiging bukas. Ginamit ni Dr. Elmer ang modelong ito upang magturo tungkol sa paglilingkod sa magkakaibang kultura. Ito ay kasinghalaga rin ng komunikasyon sa magkakaibang kultura.

Ang epektibong komunikasyon ay nangangailangan ng:

---

[156] Adapted from Duane Elmer, *Cross-Cultural Servanthood: Serving the World in Christlike Humility (*IL: Intervarsity Books, 2009), Kindle location 303-318.

- *Pag-unawa.* Ang pag-unawa ay hindi mangyayari kung walang…
- *Pagkatuto.* Hindi ka maaaring matuto mula sa ibang tao hangga't walang…
- *Pagtitiwala.* Upang magkaroon ng tiwala, dapat malaman ng ibang tao na pinahahalagahan mo sila bilang mga tao. Dapat mayroong…
- *Pagtanggap.* Upang makapagkomunikasyon ng pagtanggap, dapat mong ipakita na…
- *Pagiging bukas.* Ang pagiging bukas ay ang kagustuhang tanggapin ang mga tao sa iyong presensiya at magkaroon sila ng pakiramdam na sila ay ligtas.




## Pagiging Mas Mabuting Tagapakinig

► Talakayin ang isang pagkakaton na ikaw ay nakipag-usap sa isang mabuting tagapakinig. Anong mga katangian ang taglay nila kaya't madaling makipag-usap sa kanila? Talakayin  ang isang pagkakataon na nakipag-usap ka sa isang <u>hindi</u> mabuting tagapakinig. Anong mga katangian nila ang nagpahirap sa iyong kausapin sila? Ikaw ba ay mabuting tagapakinig?

Dahil ang pakikinig ay lubhang mahalaga sa epektibong komunikasyon, dapat din tayong maging seryoso tungkol sa pagpapabuti sa ating kakayahang makinig katulad ng pagnanais nating mapabuti ang ating pagsasalita at pagsusulat. Ang pinakamatalinong tao na nabuhay ay nagbabala na isang kahangalan at kahihiyan ang sumagot bago makinig.[157]

Ikinuwento ni John Seamands ang tungkol sa isang misyonerong Kristiyano sa Sri Lanka na binisita ng isang paring Buddhist. Pumunta doon ang paring Buddhist upang humiram ng mga libro tungkol sa Kristiyanismo. Nagtanong ang Kristiyanong misyonero, "Interesado ka ba sa Kristiyanismo?" Sumagot ang paring Buddhist, "Hindi, hindi ako

[157] Kawikaan 18:13.

interesdo, subali't sinasanay ko ang mga batang monghe na hahayo bilang mga misyonerong Buddhist sa Kanluran. Sa palagay ko kailangan nilang matutuhan ang tungkol sa relihiyon ng mga tagaroon bago sila humayo."[158]

Alam ng paring Buddhist na ito na kailangan niyang tulungan ang kaniyang mga mag-aaral na maunawaan ang relihiyon ng mga taong kanilang "eebanghelyuhan". Mas lalong higit na mahalaga para sa mga Kristiyano na maunawaan ang mga katuruan ng mga taong dinadalhan natin ng tunay na ebanghelyo!

Sa bahaging ito, matututuhan natin ang ilang mungkahi para sa mas mabuting pakikinig. Ito ay para sa komunikasyon sa magkakaibang kultura, gayun din sa alinmang klase ng komunikasyon.

Mayroong pagkakaiba sa pagitan ng "naririnig" at "pakikinig". Halimbawa, maaari mong marinig ang isang tao na nagsasalita ng ibang wika nang hindi nauunawaan ang alinman sa mga salita. "Naririnig" mo, subali't hindi mo nauunawaan. Ang Lausanne Willowbank report ng mga Kristiyanong mga lider mula sa buong mundo ay nananawagan sa mga ebanghelista, mga misyonero, mga pastor at mga tagapangunang Kristiyano upang "sensitibong makinig upang maunawaan."[159].

**(1) Alisin ang mga nakakaabala sa atensiyon.**

Nabubuhay tayo sa isang mundong puno ng mga nakakaabala sa ating atensyon. Humahati sa ating atensiyon ang telebisyon, radio, internet, selpon, text messages, at iba pang mga kasangkapan. Kung talagang nais natin pakinggan ang isang tao, dapat nating isara ang ibang nakakaabala sa ating atensiyon at ituon sa kanila ang ating atensiyon.

Minsan bumisita ako sa isang lalaki na malimit inihihinto ang pakikipag-usap upang sagutin ang tawag sa kanyang telepono. Sa bawat pagkakataon, sinasabi niya, "Ang pakikipag-usap sa iyo ay higit na mas mahalaga sa akin kaysa pagsagot sa telepono, subali't paumanhinan mo ako sumandali habang sinasagot ko ang isang tawag na ito." Sa loob ng isang oras, sumagot siya sa pitong tawag sa telepono. Sinasabi niya, "ikaw ay mas mahalaga"; subali't ang kanyang mga kilos ay nagsasabing, "Mas mahalaga ang selpon para sa akin."

Ang tunay na pakikinig ay nangangailangan na ituon natin ang ating atensiyon sa ating kausap. Maraming mga bagay ang nakapipigil sa atin na tunay na pakikinig:

- Pag-iisip tungkol sa ibang bagay ("Ano ba ang susunod kong gagawin sa aking listahan ng gawain?")
- Pagsisikap na mapahanga ang iyong kausap ("Sana makumbinsi ko sila na tama ako".)

[158] John T. Seamands, *Tell It Well: Communicating the Gospel across Cultures* (Kansas City: Beacon Hill Press, 1981), 17.
[159] Willowbank Report. "Gospel and Culture" (Lausanne Committee for World Evangelization, 1978), 15.

- Pagpaplano sa iyong sasabihin kapag sila'y tumigil sa pagsasalita.

Ang tunay na pakikinig ay nangangahulugan na isasaisantabi ang lahat ng bagay at itutuon ang atensiyon sa iyong kausap na nagsasalita.

Noong bata pa ako, sinusubukan kong kausapin ang aking ama habang siya'y nagbabasa ng diyaryo. Sumasagot siya sa tamang pagkakataon. Natitiyak ko na iniisip niya, nakikinig siya, subali't hindi siya tunay na nakikinig. Minsan nagkuwento ako ng isang magulong kuwento habang siya'y nagpapatuloy sa pagbabasa ng kanyang diyaryo. Patuloy sya sa pagsasabi, "Oo, maganda yun", at hindi niya napagtanto na ang aking buong kuwento ay gawa-gawa ko lamang.

**(2) Mahalaga ang wika ng katawan**.

Isang mahalagang aspeto ng komunikasyon ay ang wika ng katawan. Hindi sapat na nakikinig lamang, dapat *malaman* ng kausap mo na ikaw ay nakikinig.

Umupo kayo sa isang lugar na komportable at kung saan matitingnan mo sila sa mata. Madalas, nakakatulong na iwan mo muna ang iyong mesa, at umupo sa isang "pantay" na posisyon kapag nakikipag-usap sa isang miyembro ng iglesya, isang taong nasa ilalim ng iyong awtoridad, o may isang taong humihingi ng payo. Madalas nag-aatubili ang isang tao na magsabi nang matapat sa taong nakaupo sa kanilang mesa. Upang maging mas mahusay na paguusap, gawin mo ang iyong makakaya upang palakasin ang loob ng iba at magrelaks at makipag-usap nang mas madali.

**(3) Gumawa ng talaan**.

Depende sa sitwasyon, ang pagkuha ng mga tala ay maaaring magpahayag na ikaw ay isang mabuting tagapakinig. Sa isang pormal na sitwasyon, tulad ng isang silid-aralan o miting ng board, ang pagsulat ng listahan ay magiging mabuting talaan ng iyong mga narinig. Sa pribadong usapan o sesyon sa pagpapayo, marahil kinakailangan mong humingi ng pahintulot mula sa iyong kausap. Simple mo lang sasabihin na, "Maaari ba akong kumuha ng listahan upang makatulong sa akin na mas magtuon ng aking isip."

## Konklusyon

Kapag ikaw ay isang nagtitinda, nanaisin mong maunawaang mabuti ang iyong mga mamimili. Nais mong tiyakin na hindi mo mahahadlangan ang iyong mga benta dahil lamang nabigo kang malinaw na makipagugnayan sa kanila.

Bilang isang ministro o tagapangunang Kristiyano, hindi mo "ibinibenta" ang ebanghelyo, subalit ibinabahagi mo ang mabuting balita ng kaligtasan. Ang komunikasyon ay higit pang mas mahalaga sa isang ministro kaysa sa isang ordinaryong negosyante. Tulad ni Pablo, nais mong gawin ang lahat ng maaaring gawin upang mailapit ang ibang tao kay Cristo. Ang pag-uukol ng oras upang unawain ang iyong mga tagapakinig ay magbibigay sa iyo ng mas epektibong ministeryo.

## Mga Takdang Aralin

(1) Kumuha ng pagsusulit sa araling ito.

(2) Humanap ka ng isang lugar kung saan maaari kang makipagkuwentuhan sa isang mula sa ibang kultura. Ito'y maaaring sa isang restawrant, sa iglesya, o sa isang organisasyon sa komunidad. Sa iyong unang pagbisita, huwag mong sikaping mag-ebanghelyo. Sa halip, makinig ka at matuto. Magtanong ka sa kanya, maging palakaibigan, at magpakita ka ng pagmamahal. Pagkatapos ng iyong pagbisita, ibahagi ang iyong karanasan sa inyong klase. Ano ang iyong natutuhan sa pag-uukol ng oras kasama ng mga tao mula sa ibang kultura?

## Mga Tanong sa Pagsusulit sa Aralin 9

(1) Maglista ng dalawang halimbawa ng komunikasyon sa magkakaibang kultura mula sa Lumang Tipan.

(2) Paano naging mas mahalaga ang komunikasyong cross-cultural dahil sa pagsusugo ni Hesus sa Mateo 28?

(3) Maglista ng limang praktikal na pagsasa-alang-alang para sa komunikasyon sa magkakaibang kultura na natutuhan mula sa araling ito.

(4) Bakit mahirap ang pagpapatawa sa komunikasyon sa magkakaibang kultura?

(5) Ayon kay Hesus, ano ang nakatutulong sa lahat ng komunikasyon sa magkakaibang kultura?

(6) Ayon kay Dr. Elmer, ano ang limang sangkap na kinakailangan para sa isang epektibong lingkod o komunikador?

(7) Maglista ng tatlong praktikal na hakbang upang maging mas mabuting tagapakinig.

# Aralin 10
# Pangangarala na Binasbasan ng Espiritu

## Mga Layunin ng Aralin

Pagkatapos ng aralin, ang mag-aaral ay dapat:
(1) Pahalagahan ang kahalagahan ng pagpapahid ng langis ng Espiritu sa pangangaral.
(2) Malaman ang kahalagahan ng personal na paghahanda para sa pangangaral.
(3) Maunawaan ang tungkulin ng Banal na Espiritu sa paghahanda ng tagapagturo at ng mga tagapakinig.
(4) Maging handang magbayad ng presyo para sa anointing sa ministeryo.

## Pasimula

Sa kursong ito, napag-aralan natin ang sining ng komunikasyon.[160] Natutuhan natin kung paano maghanda ng sermon, mga pamamaraan para sa epektibong pagtuturo at relasyong pantao, at mga kakayahan para sa komunikasyon sa magkakaibang kultura at mas mabuting pakikinig. Ang lahat ng mga pamamaraang ito ay mahalaga para sa isang manggagawang Kristiyano. Bilang ministrong Kristiyano, tagapagturo, o tagapanguna, dapat nating gawin ang lahat ng ating magagawa upang epektibong pakikipagugnayan.

Gayunman, matapos nating magawa ang lahat ng ating makakaya, tayo'y umaasa sa Banal na Espiritu para sa espirtuwal na pambabasbas. Sa huling araling ito, pag-aaralan natin ang tungkulin ng Banal na Espiritu sa pangangaral. Magtutuon tayo sa pangangaral, subali't ang mga prinsipyong ito ay magagamit rin sa pagtuturo at iba pang klase ng komunikasyong Kristiyano.

## Dapat Ihanda ng Tagapangaral ang Kanyang Sarili

Bilang isang ministro, marami kang iba't-ibang tungkulin, subali't walang mas mahalaga sa mga ito kaysa sa iyong pagkatawag upng mangaral. Sa pamamagitan ng pangangaral, nagsasalita ang Diyos sa mga tao na inilagay niya sa iyong pangangalaga. Dahil napakahalaga ng ministeryo ng pangangaral, gagawin ni Satanas ang lahat niyang magagawa upang ilayo ka sa epektibong paghahanda. Kung nais mong maging epektibo sa pagtupad sa iyong pagkatawag na mangaral, dapat kang mag-ukol ng sapat na oras sa

**Ano ang Kapangyarihan sa Pangangaral?**

"Ang Diyos na nagbibigay ng kapangyarihan sa tagapangaral (upang) ang mangangaral (upang) ang mangangaral ay magiging daluyan/ channel na sa pamamagitan Niya ay makakikilos ang Banal na Espiritu."
-Adapted from
Martyn Lloyd-Jones

[160] Karamihan sa mga materyal sa leksiyong ito ay ibinahagi ni Richard G. Hutchison, Dean of Academic Affairs & Spiritual Life sa Bible Methodist Shepherd's College sa Villasis, Pangasinan, Pilipinas.

paghahanda. Ang paghahanda ng sarili ng tagapangaral ay higit na mas mahalaga kaysa sa paghahanda ng sermon.

**Dapat Ihanda ng Tagapangaral Ang Kanyang Sarili sa Pamamagitan ng Pribadong Pananalangin**

Para sa epektibong pangangaral at pagtuturo, dapat nating maunawaan na bago tayo **magsalita sa publiko sa mga tao**, dapat tayong makipag-usap **nang pribado sa Diyos**. Ang kapangyarihan sa pangangaral ay nagmumula sa paghirang ng Banal na Espiritu. Ang ating paghahanda sa pangangaral ay dapat kalakip ng oras kasama ng Diyos.

Si Hesus ang dakilang halimbawa ng katotohanang ito. Ang mga ebanghelyo ay nagrereport na si Hesus ay paulit-ulit na nag-ukol ng mga oras sa gabi sa pananalangin. Bago ang isang mahalagang pagpapasya, iniukol ni Hesus ang gabi sa pananalangin.[161] Kung ang walang kasalanang Anak ng Diyos, na namuhay nang kaisa ng kanyang Ama, umasa sa pananalangin, mas lalong higit na kinakailangan natin ang pananalangin upang maging epektibo sa ministeryo!

Sa pamamagitan ng pananalangin, "isinusuot natin ang buong baluti ng Diyos."[162] Sa pamamagitan ng pananalangin, tayo ay nabibigyang kakayahan para sa epektibong ministeryo. Dapat maging bahagi ang mataimtim na panalangin sa ating paghahanda sa ministeryo.

**Dapat Ihanda ng Tagapangaral ang Kanyang Sarili sa Pamamagitan ng Personal na Integridad**.

► Basahin ang 1 Timothy 6. Ano ang itinuturo ng kabanatang ito tungkol sa karakter ng pastor?

Hindi binabasbasan ng Diyos ang programa o ang mga plano; binabasbasan Niya ang mga tao. Sa kabuuan ng Kasulatan, nakikita natin ang paghirang ng Diyos sa mga taong nakahanda ang puso para sa paglilingkod. Nagsalita si Haggai sa mga taong nagsisikap na gawin ang gawain ng Diyos subali't hindi namumuhay nang may pagsunod sa batas ng Diyos. Sinabi ng Diyos, "Ang inihahandog nila doon ay marumi."[163] Ang pangangaral na kinasihan ng Espiritu ay dumarating sa pamamagitan ng mga mangangaral na tumatangging ikompromiso ang kanilang integridad.

Ang ministeryo ng maraming tagapangaral ay natapos sa iskandalo dahil sa pagkawala ng personal na integridad. Ang mga pinansiyal at seksuwal na eskandalo ang tumapos sa ministeryo ng mga kilalang pastor at ebanghelista. Ang ibang ministro at tagapanguna ay

[161] Lucas 6:12-13.
[162] Efeso 6:13.
[163] Ageo 2:14.

nakaiwas sa eskandalo sa publiko, subali't sila ay hindi naging epektibo sa ministeryo dahil sa nakatagong kasalanan.

Sumulat si Pablo kay Timoteo, isang batang pastor sa Efeso. Sinabi niya kay Timoteo na kailangan niyang panatilihin ang personal na integridad bilang isang ministro. Ang hamon ni Pablo kay Timoteo ay nagpapakita ng klase ng tao na dapat maging tayo upang maging epektibo sa ministeryo.

Sinabi ni Pablo kay Timoteo na siya'y dapat **tumaka:**

- Maling Katuruan
- Pagkamakasarili
- Kontrobersiya at pag-aaway
- Ang pag-ibig sa pera

Dapat nating takasan ang kasalanan at mga bagay na nakaaabala sa atin at nakahahadlang sa ministeryo. Hindi kinakasihan ng Espiritu ang mga mangangaral na hindi tapat sa katotohanan, ang motibasyon ay pansariling pagmamataas, palaaway at nagmamahal sa pera. Posible bang makamit ang tagumpay sa paningin ng mga tao habang nakahawak pa rin sa mga kasalanang ito? Oo. Posible bang magkaroon ng paghirang ng Banal na Espiritu habang nakahawak pa rin sa mga kasalanang ito? Hindi!

Sinabi ni Pablo kay Timoteo na dapat niyang **sundin** ang:

- Pagiging makatuwiran
- Pagiging maka-Diyos
- Pananampalataya
- Pagmamahal
- Hindi patitinag
- Kahinahunan

Dapat nating sundin ang mga panloob na katangian na nagbibigay kakayahan sa atin para sa ministeryo. Pansinin na ang mga katangian na inilista ni Pablo ay hindi pangunahing panlabas; ang mga ito ay katangian ng puso. Isa sa mga hamon sa personal na integridad ng ministro ay ang karaniwan nating pagtutuon ng pansin sa mga panlabas na kaanyuan sa halip na sa pangloob na mga katangian. "Dahil ang batayan ng PANGINOON ay hindi ang batayan ng tao; ang tao ay tumitingin sa panlabas na kaanyuan, subali't ang PANGINOON ay tumitingin sa puso."[164] Kung ninanais natin ang paghirang ng Espiritu, dapat nating hubugin ang pusong pagpapalain ng Diyos.

Sinabi ni Pablo kay Timoteo na dapat siyang **lumaban** para sa paananampalataya.

Ipinaalala ni Pablo sa mga taga-Corinto ang kahalagahan ng ebanghelyo. Ito ang ebanghelyong nagdadala sa atin ng kaligtasan.

[164] 1 Sam. 16:7.

“Ngayon ipinaaalala ko sa inyo, mga kapatid, ang Mabuting Balitang ipinangaral ko sa inyo. Iyan ang ebanghelyong inyong tinanggap, at naging saligan ng inyong pananampalataya. Sa pamamagitan nito kayo ay naligtas, kung nananangan kayo sa salitang ipinangaral ko sa inyo—maliban na lamang kung walang kabuluhan ang inyong pagsampalataya.”[165]

Nanawagan si Judas sa mga mangangaral upang “ipaglaban ang pananampalatayang ipinagkaloob minsan at magpakailanman sa mga banal.” [166] Hindi kailanman dapat hayaan ng ministro ang ibang mga usapin upang palitan ang pagiging sentro ng ebnghelyo sa kanyang pangangaral. Maging mga usaping pampulitika, usaping panlipunan, o kontrobersiya sa mga doktrina, si Satanas ay natutuwang ilayo ang tuon ng pangangaral ng mga mangangaral mula sa mensahe ng ebnghelyo. Bilang isang ministro, dapat mong ipaglaban ang pananampalataya. Ang ebanghelyo ang dapat maging sentro ng iyong pangangaral.

## Dapat Ihanda ng Banal na Espiritu ang Mangangaral

Bilang mga mangangaral, dapat nating gawin ang lahat ng magagawa upang paghandaan ang ministeryo. Gayunman, sa panghuli, tayo’y umaasa sa paghirang ng Banal na Espiritu para sa kapangyarihan sa pangangaral.

### Ang Banal na Espiritu ang Nagbibigay ng Liwanag sa Isipan ng Mangangaral

► Basahin ang mga sumusunod na talata. Ano ang itinuturo ng mga ito sa atin tungkol sa ating pag-unawa sa Kasulatan? Awit 119:18, 33; Efeso 1:16-18; 1 Corinto 2:9-16.

Ang Kaliwanagan ay ang pagbubukas ng Banal na Espiritu sa ating pag-unawa. Ito ay higit pa sa resulta ng ating pag-aaral ng teksto; ito ay gawa ng Diyos. Ang pagbibigay-liwanag ng Banal na Espiritu ay hindi ipinapalit sa pangangailangan ng maingat na pag-aral, subali’t ito’y *higit pa* sa maaari nating matagpuan sa pamamagitan ng pag-aaral lamang. Dapat ipanalangin ng bawat mangangaral ang kaliwanagang ito mula sa Banal na Espiritu!

### Ang Banal na Espiritu ay Nagbibigay ng Kapangyarihan sa Mensahe ng Mangangaral

Kung paanong binigyang halimbawa ni Hesus ang kahalagahan ng pananalangin sa paghahanda para sa pangangaral, binigyang halimbawa rin niya ang kahalagahan ng Banal na Espiritu sa ministeryo. Sa kanyang unang pangangaral, sinabi ni Hesus,

> “Sumasaakin ang Espiritu ng Panginoon, dahil hinirang niya ako upang ipahayag ang Mabuting Balita sa mga dukha.”[167]

[165] 1 Cor. 15:1-2.
[166] Jude 1:3.
[167] Luke 4:18.

Nalalaman ni Hesus na ang susi sa pagiging epektibo sa ministeryo ay ang paghirang ng Banal na Espiritu.

Isinugo ni Hesus ang kanyang mga alagad upang ipangaral ang ebanghelyo sa buong mundo. Gayunman, bago sila naging handa sa pangangaral, dapat nilang tanggapin ang paghirang ng Banal na Espiritu. Hindi isusugo ni Hesus ang kanyang mga saksi sa mundo hanggang hindi sila nabibigyang kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

> "Subali't tatanggapin ninyo ang kapangyarihan kapag dumating sa inyo ang Banal na Espiritu, at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig."[168]

Tanging sa pamamagitan ng pagbibigay-liwanag ng Espiritu kaya't maayos nating nabibigyang kahulugan ang Kasulatan. Pagkatapos, sa pamamagitan ng kapangyarihan lamang ng Espiritu na ang ating pangangaral o pagtuturo ay makakaabot sa puso ng ating mga tagapakinig. Sa pamamagitan ng Espiritu kaya't ang Salita ng Diyos ay "tumatagos maging sa kaibuturan ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at buto, at nakakaalam ng mga iniisip at binabalak ng puso."[169]

Nagbigay si Hesus ng kahanga-hangang pangako sa kanyang mga alagad. Bilang paghahanda sa kanila upang magpatotoo sa malupit na mga tagapakinig, nangako si Hesus, "Hindi kayo ang magsasalita, kundi ang Espiritu ng inyong Ama ang magsasalita sa pamamagitan ninyo."[170] Hindi ito nangangahulugan na hindi mahalaga ang pag-aaral at paghahanda. Hindi sinasabi sa atin ni Hesus na iwasan ang pag-aaral, subali't binibigyan niya tayo ng katiyakan na tayo'y magsasalita sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

Pinatotohanan ni Pablo ang kapangyarihang ito ng sabihin niya, "Sa aking pananalita at pangangaral ay hindi ko sinubukang hikayatin kayo sa pamamagitan ng mahuhusay na talumpati at karunungan ng tao, kundi sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu."[171] Matiyagang nag-aral si Pablo. Si Pablo ay isang matalinong iskolar, subali't nalalaman niya na ang tunay na kapangyarihan sa pangangaral ay nagmumula sa Espiritu, hindi sa mga pagsisikap ng mga tao.

Upang maging epektibong tagapagturo at mangangaral ng Salita ng Diyos, dapat tayong mag-aral upang maunawaan ang teksto. Dapat tayong manalangin upang hirangin ng Banal na Espiritu. Sagayun, makapagtitiwala tayo na ang Diyos ay magsasalita sa pamamagitan natin upang dalhin ang kanyang Salita sa kanyang bayan. Ito ang magbibigay ng tunay na kapangyarihan sa pangangaral.

---

[168] Mga Gawa 1:8.
[169] Heb. 4:12.
[170] Mateo 10:20.
[171] 1 Cor. 2:4.

## Dapat Ihanda ng Banal na Espirtu ang Tagapakinig

Hindi lamang inihahanda ng Diyos ang mangangaral, inihahanda rin niya ang tagapakinig upang tanggapin ang katotohanan. Bagaman kailangang ihanda ng mangangaral ang kanyang sarili sa ministeryo, maaari tayong magalak na inihahanda rin ng Banal na Espiritu ang mga tagapakinig para sa ministeryo. Kaapag tayo'y nangangaral o nagtuturo, hindi tayo nag-iisa, kasama natin ang Banal na Espiritu.

Ipinaalala ni Pablo sa mga taga-Tesalonica na ang epekto ng kanyang pangangaral ay hindi nakabatay sa kanyang sariling kahusayang magsalita kundi sa kapangyarihan ng Banal na Espirtu. "Sapagka't ang Mabuting Balitang lubos naming pinaniniwalaan ay ipinahayag namin sa inyo hindi lamang sa pamamagitan ng salita, kundi sa pamamagitan din ng kapangyarihan ng Espiritu Santo."[172] Kinuha ng Banal na Espiritu ang mga salita ng mga Apostol at inilagay ang mga ito sa puso ng mga taga-Tesalonica nang may kapangyarihan at lubos na paniniwala.

Hangga't hindi nabibigyang kapangyarihan ng Espiritu ang pangangaral, ang mga nakikinig ay magbibigay ng pagsang-ayon sa kaisipan nguni't ang kanilang mga puso ay mananatiling hindi nahihipo ng mensahe. Ang Espiritu ang nagpapamulat sa mga tagapakinig sa kanilang pangangailangan at nagbubunga ng malalim na pagtugon.

Ang katotohanang ito ay dapat maging malaking kalakasan ng loob sa bawat isa sa atin na nangangaral. Hindi tayo umaasa sa ating sariling husay sa pagsasalita at kakayahan; tayo'y nangangaral sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

Noong Hulyo 1741, nangaral si Jonathan Edwards ng sermon na may pamagat na "Mga Makasalanan sa Kamay ng Isang Galit na Diyos" sa isang iglesya sa Enfield, Connecticut. Ito ay sa panahon ng Dakilang Pagkagising, isa sa pinakamatinding pagbubuhos ng Espiritu ng Diyos sa kasaysayan ng Amerika. Ang apoy ng Diyos ay bumubuhos sa lahat ng kolonya.

Naipangaral na ni Edwards ang parehong sermon sa kanyang sariling kongregasyon at ito'y may kaunting epekto lamang, subali't naramdaman niya ang paggabay ng Diyos upang ipangaral ang sermong iyon sa Enfield. Hindi katangi-tanging mangangaral si Edwards. Binabasa niya ang kanyang mga sermon sa iisang tono ng boses. Hindi siya nagsasalita nang malakas o gumagamit ng anumang dramatikong pagkilos. Walang anuman sa kanyang istilo ng pangangaral ang hihikayat sa malaking pagtugon.

Gayuman, sa araw na iyon, ang Espiritu ng Diyos ay kumilos sa buong kongregasyon. Isang saksi ang sumulat, "Bago natapos ang sermon, isang malakas na hinaing at pag-iyak ang narinig sa buong Sambahayan…sumisigaw ang mga tao, "Ano ang aking gagawin upang maligtas?" "Naku! Mapupunta ako sa Impiyerno!" "Ano ang gagawin ko para kay

[172] 1 Tesalonica 1:5.

Cristo?" at mga katulad na salita. Napilitang tumigil sa kanyang mensahe ang mangangaral dahil sa nakagugulat na kapangyarihan ng Diyos na kanilang nakita."

Nag-aral si Edwards bilang paghahanda; nanalangin siya bilang paghahanda; pinanatili niya ang kanyang personal na integridad. Ang lahat ng ito ay mahalaga, subali't ang ultimong kapangyarihan ay nagmula sa Banal na Espiritu.

## Konklusyon: Ang Halaga ng Paghirang ng Banal na Espiritu

Kung ang paghirang ng Banal na Espiritu ay napakahalaga, bakit napakaraming mangangaral ang nakokontento na kahit wala ito? Marahil ang isang dahilan ay hindi sila sumasang-ayon na bayaran ang halaga ng paghirang.

> Ang paghirang ng Espiritu ay "dumarating sa mangangaral hindi sa silid-aralan, kundi sa silid ng panalangin."
> -E.M. Bounds

Nakita natin na ang paghirang ng Espiritu ay nagkakahalaga ng panalangin. Isinulat ni E.M.Bounds, "Panalangin, maraming panalangin, ang presyo ng paghirang sa pangangaral."[173]

Nakita natin na ang paghirang ng Espiritu ay nangangailangan ng personal na integridad. Hindi ibinubuhos ng Diyos ang Kanyang Espiritu sa mga taong tumatangging sumunod sa kanya.

Ang paghirang ng Espiritu ay nangangailangan ng mababang-loob at nagpapatuloy na pagdepende sa Diyos. Kung ang pakiramdam natin ay kaya nating mangaral sa ating sariling kapangyarihan, hahayaan tayo ng Diyos na gawin iyon. Kung tayo ay nangangaral para sa ating sariling kaluwalhatian, hindi natin matatanggap ang paghirang ng Espiritu. Sinabi ng Diyos, "Ang karangalan ko'y tanging akin lamang. Walang makahahati kahit na sinuman."[174] Ang kaluwalhatian ng Diyos ang dapat nating maging motibasyon sa paghanap sa paghirang ng Diyos, hindi ang ating sariling kaluwalhatian.

## Mga Takdang Aralin

(1) Kumuha ng pagsusulit sa araling ito.

(2) Gamit ang mga prinsipyong iyong natutuhan sa panahon ng kursong ito, mangaral sa loob ng 15-20 minutong sermon sa klase. Ang bawat miyembro ng klase ay magsasagot ng isang "talaan ng pagsusuri" na matatagpuan sa likod ng aklat ng kurso. Sa pamamagitan ng paghahambing ng mga pagsusuri ng iyong mga kamag-aral sa sermong ito sa kanilang pagsusuri sa iyong mga naunang sermon, maaari mong suriin ang iyong pagunlad sa iyong kakayahang makipagugnay nang epektibo.

---

[173] E.M. Bounds, *Power through Prayer.* "Unction" ay isa pang salitan para sa paghirang.
[174] Isa. 48:11.

**Mga Tanong sa Pagsusulit sa Aralin 10**

(1) Para sa hinirang na pangangaral, dapt ihanda ng tagapangaral ang kanyang sarili sa pamamagitan ng: ________________ ______________________ at ____________________ ________________.

(2) Sinabi ni Pablo kay Timoteo na dapat siyang makipaglaban para sa ____________.

(3) Ang Banal na Espiritu ay nagbibigay ng _____________________ sa kaisipan ng mangangaral at _______________ sa mensahe ng mangangaral.

(4) Ipaliwanag ang kaliwanagan.

(5) Ayon kay E.M. Bounds, ano ang presyo ng paghirang sa pangangaral?

# Apendiks

| Form sa Pagtatasa sa Pagsasalita | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Pangalan ng Tagapagsalita** ____________________ | | | | | |
| **Teksto sa Kasulatan:** ____________________ | | | | | |
| **Pamagat ng Sermon:** ____________________ | | | | | |
| **Petsa:** __________ | | | | | |
| **Oras ng Pagsisimula:** _____ **Oras na Natapos:** _____ | | | | | |
| Bilugan ang tamang iskor ("5" ay excellent at "1" ay sobrang mahina). Ilagay ang kabuuang puntos. | | | | | |
| **Paghahanda (Notes o Balangkas ng Sermon)** | | | | | |
| Tema (malinaw; galing sa teksto; ginamit sa balangkas) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Balangkas (batay sa tema; maayos na pagkakasunod-sunod) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Mga Katotohanan (tiyak at angkop) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Pagiging Malikhain (bagong ideya at mga diskarte) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Aplikasyon (naaangkop at malinaw) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Kalinisan (nababasa; may pagkakakilanlan sa mga pangunahing puntos) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Kumpleto (kumpleto ang pagkasulat o binuod) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| **Presentasyon** | | | | | |
| Pasimula (maikli; interes; motibasyon) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Transisyon (maayos na lumilipat mula sa isang punto patungo sa kasunod) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Paggamit ng Kasulatan (sumusuportang Kasulatan, ilustrasyon) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Paggamit ng mga Istatistiko, Kuwento & Ilustrasyon (malinaw, napapanahon) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Paggamit ng Pagpapatawa (naaangkop) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Kasanayan ng Nilalaman (tiwala sa sarili) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Pagtingin sa Mata ng Tagapakinig (regular) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Paggamitang Biswal (naaangkop) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Oras na Ginamit (matalinong paggamit ng oras) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Konklusyon (nagpapatibay sa tema; may aplikasyon) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| **Presensiya (Personalidad at Expression)** | | | | | |
| Ugali (tiwala sa sarili, humihingi ng paumanhin, masigasig; nininerbiyos) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Boses at Bilis ng Pagsasalita (malinaw; naririnig) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Wikang ginamit (naaangkop sa tagapakinig) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Kasanayan sa pagsasalita (pagbigkas; malayang paggamit ng mga salita) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Hitsura/Pananamit (maayos, malinis, naaangkop) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Ekspresyon ng Mukha (angkop sa tema) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| **Partisipasyon (mula sa tagapakinig)** | | | | | |
| Komunikasyong Pasalita (mga ‘amen’, pagtawa, pag-ungol) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| Hindi Pasalitang Komuniksyon (pagngiti, paghikab, inip na hitsura) | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |

**Mga Dagdag na Listahan:**

**Kabuuang Marka:** _________ **Pangalan ng Nagsuri:**______________________

# Mga Prinsipyo ng Komunikasyon
# Form Para sa Pagtatala ng Takdang-leksyon

Pangalan ng Mag-aaral ___________________________________

| Aralin | Pagsusulit | Takdang Aralin 1 | Takdang Aralin 2 |
|---|---|---|---|
| 1 | | | |
| 2 | | | |
| 3 | | | |
| 4 | | | |
| 5 | | | |
| 6 | | | |
| 7 | | | |
| 8 | | | |
| 9 | | | |
| 10 | | | |